Ausländer

mga danas sa Alemanya

Al Joseph Lumen

Inilathala ni Al Joseph Academia Lumen
sa tulong ng

Sanctum Press
Facebook: /officialsanctum
Email: sanctumpressinc@gmail.com

AUSLÄNDER
MGA DANAS SA ALEMANYA
Karapatang-ari © 2023 ni **Al Joseph Academia Lumen**
aljosephlumen@gmail.com
aljosephlumen.com

Likhang-sining ng Pabalat mula kay **Isla S. Lumen**
Disenyo ng Pabalat mula kay
Trisha Jam DC. Cedeño
In-edit ni **Wilmor Pacay III**

ISBN 978-621-96816-0-5

Unang limbag, **Hulyo 2023**

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN.
Sarili ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ng may-akda. Anumang bahagi ay hindi maaaring kopyahin ninuman sa anumang anyo at paraan ng paglilimbag, maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa may hawak ng karapatang-ari o kailangan gamitin sa pagsusuri at pananaliksik pang-akademya.

h-Heine-Allee
Kurzzug

Para kay Samantha

Marikina City

July 14, 2023

Wie geht's?: Ilang Tala Ukol sa *Ausländer: mga danas sa Alemanya* ni Al Joseph A. Lumen

ni

Ricky C. Ornopia

Ngayon taon ang ika-isangdaan at limampung taon ng pagkakalimbag ng aklat ni Fedor Jagor na *Reisen in den Philippinen* sa Berlin noong 1873. Naglalaman ito ng mga datos ukol sa kanyang obserbasyon at pagsusuri ukol sa kalagayan ng Pilipinas sang-ayon sa lente ng isang Aleman noong ikalabing-siyam na siglo.

Nagkataon namang ngayong taon din ilalabas ang *Ausländer: mga danas sa Alemanya* ni Lumen. Pangatlo na ang aklat na ito sa kanyang mga nailimbag na aklat sa wikang Filipino sa Pilipinas. Naglalaman ang *Ausländer* ng iba't ibang emosyon, pagmumuni-muni, paggunita't paglimot, mga pagkalupig at tagumpay mula sa bansang Pilipinas hanggang sa bansang Alemanya. Ipinapakilala ni Lumen ang kanyang sarili bilang isang bana, anak, manugang, ama, manggagawang Filipino at migranteng kritikal sa mga usaping panlipunan.

Inililibot tayo ni Lumen sa bansang Alemanya kaalinsabay ng paglalim niya sa pag-unawa sa kasaysayan ng kanyang sarili at bansang pinagmulan. Ganito rin ang pagtatangka ng *I Saw The Rise and Fall of the Berlin Wall* ni Hermogenes E. Bacareza na nailimbag noong 2003. Ngunit kaiba sa aklat ni Bacareza na sa introduksiyon at kongklusyon lamang gumamit ng unang panauhan sa kanyang obra samantalang unang panauhan naman ang ginamit ni Lumen sa lahat ng kanyang mga sanaysay. Mas matatamasa ng mambabasa ang mga nginunguyang mga impormasyon at karanasan na mayroong kinalaman

sa kanyang buhay at ugnayan ng Pilipinas at bansang Alemanya.

Mapapansin ang paggamit niya ng wikang Aleman sa pamagat: *Ausländer.* Dayuhan, taga-labas o taong-labas, at hindi lokal o hindi tubo sa isang tiyak na lugar o espasyo ang mga maaring salin ng katagang ito sa wikang Filipino. Mahihiwatigan agad kung paano inilulugar ng awtor ang kanyang sarili sa kung saang espasyo siya sa kasalukuyan. Isa rin itong hudyat kung saan nakalugar na konteksto ang nilalaman ng aklat.

Malaking adbentahe na gamay ng awtor ang kanyang sariling wika upang paganahin ang mga pandama ng magbabasa. Di maiwasang maipares ang aklat ni Lumen sa librong *Kwentong Tambay: mga kwento ng isang Overseas Filipino Worker* ni Nicanor David Jr. na nalimbag noong 2006 dahil naglalaman din ito ng mga salaysay at kuwento ng isang Pilipinong nangibang bansa upang ikalakal ang kanyang lakas-paggawa sa mas mataas na sahod, tumatanaw na tatamasa ng kaginhawaan at mas mainam na serbisyong panlipunan.

Magkawangis ang kanilang himig at diksiyon sa kanilang mga aklat. Parehas din silang nangailangang mamuhunan at gamayin ang wikang dayuhan upang bumukas ang iba pang mga oportunidad at makasabay sa paglako ng kanilang sariling lakas-paggawa sa pandaigdigang merkado. Palipat-lipat ng mga pinapasukang trabaho at palaging tumataya sa mas magandang posibilidad.

Ang *Ausländer: mga danas sa Alemanya* ay isang testamento ng Kosmopolitanisasyon ng isang awtor-migrante-manggagawang Filipino na nasa bansa kung saan naimbento ang de-makinang imprentahan at kung saan naisulat ang aklat na *Das Kapital*.

Los geht's!

Katangi-tanging boses sa kontemporanyong panitikang Filipino ang taglay ng mananaysay at kuwentistang si Al. Mayroong isang sanaysay sa aklat na ukol sa pagkuha ng pagsusulit na magsesertipika sa kaniyang kakayahang makaintindi at makapagsalita ng Deutsch upang payagan magtrabaho sa Alemanya. May engkuwentro, tagisan, at negosasyon ng iba't ibang mga wikang ginagawaran ng magkakaibang antas ng pagpapahalaga sa globalisadong daigdig: Tagalog Cavite, Binisaya, Ingles (na siyang global na lingua franca), at Aleman na sinasalita ng Aleman mismo o ng mga migranteng katulad ni Al. Ang lahat ay pinangingibabawan ng malawakang penomenon ng pagdaloy ng lakas-paggawa mula Global South papunta sa mayayamang bansang Europeo, sa Canada, at Estados Unidos.

Vincent Christopher Santiago

Instruktor, UP Departamento ng Linggwistiks

Napapanahon ang ganitong mga dokumentasyon sa mga danas ng mga Pilipinong manggagawa na nangingibang bayan. Sa harap ng galaw ng pandaigdigang kapital, gyerang proxy, sa pagitan ng mga puwersa ng teknolohiya at terorismo, nailulugar ng sentimyento ng manggagawa ang tila napag-iiwanan nang konsepto ng pagiging tao. Habang papaigting nang papaigting ang digitalisasyon na tumatapak sa pagiging tao dahil sa mga hakbang ng pagsulong lalo ng teknolohiya para lumikha ng higit na tubo, kontra-aspekto ang pagsasaliksik sa kaibuturan ng mga suliranin ng mga manggagawa bilang natitirang representante ng pagiging tao/humanistiko. Sa mga bayan tulad ng Alemanya na nakadepende sa dayuhang

paggawa, lumalaki ang nagiging papel ng manggagawang Pilipino sa mga usapin ng ugnayang panlabas kung papaano ilulugar ang mga saloobin bilang mga malay na subhetibong kondisyon laban sa obhetibong puwersa ng kapital. Isang paraan ang ganitong mga akda, ang hayaang magsalita ang kamalayan ng paggawa at manggagawa.

Lem Magaling

Ph.D. researcher, Bonn International Graduate School-Oriental and Asian Studies, Universität Bonn

ALTENHEIM

FAKE IT TILL YOU MAKE IT

Unang araw bilang *caregiver* sa Germany nagtutubig ang mga palad ko. Salat ako sa karanasan sa pag-aalaga ng matanda at bago pa lang ako nag-aaral ng wikang Aleman, sino ang hindi kakabahan? Sabi sa 'kin ni Arlene, "Laksan mo lang loob mo, *babe*, kaya mo 'yan. Kung hindi mo alam, *ask then*."

Hamon sa akin ang trabaho lalong-lalo na ang wika. Paano ko tatanungin ang katrabaho kong Aleman kung hindi ko alam kung pa'no itatanong sa kaniyang wika? Panay tango lang ako, naalala ko nun.

Pagdating ko sa trabaho ay agad kong hinanap ang *coffee machine*. Narinig ko sa kuwentuhan ng mga kaibigang *nurse* na nagkakape sila tuwing umaga habang nag-u-*übergabe*. Dito iniuulat ng mga panggabi ang mga nangyari sa mga papasok sa umaga. Mabagal ang lakad ko papasok ng *meeting room*. Dinig ko ang mga boses nila. Nakakataranta. Pagpasok ko, nginitian ko sila at binati, "*Guten Morgen!*" Nakatitig silang lahat sa 'kin. Kahit anong mangyari, ayokong ipakitang kaya nila akong kainin nang buhay.

Saglit lang at nagsimula na ang *übergabe*. Sa puntong 'yun, naitanong ko sa aking sarili kung tama bang nandito ako. Kaya ko ba ang gagawin ko? Piga ko ang utak ko na maintindihan ang pinag-uusapan nila sa wikang Aleman, pero kahit konteksto man lang ay bigo ako. Nang tumayo sila ay tumayo na rin ako. Kaniya-kaniya silang punta sa kani-kanilang mga gawain. 'Yung iba nagyosi. 'Yung isa umupo sa *computer*. Wala man lang nagsabi sa 'kin kung ano ang gagawin. Gusto ko sanang sabihin, "*Hello*, tao po ako!"

Kaya ang ginawa ko, tinawagan ko si Arlene, "*Babe*, anong gagawin ko? Wala naman nagtuturo sa 'kin dito, e." Payo niya, isa-isahin ko raw ang mga kuwarto ng mga pasyente. Linisan ko isa-isa. Palitan ang kanilang mga *diaper*. Palitan ng malinis na damit at dalhin sa lamesa para

sa kanilang agahan.

Sa ganitong pagkakataon, ikaw lang talaga ang tutulong sa sarili mo. Sa pagkakataong walang magtuturo sa 'yo, lalabas at lalabas ang pontensiyal mo.

Sabihin mo nagyayabang ako ha, pero sa tuwing binabalikan ko nabibilib ako sa sarili ko. Bakit? 'Yung matandang hindi na nakakatayo na triple ang bigat sa 'kin ay nailipat ko galing sa kaniyang kama patungong *wheelchair*. Ang lakas ko, 'di ba? Pero hindi, kaba ang tawag dun. Dalawang linggo na yata ako nun nang malaman ni Arlene ang ginagawa ko. Sabi niya, "Bakit mo binubuhat mag-isa si Frau Gertisch? Hindi mo ba alam tatlo nagbubuhat sa kaniya? 'Yung likod mo, Aljo, naku!" Simula nang malaman ko 'yun hindi ko na muling mabuhat nang mag-isa si Frau Gertisch. Nagpapatulong na 'ko sa iba.

Noong nasa *BPO* pa ako, isa sa mga palaging ipinapayo sa amin ay *fake it till you make it*. Hindi ko kuha kung anong ibig sabihin nito. Magpapanggap ba akong ibang tao? Magpanggap na may alam kahit wala naman? Totoo naman, nagpanggap akong marunong magbutingting kahit binabasa lang naman talaga ang *step-by-step instructions* ng *internet troubleshooting* sa aking *computer screen* (na makikita rin naman ng *customer* sa sarili niyang *manual*). Nilagyan ko lang ng konting *drama* na kunwari nahihirapan ako sa pag-aayos ng kaniyang *connection*. Tuwang-tuwa naman tuwing nasusolusyunan ko ang kanilang mga problema.

Sa isang tagpo naman na may tumawag kung paano i-*turn on* ang kaniyang *Motorolla Razr* na noon ay *luxury phone*.

"*Mr. Brown, what color do you have?*"

"*I've got the black one.*"

"*That's cool, mine is red. Let me turn this off, so we can turn on our phone together.*"

Lang 'ya, *Nokia 3210* lang talaga ang *cellphone* ko na

may *30 pesos load*. Pudpod na nga ang *keypad* kaka-*unli register*.

Isang beses ay naimbitahan ako. Sagot ko sa nag-imbita sa akin, “Hindi po ako nag-i-*spoken poetry, ma‘am*, may kakilala po ako *forward* ko po sa inyo ang *FB account*.”

“Hindi po kayo mag-*spoken poetry*, kahit mag-*talk* lang po kayo sa mga sinusulat niyo.”

Pagdating ko dun, “Kayo po ang susunod, sir, mag-*spoken poetry*.”

Para akong binuhusan ng malamig na tubig. *Journalism* ang *topic* ng *event* tapos *spoken poetry*? Madaming tao, *University Week* pala nila. Hinuhuli ko ng tingin ’yung titser na kausap ko, parang gusto kong kutusan, *one-time* lang. Sinabi ko na ngang hindi ako nag-i-*spoken-spoken* na ’yan, e. Wala na ’kong nagawa, imbento-imbento na lang. Nakakatawa gagi. Tuwing naaalala ko, hiya pa rin ako hanggang ngayon. Napasubo na, e. May magagawa pa ba ’ko? *Confident* pa rin naman kahit mukhang tanga. At ’yan ang ayaw ko, ’yung tanga tapos *confident* pa, nakakamatay kaya ’yun. Masama pa dun, nagpalakpakan pa ang mga manonood pagkatapos. Ewan ko ba, nilagyan ko lang ng sakit-sakit at puso-puso sumaya naman sila.

Sa tingin ko lang ha, sa atin lang, kinursunada ako ng titser dahil wala akong *talent fee*. Nag-*cost cutting* ata. Pagkatapos nun hindi ako lumabas ng bahay, mga isang linggo.

Si Chaka Doll naman palagi ang kasama ko araw-araw. Chaka Doll ang tawag ng mga Pilipinong *nurse* kay Glenda. Kahit anong gawin ko hindi ko siya maintindihan. Kahit nang umalis na ’ko sa *Altenheim*, hindi pa rin kami nagkakaintindihan. Nagkakaunawaan kami minsan tuwing may iniuutos siya at minumuwestra ng kaniyang kamay. Linisin ko raw ang sugat sa binti ng pasyente sa *Room 102*, at pagkatapos palitan ko ng bagong benda. Huling nagbenda ako ay noong *Boy Scout summer camp* sa elementarya, kahit hindi ko alam. Tango lang ako. Lahat ng

utos niya *ja* lang ako nang *ja*. Ibig sabihin ng *ja* sa Aleman ay *yes*. Oo lang ako nang oo. Kaya siguro paborito niya 'kong utusan. Sa lahat ng utos niya, aprub naman siya nang aprub.

Hindi ko alam pa'no ko nagagawa. Pinipeke ko lang. May pagkakataong nagalit siya. Pinabubukas niya ang *sauerstoff* ng isang pasyente. Dun niya 'ko nahuling nagpapanggap lang.

Pinagalitan ako ng pasyente, ano raw ang ginagawa ko. Bakit hindi ko raw mabuksan ang *oxygen* niya. Ano raw ba ang pinipindot ko. Sabi niya, *"Denkst du! Denkst du!*" Nagpanting ang tainga ko. Parang gusto kong itulak 'yung matanda sa kinahihigaan niya. Kumbaga sa 'tin, "Gamitin mo kaya ang utak mo!" Kahit ayaw ko, tinawagan ko si Chaka Doll gamit ang aming radyo, "*Hallo, kannst du mir bitte helfen*?"

"*Mit was*?"

"*Mit Sauerkraut.*"

Tinuruan niya 'ko. Ang haba-haba ng sinabi niya at dahil mahina ako sa Deutsch, hindi ko maintindihan.

Tinanong ako ni Chaka Doll bago siya umalis, "*Hast du verstanden?*"

Naintindihan ko raw ba. Sumagot ako, "*Ja.*"

Kinalikot ko na naman. Lalong nagalit 'yung matanda. Malakas na ang boses, *"DENKST DU!*"

Ginawa ko ang lahat. Suko na 'ko. Labag man sa loob ko ay tinawagan ko uli si Chaka Doll.

"*Hallo, entschuldigung, ich weiß nicht Sauerkraut open ahhhmm . . . turn on.*"

Dinig ko ang lakad ni Chaka Doll, mabigat ang mga paa. Padabog niyang pinagpipindot ang *breathing machine*.

Tumingin siya sa 'kin, pinagagalitan ako. *Tag team* pa sila nung pasyente. May sinasabi si Chaka Doll, *sauerkraut* daw tapos *sauerstoff.* Hindi ko maintindihan.

Pagkauwi ng bahay sabi ni Arlene, “Pinagalitan ka ni Chaka Doll, ’no?” ’Yung tanong niya parang nang-aasar. Nag-*message* si Chaka Doll sa kaniya, mag-aral daw akong mag-Deutsch. At kung hindi ko alam huwag ko raw sabihing alam ko, maaari ko namang sabihing hindi ko alam.

Galit-galitan ako sa bahay, mataas ang boses ko, “Malay ko ba dun sa *sauerkraut*, bakit kasi ang daming pinipindot!”

Dagdag pa ni Arlene, natatawa raw sa akin si Chaka Doll dahil *sauerkraut* ako nang *sauerkraut*. Ipinakita sa akin ni Arlene ang *sauerkraut*.

“*Babe*, ito ang sauerkraut, ito naman ang *sauerstoff*.”

Atsara pala ang *sauerkraut* at *oxygen machine* naman ang *sauerstoff*. Malay ko ba. Katagalan, pakitang gilas ako kay Chaka Doll. Gusto ko mapansin niyang gumagaling na ’ko mag-Deutsch.

Pina-*practice* ko ang aking Deutsch kay Herr Bader tuwing nililinisan ko siya. Siya ’yung pasyente namin na may malaking betlog. Masaya ako sa taong ’yun dahil palaging nakangiti sa ’kin at magaan kakuwentuhan.

Kakatok ako sa pinto niya, “*Guten Morgen Herr Bader!*”

“*Guten Morgen!*”

Tatanungin ko kung maayos ba ang tulog niya.

“*Haben Sie gut geschlafen*?”

Sasagot naman siya, “*Ja!*”

“*Haben Sie gut geträumt?*”

Oo naman daw, maganda naman ang panaginip niya.

Walang palya ’yun, tuwing umaga may malaking tae sa *diaper* niya. Parang tae ng kalabaw sa bukid.

Bago ko linisan, tatanungin ko muna kung dumumi na siya kahit amoy ko namang meron.

“*Bist du Stuhl*?”

Tatango naman siya nang nakangiti.

Araw-araw 'yun, "*Bist du Stuhl*?"

Pakiramdam ko tuwing kausap ko si Herr Bader ang galing-galing kong mag-Deutsch.

Narinig ni Rochel, kasama kong Pinay. Tawa nang tawa. Pumasok siya sa kuwarto ni Herr Bader.

"*Anong bist du stuhl*? Kapag narinig ka na naman ni Chaka Doll pagagalitan ka na naman nun."

"E bakit, tinatanong ko lang naman kung umuu na siya."

"Mali kasi. Ang 'bist du stuhl' ang ibig sabihin nun, tae ka ba?"

Nakatitig lang sa aming dalawa 'yung matanda habang pinupuno namin ng halakhak ang buong kuwarto.

MAY NALISAN

Kahapon, unang beses kong mamatayan ng pasyente. Ibong dumapo sa akin ang mga alaala ko nina Lolo Mike at Lolo David na naikuwento ko sa isa kong libro.

Ang kasama kong *nurse* na Pinay, eh, *first time* din niya. Dalawa kaming hindi alam ang gagawin. Bago pa man ito, sinabi na sa akin ni Arlene na pinabisita na ang mga kamag-anak ni Frau Zimmerman. Parang nagpapaalam na ang mga kamag-anak sa matanda. Inihahanda na. Binigyan din daw nila ng *morphine*. Nagulat ako.

"*Morphine*? Pangmalakasan 'yun ha, pang-*cancer*," sabi ko.

Lumobo raw kasi ang pigi ni Frau Zimmerman at pumutok. Naglabasan ang tubig na naipon. Ihi raw 'yon sabi ni Arlene na naimbak sa pigi, 'yung parteng malapit sa pekpek. Kaya nong pinakain ko siya isang araw, eh, ang baho-baho ng buong kuwarto. Binuksan ko na lang ang bintana.

Hindi ko makalimutan 'yung matandang 'yun. Isa siya sa mga inalagaan ko noong unang araw ko sa trabaho. Hindi na rin siya nakakatayo nun, maghapon na lang na nakahiga. Tinuruan ako ng isang *nurse* na Aleman; hindi ko man maintindihan ang sinasabi niya ay ipinakita naman niya sa galaw. Tuwing umaga raw, ang almusal ni Frau Zimmerman ay tinapay at isasawsaw sa kape. Bigyan din daw siya ng tsokolate. Palagi itong hinihingi ni Frau Zimmerman, "*Schokolade, Schokolade, eine Schokolade*." Sa ilalim ng kabinet niya nakalagay ang mga tsokolate. Iba't ibang klase. Kung minsan, nakakatuksong kumuha.

Kuwento ni Arlene, dati raw maayos pa si Frau Zimmerman, nakakalakad, at nakakausap. Naikuwento pa nga niya rito na kukunin niya ang kaniyang pamilya. Sabi pa ni Frau Zimmerman na 'pag nakuha na kami at nasa Germany na si Isla ay dalhin sa kaniya at bibigyan niya

ito ng tsokolate. Hindi na rin nangyari. Nahulog kasi isang beses si Frau Zimmerman. Dinala sa ospital. Pagkatapos ng halos isang buwan, bumalik, lantang gulay na.

“Mataba dati ’yun, *babe*, nagulat nga ’ko pagbalik ang payat-payat,” sabi ni Arlene.

Kaya nung unang araw ko, laking kaba ko dahil nakakatakot na siyang galawin. Parang konting maling hakbang mo lang ay ikaw pa ang dahilan ng kaniyang pagkatigok.

Kung isang ordinaryong matandang Pilipino lang si Frau Zimmerman, malamang, matagal na ’yung patay. Hindi na makakabalik. May mga pera lang naman ang humahaba ang buhay. Mahal kasi ang mga gamot. Nakakapanghinayang nga, eh, dahil kanina nakita kong inilalagay sa karton ang mga gamot niya. Itatapon na raw. Sa isip-isip ko, tang’na sayang, ibigay niyo na lang sa Pilipinas. Ang daming nangangailangan. Ang mamahal pa naman ng mga gamot niya at mamahalin ang mga tatak. Nakakapanghinayang na itatapon lang.

Nang sumabog ang pigi niya, dapat ooperahan pero sabi ng doktor, para saan pa, eh, matanda na. Hindi na rin kakayanin ang operasyon. Dun din naman ang tuloy niya, kamatayan. Nasa *80 plus* na yata si Frau Zimmerman.

Kahapon, si Rochel ang kasama ko. Taga-Zamboanga. Marunong mag-Chavacano. Sabi niya, “Aljo, malakas pa ’to, itatawid natin hanggang bukas.”

Iba na ang paghinga ni Frau Zimmerman, parang may nakabara sa lalamunan. Parang plema. Eh, hindi pa naman puwedeng basta-basta mag-*suction* sa Germany. Itatawag mo pa sa doktor. At malamang hindi na rin iintindihin, dahil para saan pa nga? Ang ginawa na lang namin ay itinaas ang ulo niya, para hindi naman siya malunod sa sarili niyang plema.

Kinausap ni Rochel, “Frau Zimmerman, *alles gut*?” Tinanong ni Rochel si Frau Zimmerman kung okay pa ba siya.

Hindi sumagot.

Ako naman, "*Möchten Sie eine stuck Schokolade essen*?" Tinanong ko naman kung gusto ba niya ng tsokolate.

Hindi pa rin sumagot. Hingang malalim lang na may kasamang plema.

Check kami ng *blood pressure*.

Si Rochel, "Huwag lang talaga mamatay sa 'tin 'to dahil mato-*toxic* tayo."

Ngiti lang ako.

Maya-maya ay binalikan namin si Frau Zimmerman, sa loob ko, parang ang tahimik ata. Pagsilip namin, parang hindi na humihinga pero nakadilat. Hindi ko naman alam, parang tanga, biglang tumayo balahibo ko at nagtakbuhan kaming dalawa ni Rochel palabas ng kuwarto.

"Gago ka, Aljo, natakot ako. Balikan natin, patay na ata."

Hindi ako sumagot. Tumatawa lang ako pero ang totoo kinakabahan ako. Kumuha ako ng *gloves* at binalikan namin.

Pagbalik. Sinilip uli namin. Tiningnan ang pulso. Wala nang pulso.

Nagkatinginan kaming dalawa ni Rochel. Mata sa mata.

'Yung oras na 'yun, isa lang ang naramdaman ko. Dun ko lang naramdaman ang kakaibang katahimikan. Hindi maipaliwanag. Naririnig mo ang mga ibon sa labas. Naririnig mo ang palabas sa *TV*. Ang daldalan ng mga tao. Pero may kung anong katahimikan. Na kahit maingay ay ang tahi-tahimik.

Bulong ko sa sarili, "May nalisan."

FLEISSIG

Sanayan lang araw-araw. Nakasanayan ko na rin ang mga gawain. Paulit-ulit lang naman din. Sa umaga gigising ako ng alas-singko, maliligo o kung minsan hindi na, punas-punas na lang solb na. Kahit kasi may *heater* ang tubig namin nakakatamad maligo. Lalo na ngayon nabagsak ang yelo, dahilan kaya hindi ako pinagpapawisan. Hindi kagaya sa 'tin, hindi ka pa nalabas ng bahay ay malagkit ka pa sa kakanin. Wala, eh, gano'n talaga. Gaya ng tirahan namin sa Cavite, akala mo nakatirik sa tumbong ni Satanas, hindi ka pa naliligo, eh, para ka nang nag-*swimming*.

Sa 'kin naman nilalakad ko lang. Sampu o kinse minutos na lakaran mula sa 'ming tinitirhan patungong *Altenheim*. Alas-sais ang simula ng trabaho ko pero napasok ako nang maaga dahil mas gusto kong nauuna. Kape-kape muna, *relax-relax* lang, *chill*, pagkatapos ng *übergabe* bakbakan na. Simula agad ako ng trabaho kaya sabi sa 'min masipag daw ang mga Pinoy. Dun ko unang narinig ang salitang "*Fleißig*." Masipag. Sabi sa 'kin ni Chaka Doll, "*Du bist Fleißig, sehr gut.*"

Pa'no nila hindi sasabihin 'yun, eh, palaging nausok ang kanilang mga bunganga't mga ilong. Bago pumasok ng trabaho, yosi. Bago magtrabaho, yosi. A*fter an hour*, yosi. Napagod nang kaunti, yosi. Mas madalas ko pa silang makitang nagyoyosi kaysa nagtatrabaho. Sa *BPO*, lakas ko rin magsuba. Tuwing *break*, o may oras ay magyoyosi ako. Mataas kasi ang *stress levels* sa *BPO*. Ikaw ba naman magtrabaho sa gabi at ayusin ang problema ng mga *customer* na kadalasan kapabayaan din naman ng kompanyang nire-*represent* mo ay talagang maii-*stress* ka.

Kung minsan naisip ko baka iniisahan kami ng mga 'to o baka naman mahilig lang talaga silang manigarilyo. Dahil malamig sa kanila? O baka dahil *stressful* din talaga ang mag-alaga ng matanda. Pansin ko pa nga, konting *toxic* sa trabaho nakakunot na ang mga noo. 'Yung kunot-noo na tila pasan nila ang bigat ng mundo. Kaya sa tuwing sila'y may

kasamang Pinoy nagaan ang trabaho nila. Huwag lang nila makakasabay asawa ko. Aleman ka man o kagaya naming *Ausländer,* pantay dapat ang trabaho. Parehas lang tayong pinapasuweldo. 'Yung iba, kahit sobra na ang gawain hindi nagsasalita, basta walang kaaway, walang kagalit, ayos na sa kanila.

Sabi ni Arlene habang papasok kami sa isang *restaurant*,

"Ngiti-ngiti ka diyan, sinong nginingitian mo?"

"'Yung katrabaho natin, si Fiona, nakita ko."

Hindi ko na maalala kung sino ang nagpakana na tawagin namin siyang Tiya Pusit. Matangkad na babae, malaki ang pangangatawan at pansinin ang mga *tattoo* lalo na ang malaking mata sa kaniyang dibdib. Mayroon din siyang hikaw sa ilong na karamihan ng mga babae sa lugar namin kung hindi hikaw sa ilong ay may hikaw sa kilay.

"Nagkatarayan kami niyan dati, *babe*," sabi ni Arlene.

Sagot ko, "Mabait naman, ah, nakakabiruan ko nga 'yan."

Kay Tiya Pusit kasi ako madalas magpatulong na maglipat ng mga malalaking pasyente sa kanilang *wheelchair*. Turo niya, gamitin ko palagi ang lakas ng aking mga binti at mga paa at huwag ang likuran.

Baka kaya mabait sa 'kin si Tiya Pusit ay dahil alam na asawa ko si Arlene.

Noong una, pinagbibigyan ni Arlene si Tiya Pusit. Napapansin niya kasi na ginugulangan siya nito. Gagawa si Tiya Pusit ng dalawa o tatlong pasyente pagkatapos uupo na sa hardin, kakape, naka-*cellphone*, nagyoyosi. Isang beses kinumpronta niya. "Tapos ka na? Baka gusto mo 'kong tulungan sa iba, marami pa akong gagawin." Nagulat si Tiya Pusit, diretso mag-Deutsch si Arlene. Agad tumayo at nagtrabaho.

Alam mo, ang tao, kung minsan mapang-abuso, inaabuso natin ang kasipagan ng tao. Tayo namang mga

Pinoy, nalaban dahil ayaw natin nang nalalamangan. Bakit ka matatakot lumaban kung nasa tama ka naman?

May isang pangyayari, tinanong kung sino ang gumawa sa pasyenteng may *dementia*. Hindi maayos ang pagkakahiga, delikado ang puwesto niya sa kama, at konting galaw puwedeng mahulog. Ang *diaper* na may tae iniwanan lang sa sahig at may mga tulo ng dumi ng tao sa sahig. Ang baho ng kuwarto. Ang panghi ng matanda. Hindi rin pinalitan ng pantulog. Hindi man lang din kinumutan. Binalahura ang paggawa. Pag-uwi ni Arlene,

“Ikaw ba gumawa kay Frau Fischer?”

“Hindi, bakit?”

“Sabi nung isa, ikaw raw?”

“*Babe*, alam mo ang trabaho ’ko, alam mo ang alaga ko sa mga matatanda, bakit ko gagawin ’yun?”

Galit na galit si Arlene.

Kinabukasan, sa mahinahon kong salita ay kinausap ko ’yung katrabaho kong Aleman. Sabi ko sa kasama kong Pinay, “Samahan mo ’ko, kakausapin ko si Ana.”

Sa baliko kong Deutsch nagkaintindihan kami. Itinuro ko siya, “*Du . . .*”

Pinapanood kami ng iba. Nakikiusi.

“Was?”

“Du macht Frau Fischer gestern, ja?”

Nanginginig siyang sumagot, *“Ja, habe ich ihr gemacht . . .*”

Oo, siya ang gumawa sa matanda kahapon. Tinanong ko kung bakit niya sinabing ako ang may gawa nun, mata sa mata, *“Ahm . . . warum du sagt . . . ahm . . . ich mache Frau Fischer?*”

Namula ang mukha ni Ana. Kita ko sa mga mata ang luha. Nanginginig. Agad kong hinawakan ang braso niya at niyakap ko siya. Idinampi ko nang marahan ang labi ko sa ulo niya, *“Das okay, alles gut.*”

Nag-*sorry* siya sa 'kin pagkatapos.

"Sinungaling talaga 'yung babaeng 'yun, *Lügnerin* talaga!" Galit na galit si Arlene.

Hiyang-hiya si Arlene sa *meeting* dahil ako ang *topic* ng mga tao. Bakit daw gano'n ang trabaho ko? Bakit ko raw ginawa 'yun sa matanda? Sinabihan pa siya na pagsabihan ako at 'pag ginawa ko uli ay tatanggalin ako sa trabaho.

"Alam mo, *babe*, kinausap ko pa 'yan si Ana pagkatapos ng *meeting* sabi ko pasensiya ka na kay Aljo ha, hindi pa kasi siya marunong."

Sabi ko, "Hayaan mo na 'yun, basta alam na nila hindi ako 'yun."

Naiintindihan ko si Ana. Alam ko ang katayuan niya. Eh, pa'no ba naman 'yung may mataas na katungkulan ang nakakita sa matanda. Kahit siguro ako ang nasa posisyon ni Ana, magsisinungaling ako at maiihi pa.

Kinabukasan, ipinatawag si Ana at kinausap. Masaya naman akong hindi siya tinanggal. Simula nun, palagi siyang may ngiti tuwing nagkakasalubong kaming dalawa.

Kausap ko ang may-ari ng isang *recruitment agency*, sabi niya sa 'kin, "*You know what, Joseph, Filipinos are hardworking and brave, they have a lot of opportunities here in Germany if they want to. There is a lot of work here; the problem is the language. German is really hard to learn. If you will work here, you should know the language. How will you defend yourself, right? You will surely be abused under your contract."*

Tama siya, paano mo nga naman ilalaban ang sariling karapatan. Kahit sa atin na lang, sa bansa natin, huwag na tayong lumayo, maraming mga manggagawa natin ang hindi alam ang kanilang karapatan. Ang nangyayari, naaabuso, inaabuso. Maraming kuwento ang naisulat tungkol diyan. Naibalita at hanggang ngayon patuloy nilang inilalaban. Sa anong wika ba nakasulat ang karapatan nating mga Pilipino?

MASKE TRAGEN

May pinuntahan kaming ospital noon ni Arlene sa Düsseldorf. Karamihan sa mga nagtatrabaho, Pinoy. Mataas ang tingin nila sa ating mga Pilipino lalo na ang mga *medical professional*. *Examinierte* nga ang bansag ng ilang Aleman sa mga *nurse* natin.

Kapag Pinoy ka, alam nilang magaling kang magtrabaho. Nakakataas ng dignidad. Ang sarap maging Pilipino sa bansang pinapahalagahan ka.

Simula nang pumasok at lumala ang *COVID-19* sa Pinas at sa Deutschland, itinigil ko na muna ang pagsusulat ng sanaysay. Nagtatago na lang ako ng mga *note* ng mga ganap dito na puwede kong gawing materyal. Mga kuwento namin ng asawa ko bilang mga *frontliner* sa Germany. Siya bilang *nurse* at ako bilang *caregiver*. Pati na rin ng mga kababayang araw-araw nakikipagbuno sa *invisible* na sakit.

Pagbabasa ang ginagawa ko. Hindi lang ng libro kundi ng hirap ng mga tao. Inilalagay ang sarili sa mga kalagayan nila.

Linggo ngayon, araw ng pagkabuhay ni Hesus. Bagong pag-asa ito para sa nakararami. Bagong laban. Bagong buhay. Bago para sa lahat. Sa paghahanap ng materyal sa isinusulat na sanaysay, natagpuan ko ang isang litrato—litrato ng mga *nurse* na dumating sa *HELIOS Hospital* ng Hünfeld noong 1972.

Dahil sa *intergovermental agreement* ng dalawang bansa, halos 3,000 na *nurse* ang dumating noong 1969 hanggang 1973. Tulong ng Pilipinas sa *nursing shortage* ng Germany. Sinong makapagsasabi na mas kakailanganin natin sila ngayon.

Abstand, aber nicht von unserem Grundgesetz

Sa unang linggo ng *lockdown,* isang insidente ang nangyari.

Minura ng isang babaeng pasyente ang isang Pinay. Binato ng *shoulder bag,* mabuti nakailag. Nang isinumbong sa 'kin ay agad-agad akong tumungo. Akala naman ay may itutulong ako. 'Yung isang matanda kasi na si Frau Schmidt, nagwawala. Nakalayo ang dalawang Pinay sa matanda. Ewan ko ba naman kasi at naghahagikhikan pa ang dalawa kaya lalong nagagalit ang matanda.

Si Frau Schmidt, alaga ko 'yan. Palagi ako binibigyan ng pera niyan tuwing nabisita ang anak niya. Bawal tumanggap ng pera sa *heim* kaya patago niyang iniaabot sa akin.

Pagkatapos ko siyang paliguan at bihisan ay kukunin niya ang kaniyang itim na *shoulder bag*, dudukutin ang *wallet*, iaabot ang *20 euros*. Kaya tuwing may iuutos siya ay masaya akong nasunod.

Nitong buwan lang ay naghigpit na ang Germany lalo na sa mga *senior citizen*.

Dahil matanda ang inaalagaan namin at karamihan sa dinadapuan ng sakit ay mga matatanda rin ay itinigil pansamantala ang pagpapapasok ng mga bisita. Kaya maraming matatandang nabuburyo. Hindi sila sanay. Malaya kasing nakalalabas ang mga matatanda lalo na ang may lakas pa ang isip at katawan. Bakit daw sila ikinukulong? Ano raw meron? Kahit ilang beses namin ipaliwanag ay hindi naman sila naniniwala't nakikinig. Palaging sagot ay matanda na sila. Ayaw na ngang magsuot ng *mask* at nakikipag-away pa, parang mga bata na kailangan pa naming utoin. Kaya noong nagwawala si Frau Schmidt ay inuto-uto ko lang para mahimasmasan.

Pag-uwi ng bahay ay ikinuwento ko kay Arlene. Sabi ko, "Kausap-kausapin niyo 'yung mga matatanda para hindi maburyo. Wala na ngang bisita, wala pang kumakausap."

"*Babe*, sa trabaho namin wala na kaming oras makipag-usap. Mag-aayos pa kami ng mga gamot. Ayusin pa namin isa-isa ang *check-up* nila sa doktor." Sabay balik sa 'kin,

“Dapat kayong mga *helfer* ang makipag-kuwentuhan sa kanila.”

Kinabukasan tumawag sa ’kin si Arlene, “*Babe*, nawawala si Frau Schmidt!” Parang dinukot ang puso ko.

Sinuyod namin ang bawat palapag. Hinalughog namin ang buong kuwarto. Ngunit hindi pa rin namin makita ang matanda. Malakas na ang kabog sa dibdib naming mag-asawa. Hanggang tumungo kami sa *fire exit*. Sa likod ng makapal na kurtina ay may nakabukas na pinto. Namutla si Arlene. Sabi niya sa ’kin na kung may mangyari sa matanda ay pauuwiin talaga kami. Biniro ko, “Baka ikaw lang ang pauuwiin dahil sa *duty* mo nawala.”

Muntik niya akong kotongan.

Kaya lumabas kami ng *Altenheim* at sa labas naghanap. Dahil *lockdown,* sarado ang mga *restaurant* at *shop*. Saan pupunta ang matanda? Tanging mga *grocery store* lang ang bukas. Pinasok namin ang mga *grocery store*, nagtanong-tanong, at ipinakita ang litrato ni Frau Schmidt na nakatago sa *cellphone* ko. Wala man lang nakakita sa matanda. Naglakad kami pabalik. Palinga-linga ang aming mga ulo’t nagbabakasakaling mahabol ang bakas ni Frau Schmidt.

Kahit matanda na kasi ay malakas pa rin itong maglakad kumpara sa mga kasama niyang matanda sa *Altenheim*. Tinawagan namin si *Head Nurse*. Ano raw ang nangyari at bakit nawawala? Hindi masagot ni Arlene. Ang payo sa amin ay subukan naming puntahan sa bahay mismo ni Frau Schmidt.

Malaking bato na nakadagan sa aming mga dibdib ang biglang nawala nang makita naming muli si Frau Schmidt na akay-akay ng kaniyang anak. Sabi ng kaniyang anak, balak na niyang ibalik ang kaniyang nanay pero sadyang makulit ito at ayaw makinig. Pumipiglas si Frau Schmidt. Kahit ako na palaging kasama niya ay hindi siya mauto. Sa isip ko, nakakainis ’tong matandang ’to, ang sarap kurutin sa singit.

Saglit kaming bumalik ng *heim* at kumuha ng *sedative*.

Itinurok namin sa matanda.

At dahil sa nangyari, kailangan ni Frau Schmidt mag-*quarantine* sa loob ng kaniyang kuwarto. At lalong humigpit ang patakaran sa *Altenheim* pagkatapos. Dumating ang mga *testing kit*, *medical gown*, at ilang *protective gear*. Bago kami pumasok ng *Altenheim* ay kailangan naming mag-*schnell test* at mag-*check* ng *temperatur*e. Hindi na rin kami basta-basta napasok sa kuwarto ng pasyente hangga't hindi suot ang mga *protective gear*.

Scheiße! Dagdag trabaho sa lahat ang nangyari.

Kalaunan, upang mabawasan ang mga nagwawalang matanda at maiwasan ang tumataas na kaso ng depresyon ay pinahintulutan na rin ang mga bisitang kamag-anak. Maaari silang makipagkuwentuhan, makipagkumustahan, ngunit mariing ipinagbabawal ang maghawakan. May *abstand* (*distansiya*) ang bisita at ang pasyente. Isang bisita sa bawat pasyente. Sa bawat bisita at pasyente ay may nakatalagang *nurse* o *caregiver* na nakabantay. 'Yung iba namang malalayo at hindi makabiyahe dahil na rin sa ipinatupad na *regional travel ban* ay ginagamitan namin ng *Skype, WhatsApp,* o *Zoom*. Kasama na rin dito ang medikal na pagsusuri ng doktor sa kasong hindi niya kailangang tingnan nang personal ang pasyente.

Noong una ay *30 minutes* lang ang bisita, tapos naging isang oras, hanggang naging dalawa.

Sa ngayon, mayroong dalawang PUI (*Patient Under Investigation*) sa *heim*. Kababalik lang nila mula ospital kaya kailangan silang obserbahan. Panay ang paalala ko kay Arlene na mag-ingat dahil tanging sila lang na mga *nurse* ang puwedeng pumasok sa kuwarto ng mga PUI. Kami namang mga *caregiver* ang mag-oobserba sa ibang pasyente kung makikitaan ng mga sintomas. Okay sa 'kin 'yun, bawas huhugasan ng puwit. Sa ngayon, wala pa namang umuubo-ubo at hirap huminga.

Ganito ang sistema hanggang nagpasya kaming mag-asawa na lumipat ng siyudad pagkatapos makatanggap

ni Arlene ng magandang *offer* mula sa isang ospital sa Düsseldorf.

Sa Klettgau kami unang nanirahan sa Deutschland. Malapit kami sa Switzerland, na malapit din sa Austria at France. Tren lang ang pagitan namin sa mga bansang ito.

Ang Klettgau ay maliit na lugar kumpara sa Düsseldorf. Sa Klettgau kami unang tumira nang anim na buwan. Maraming puno, mga bundok, malawak na damuhan, halos magkakakilala ang mga nakatira. Kung may bagong salta, madaling mapansin at makilala. Lalo na sa pamilya namin na iba ang kutis at hitsura kaysa kanila.

Noong dumating kami sa Klettgau ay halos kaunti pa lang ang nakakaalam tungkol sa kumakalat na *COVID-19*. Ang balitang alam ng mga kasama namin sa trabaho ay ang pagputok ng bulkang Taal. Wala pa ang *virus* naka-*mask* na ang mga nakatira sa Batangas at Cavite. Tumaas na rin ang presyo ng *medical mask*. Ang dating ₱25-₱30 na N95 *facemask* naging ₱200 bawat isa. At simula nang pumutok ang Taal, hindi na tayo muling nagtanggal ng *mask*. Nadagdagan pa 'to ng *faceshield*, dahilan upang hindi na makita ang pangamba, pagod, at galit. Kagaya ng mga kaibigang *nurse* na nakansela ang biyahe patungong Germany para magtrabaho.

Ilang buwan pagkatapos naming umalis ng bansa ay ibinaba ang *travel ban* sa mga *health worker*. Kung naabutan kami nito, marahil hindi rin kami makalalabas ng bansa.

Wala silang magawa kundi bumalik ng trabaho sa ospital at maghintay kung kailan muling ibababa ang *travel ban* sa mga *health worker*. Magtititis na naman sila sa barya-baryang sahod.

Kanina lang, maraming natuwang Pinoy dahil sa wakas natanggap na rin ang *bonus* na ipinangako ng gobyernong Aleman para sa mga *health worker*. Para akong nabunutan ng tinik. Makapagpapadala na rin nang malaki sa 'king magulang na naiwan sa Pinas. Hindi na

kasi makapagbiyahe ng traysikel si Papa at ang kapatid ko namang *nurse* na nagtatrabaho sa DOH na halos hindi na nakakauwi sa 'min ay halos dalawang buwan nang hindi sumusuweldo. Pasalamat pa rin at naambunan sila ng ayuda ng munisipyo. Inuuna ang mga taga-gobyerno bago ang iba. Ang ikinalulungkot ko, makakaabot ba sa mas nangangailangan? Sabi ko, "Ma, huwag n'yo nang tanggapin ang ayuda dahil nagpapadala naman ako."

Sagot sa 'kin, "E, 'nak ang hirap ding makalabas. Mag-*withdraw* ka, minsan hinaharang kami ng barangay, hindi namin agad nakukuha padala mo."

Hindi na 'ko nagsalita.

Sa totoo lang, may takot ako nang lumipat kami sa Düsseldorf, lalo na at may kasama kaming bata na ayon sa mga datos na napanood namin sa balita ay maraming kaso ng mga batang nahawaan ng *COVID-19*. Iba kasi ang Düsseldorf, malaki ang lugar na 'to hindi kagaya sa Klettgau na may mababang populasyon kaya madaling ma-*organize*, planuhin at maiwasan ang pagdikit-dikit ng mga tao. Iniisip ko na lang na maganda ang *healthcare benefits* ng Deutschland. Kampante akong magkasakit dito kaysa sa bansa natin. *Healthcare benefits* kasi ang isa sa mga dahilan kaya maraming naalis ng bansa at ba't hindi na nabalik.

Sa Pinas talagang nakalulungkot lang, mamamatay ka na lang iisipin mo pa ang gastusin.

Napanood ko nga sa *YouTube* ang mga *Filipino nurse* na hindi pinayagang umalis ng bansa. Hinarang sila sa *airport*. Pinagbawalan ng gobyerno. Katabi ng babaeng mugto ang mga mata ang kaniyang mga bagahe. Nakatayo sa likod niya ang kaniyang pamilya. Kawalan ng pag-asa ang mga mukha nila. Sa mabigat at mabagal na boses kaharap ang *reporter*, "Malaki na po ang gastos namin. Ano pong papakain ko sa pamilya ko? Walang maayos na suweldo at trabaho rito sa 'tin. Sana naman po tulungan kami ni Tatay Digong."

Sa *hotel* naman na tinuluyan naming mag-asawa sa unang tungo namin ng Düsseldorf ay nakilala namin ang dalawang Pinay. Alangan pa kaming kausapin dahil sa takip na *mask* sa kanilang mga mukha. Hindi rin namin sigurado kung kabayan ba o hindi. Kapag kasi nahahalo tayo sa ibang lahi, napagkakamalan tayong Tsino, Singaporean, Taiwanese o Thailander. Nilapitan kami ng isa nang marinig kaming nag-uusap sa wikang Filipino. Kahit nakatakip ang kaniyang bibig ay kita ko sa kaniyang mga mata ang tuwa. Binigyan niya si Isla ng saging.

"Gusto mo ng *banana, baby*?"

Matagal na ang dalawa rito. Nakapangasawa sila ng Aleman. 'Yung isa, dalawang dekada na at 'yung isa naman ay maglilimang taon. Sabi ko kay Arlene, "Pasalamat pa rin tayo at hindi tayo nawawalan ng trabaho. Suwerte pa rin tayo."

Ikinuwento ng dalawa na huling araw na nila sa trabaho. Maraming magsasarang *establishment* dahil sa paparating na *strict lockdown* ng Germany. Dagdag nila, may makukuha naman silang suportang pinansiyal kahit hindi na sila nagtatrabaho. Ang tanong ay hanggang kailan. Hanggang kailan matatapos ang *lockdown*?

Sa Düsseldorf ko nakita ang masamang kalagayan ng *employment* sa Germany. Walang trabaho. Bagsak ang ekonomiya dahil sa pandemya. Ang mga dating nagtatrabaho sa opisina at *restaurants*, ngayon ay pumapadyak ng bisikleta. Nag-*part-time* ako bilang *delivery rider* at nakilala ko ang mga *rider* na kagaya ko ring *Ausländer*. Ang isa ay si Jacob, *flight attendant*, Italiano na nakapangasawa ng Aleman. Hindi raw siya makapaniwala na mawawalan siya ng trabaho sa Germany. Nag-*file* siyang *jobless* para makakuha ng *benefit* sa gobyerno kaso hindi sapat ang natatanggap niya at kailangan din pala niya 'tong bayaran sa hinaharap. Dito sa Aleman, kung wala kang trabaho,

ang gobyerno ang magbibigay sa 'yo at *delivery rider* ang inialok sa kaniya.

Kagaya ko, nag-aaral din siya ng *Deutsch language*, libreng programa ng Germany. Estudyante si Jacob sa umaga, *delivery rider* naman sa hapon. Kailangan niyang mag-aral para dumami ang *option* niya na makahanap ng ibang trabaho. Wala kasing nakaaalam kung kailan matatapos ang pandemya at kailan muling sisigla ang turismo. Kausap ko siya, *"Joseph, who can imagine the pandemic will hit like this?"* Hindi ko siya nasagot dahil kailangan na niyang maghatid ng *order*. Tinapik ko na lang ang kaniyang braso habang pumapadyak palayo buhat ang *backpack* na may lamang pagkain.

Bukod sa mga kababayang nagtatrabaho sa hotel ay nakilala rin namin ang *crew* ng isang barkong *restaurant* sa Düsseldorf. Tanong kay Isla, *"Are you a Filipino?*"

Nakipagkuwentuhan kami. Nagtanungan kung saan sila sa Pinas. Niyaya nila kami sa kanilang barko at dun namin nakilala ang ilang kababayang taga-Visayas, mayroong taga-Batangas, sa Mindoro, 'yung isa naman sa Pasay. Ang isa pa nga sa kanila na kapitan ay taga-Cavite.

"Sakay kayo sa amin, masarap ang pagkain namin dito at masaya kaming mag-*tour*," yaya sa 'min ni Kapitan. Bukod kasi sa *restaurant* nila ay may *educational tour* tungkol sa Ilog Rhine. Tiningnan ko ang presyo sa *brochure*. Sa isip ko, ang mahal ang pucha. Ngiti-ngiti kami ni Arlene.

"Balik po kami kasi wala sa *schedule* namin ngayon, pero balik talaga po kami."

'Yung mag-asawa tuwang-tuwa kay Isla. Binigyan si Isla ng mga tsokolate. Naalala raw nila ang kanilang anak. Natutuwa sa amin dahil magkakasama kami sa banyagang bansa. Isang batang pamilya.

Nang pumasok na ang istriktong *lockdown* sa Germany dahil sa biglang taas ng kaso, isa sa mga nagsara ay ang mga *restaurant* na barko. Tuwing naglalakad kami malapit sa Ilog Rhine ay nadapo sa isip ko ang mga Pilipinong

nakilala namin. Saan na kaya sila? Ano kaya naging trabaho nila? Naging okay kaya sila? Sana nasa maayos silang kalagayan.

Ito ang nagbago sa akin nang umalis ako ng bansa. Ang aking pakikipagkapwa. Gano'n pala 'yun. Kapag malayo ka, nagkakaroon ka ng sabik at pakialam sa kababayan mo. May marinig ka lang na nag-uusap sa sarili nating wika ay gusto mo nang puntahan at makipaghuntahan. May anong saya tuwing nakakakita ka ng *kabayan*.

Naaalala ko sila tuwing nakikita ko ang ilog na walang barko at kakaunti ang tao, hindi kagaya noong unang tungo namin.

Nitong nakaraang linggo lang, pagkatapos ng ilang buwang *lockdown* ay muling nanumbalik ang sigla ng Düsseldorf. Naging posible ito dahil sa mga bakunang libreng ipinamamahagi at mga *testing facility* na madaling puntahan. Patuloy rin ang pagbibigay ng impormasyon tungkol sa kahalagahan ng bakuna at mga benepisyo nito sa tao. Muling nagbukas ang mga *restaurant*, ang mga *mall*, at mga paaralan, pati na rin ang mga nagsarang opisina. Maligaya akong muling makita ang mga barkong *restaurant* sa Ilog Rhine. Sana makita ko muli ang mukha ng aking mga kababayan. Gayumpaman, hindi pa rin natatapos ang kaba. Nagbabadya ang bagong hamon. Ang pagpasok ng *Omicron*.

Napag-usapan namin ni Arlene ang lalaking nakipagtalo sa kahera. Hindi kasi siya pinayagan ni Kahera na mag-*dine-in* dahil wala siyang *COVID-19 test*. Ang ipinaglalaban ni Kuya, kumpleto naman ang kaniyang bakuna, may una siya at pangalawa. Bakit hindi puwede?

Hindi lang din sa bansa natin ang may pabago-bagong alituntunin at regulasyon. Kahit dito nahihilo na rin ang mga tao. Noong una kailangan mo ng bakuna, pagkalipas, kahit kumpleto na sa bakuna ay kailangan magpa-*screen test*. Tinawag 'tong *2G+*. Ibig sabihin, kung pupunta sa mga *restaurant*, *shop*, *public transportation,* kailangan mong

ipakita ang iyong *vaccination card* o ipakita na gumaling ka sa *COVID-19* sa loob ng anim na buwan. Bukod dito, kailangang *negative* ang *COVID-19 test* na *valid* sa loob ng 24 oras. Hindi pa naging sapat ang mga 'to. Katagalan, kailangan na ring magpa-*booster shot*.

Palagi kong dala ang aking *vaccination card* kahit saan magpunta. Ang iba naman ay *QR code* sa kanilang *cellphone* na kailangang i-*register*. May mga *security personnel* na itinalaga para mag-*check* sa mga tao. Nakakalat sila sa mga pampublikong lugar.

Kaya hindi masisisi kung bakit dumarami ang bilang ng mga taong natanggi sa sistema o mga *anti-vaxxer*. Sa dalawang taon na pakikipaglaban natin, pagod at balisa na ang mga tao.

Isang mensahe sa *FB messenger* ang aking natangap. "Pre, kumusta diyan, lumulobo ang kaso sa Germany ha?"

"Oo, biglang dami ng kaso, marami ang *vaccines* pero marami ang ayaw magpaturok. Sa atin naman walang *vaccines* pero halos lahat gusto magpaturok."

Ipaliliwanag niya, "Marami ang *vaccine* kaso pag 'di *type* ang *brand* ayaw. Tinatawagan at tine-*text*, may mga nagbabahay-bahay para lang manghatak. Pinsan ko sa DOH minsan nagbabalik pa sila ng *vaccine* sa *warehouse* kasi walang pumupunta 'pag *Sinovac*."

Nag-*reply* ako, "Ang baba kasi, pre, ng *moral* ng *Sinovac,* kahit sa ibang bansa hindi tinatanggap. Pero kung sa akin lang, akin lang naman, kahit ano pang *vaccine* 'yan ay magpaturok na. *Vaccine is vaccine*. Kung ano ang *available* na bakuna, ayun ang mainam. Makakatulong maiwasan ang *COVID-19*. Pahirap sa 'tin kapag nag-*lockdown* na naman. Nakalulungkot lang kasing isipin na walang *choice* ang mga Pinoy kung ano ang ituturok sa kanila."

Gaya sa pelikula, kaunti ang pinagpipilian natin. Ikuwento ko lang ha, isa kasi sa mga karamay ko at ng maraming mga Pinoy sa panahon ng pandemya ay ang

pelikula. Noong wala pang pandemya sa klase ni Sir Jerry Gracio ay napagkuwentuhan namin kung bakit ang pelikula natin ay paikli nang paikli. Hindi gaya sa *foreign* na mahahaba, halimbawa, *Avengers* na may lagpas dalawang oras. Dahil daw ito sa *attention span* nating mga Pinoy. Maikli ito kaysa iba dahil kailangan natin magtrabaho. Kailangan natin kumayod lagpas walong oras na kahit Sabado at Linggo, kailangan natin magbanat ng buto. Wala tayong oras manood ng mahahabang pelikula ni Lav Diaz. Kung may manood man sa 'tin, sila itong may kakayahan. 'Yung may oras at may pera. Kaya ang iba ay tuwing Pasko lang nanonood ng pelikula. May pera ang tao, may *Christmas bonus*. Ibig sabihin, nanonood tayo dahil gusto nating sumaya. Siyempre, magbabago uli ito sa panahon ng *COVID-19* at teknolohiya kung saan magkakaroon tayo ng mahabang oras manood ng mga mahahabang pelikula at ma-*access* nang libre *online*, gaya ng *YouTube*. Sa *channel* ng *TBA Studios* ay mapapanood ang iba't ibang pelikula—*Heneral Luna*, *Smaller and Smaller Circles*, *Tandem*, *Sunday Beauty Queen*, at *Write About Love*. May magagandang pelikula rin sa *channel* ng *Cinema One*, dula at mga kultural na pagtatanghal naman ang mapapanood sa *channel* ng *Cultural Center of the Philippines*. Ipinalabas rin nang libre *online* ang mga dokumentaryong *The Kingmaker*, *A Thousand Cuts*, *Aswang*, at ilang pelikula ni Mike De Leon.

Ang totoo, mailap ang sining sa bansa, kung hindi man mailap, ay hindi kaya ng bulsa. Kung libre, tila ilan lang ang may alam o pansamantala lang na-*stream*. Hindi nakaaabot sa nakararami. Eh, hindi naman talaga totoo na hindi mahilig sa sining ang mga Pinoy. Mahilig na mahilig tayo sa *art*. Napagkakaitan lang. Galit kasi ang ilan tuwing nag-iisip ang tao. Hindi ba't noong inilabas nang libre ang dulang musikal na *Huling El Bimbo* (upang maibsan ang mahabang *isolation*) ay may kaniya-kaniya tayong interpretasyon nito. Nagkukuwentuhan tayo tungkol sa sining, opinyon mo at opinyon ko sa malikhaing bagay na nakatutulong din upang mag-*reflect* tayo sa buhay at mga

bagay-bagay na nangyayari sa paligid.

Nitong gabi lang, napanood ko ang *Maynila: Sa mga kuko ng liwanag.*

Pansin ko ang mata ni Julio na mata rin natin sa huling eksena ng pelikula. Walang kasiguraduhan. Hindi sigurado kung may bukas pang hatid ang madilim na kinahaharap ng bansa. Bulong ko nga bago namin lisanin ang bansa na baka naman isinumpa ang bayan?

Sa pagtakas ni Julio sa galit na mga tao ay gano'n din ang aking pakiramdam. Tumatakas sa inaanay na bansa. Naikuwento ko na 'to sa isang kaibigan, mabuti na nga raw unahin ang pamilya. Kilala naman niya 'ko, walang makapipigil sa aking magsulat at maglahad. At siguro, aminin din sa sarili na hindi nakabubuhay ng pamilya ang pagsusulat. Ito ang diaspora ko. Pagtulak sa taong iwan ang kaniya-kaniyang kinalakhang lupa sa dahilang ekonomik at politikal. Gaya nina Julio, Omeng, Benny, at Imo, mga tauhang *construction worker*. Iniwan ang probinsiya para magtrabaho sa Maynila. Litanya ng isang tauhan, "Nandito nga lahat ng hirap pero nandito naman lahat ng sarap, biro mo, dito meron ka lamang tatlong piso maligaya ka na, eh, dun sa probinsiya?"

Biyernes, malamig, at makulimlim. Pagdating namin dito sa Klettgau, wala pang naitatalang kaso ng *COVID-19*. Hinubad namin ang suot na *facemask,* iwas sa mga nakatingin. Mga matang mausisa. Ilang araw pa ay maririnig sa balita ang pandemya. Pinag-usapan ng gobyernong Aleman ang mga planong dapat gawin. At sa palagay ko, ito ang naging pagkukulang ng bansa natin. Sa unang yugto ng pandemya ay kapos tayo sa agap. Minaliit ang *COVID-19*. Walang agarang pagbaba ng *travel ban* at higit sa lahat, walang *mass testing*.

Sa totoo lang, malaki ang payapa ko nang malamang walang kaso ng *COVID-19* sa Deutschland, ngunit halimaw kami nitong sinundan. Gumapang. Kagaya ni Julio na dilat mata sa dulo ng eskinita, nag-aabang sa susunod na

mangyayari sa kaniya. O kung mayroon bang mangyayari. Sasakmalin ba kami ng *virus*? Papatayin ba siya ng mga humahabol sa kaniya? Makikita pa ba niya si Ligaya?

Sa Pilipinas, hindi lang *virus* ang halimaw, mayroon ding kagutuman at abuso. Kaliwa't kanan ang welga dahil sa kawalan ng trabaho at ayuda. Lalo na ang mga dyipni drayber na umaasa sa arawang kita. Hindi pa nga sila nakababawi sa pandemya ay pinaplano na agad ng mga nakaupo ang pagpapatupad ng *Jeepney Modernization Program*. Kalooy.

Kung ikaw ay galit dahil ikaw ay gutom, pumunta sa kalsada, nagrali, puwede kang patayin at barilin. Iyan ang utos sa mga pulis at sundalo, *"Shoot them dead!"* kaya hindi nakapagtataka na noong Abril 3, 2020, pinagbabaril ang ambulansiyang naghahatid sa mga *frontliners* dahil pinaghinalaang *COVID-19 patients* ang isinasakay.

Nabasa ko ang balitang ito habang nasa biyahe. Matagal nakahinto ang sinasakyan naming tren. Alon ng mga raliyista ang nakaharang sa aming daan. Inis si Arlene sa mga *anti-vaxxer*, "Kung pagod na sila sa *pandemic,* mas pagod na ang mga *nurse*. Kung alam lang nila ang dami ng pasyente sa ospital." Sabi ko naman, "Hindi mo masisisi ang mga 'yan, karapatan nila 'yan, hamon sa gobyerno kung pa'no ipaliliwanag at ipaiintindi sa kanila kung ano ang kahalagahan ng bakuna. Magbigay ng maraming *options* at *benefits* sa tao, kumumbinsi."

Pagkatapos ng protesta, umusad na rin ang sinasakyan naming tren. Nakatitig ang mga pasahero sa mga raliyistang may mga hawak na plakard, "*ABSTAND, ABER NICHT VON UNSEREM GRUNDGESETZ.* SALIN: *Distansiya, pero hindi sa aming karapatan.*

Kuha mula sa diyaryo ng *Baden-Württemberg*. Libong raliyista ang umaapela sa paghihigpit ng *German Government*. Hamon nila ito sa kanilang gobyerno na gawin ang dapat na walang tinatapakan o inaabusong karapatan.

Erzingen, Klettgau, 11 May 2020

Isa sa pelikulang inabangan ko noong *lockdown* ay *Kisapmata*, 1981, *inspired* sa isang *reportage* ni Nick Joaquin na *"The House on Zapote Street*."

Sa pelikula, ipinapaalala sa 'tin na hindi tunay na solusyon at kalayaan ang kamay na bakal, militarisasyon na pamamalakad, kaya nga pana'y sigaw natin na aksiyon at suportang medikal at hindi militar!

Opresyon, abuso, inses, pagpatay sa kalayaan, *machismo*, at pagkahumaling ang iniikutan ng pelikula. Kapansin-pansin na mas nakakatakot pala kung malapit na tao nanggagaling ang abuso, gaya ng tatay, tatang, ama.

Naisip ko lang, kung tumigil ang manlilikhang Pilipino na gumawa ng sining dahil sa kakapusan, saan kaya natin pupulutin ang ating katinuan sa panahon ng pandemya?

Kaya kailangan natin ng panitikan, kaya kailangan natin ng pelikula, ng mga kanta. Ibinabalik kasi ng mga ito ang ating kaluluwa.

Bukas ay maaga kaming magkikita ni Mariya. Masaya ako na sa unang pagkakataon ay makikita at makakausap ko nang personal ang mga *classmate* sa *online class*. Isa sa mga naging kaibigan ko ay si Mariya na isang Griyego. Sabay kaming kukuha ng *COVID-19 test*. *Schnell test* din ang tawag ng ilan dito na ang mga *testing facility* ay matatagpuan sa mga *train station*, *mall*, at ilang pampublikong lugar. Kailangan kasi ito ng eskuwelahan bago kami pumasok sa klase (nang *face to face*).

Malayo pa lang ay nakita ko na si Mariya. Kung anong mukha ni Mariya sa kamera ay ganoon din ang mukha niya sa personal. Matangkad na babae o siguro dahil sa suot niyang itim na bota. Malaki ang ngiti niyang palapit sa akin. Iaabot ko ang aking kamay nang bigla niya 'kong niyakap. Nagbiro ako, "*Abstand bitte, abstand!*" Natawa siya. "*How are you, Joseph? I'm really happy I finally met you.*" Niyaya niya 'kong magkape pagkatapos.

Sabi niya, namomroblema siya, gusto niya kasing umuwi ng Greece kaso positibo ang mga magulang niya.

Mahigpit ang Germany sa lalabas at papasok ng bansa. Natatakot siya na baka paglabas niya ay mahirapan siyang makabalik. Sabi ko, "*We're the same*."

Ikinuwento ko rin sa kaniya ang tungkol kina Mama at Papa dahil tinamaan din sila, pasalamat ako na *asymptomatic* lang. Dagdag niya, *"We Greeks are also like Filipinos, we love our families."*

Natuwa ako.

Hindi maubusan ang kuwentuhan naming dalawa habang naglalakad patungo sa malapit na *testing facility*. Dahil hindi ako pamilyar sa proseso ay tinuruan niya ko. Kailangan ko lang daw i-scan ang *QR code*. Pagkatapos ay dadalhin ako nito sa isang *website* kung saan ko kailangang sagutan ang mga hinihinging impormasyon.

Kailangan ko ring ipakita sa mga *health personnel* ang aking *identification card* para ma-*check* kung tagumpay ko bang naipasa ang mga impormasyong hinihingi nila. Kinse minutos lang pagkatapos ng swab ay matatanggap na ang resulta sa *e-mail*. May kasamang *password* ang kanilang *e-mail* kaya siguradong protektado ang resulta.

"Download this," si Mariya habang ipinapakita ang litrato sa kaniyang *cellphone*. *Corona-Warn-App* ang pangalan. Nakakatulong itong matukoy kung mayroong anumang pakikipag-ugnayan sa isang taong positibo. Sa ganitong paraan, gamit ang *internet, bluetooth,* at ang *app* ay mas mabilis maputol ang hawaan.

Tanong sa 'kin ng gurong Aleman, ano raw ang mas gusto ko, probinsiya kagaya ng Klettgau o *city* gaya ng Düsseldorf? Ang sagot ko, kahit saan, probinsiya man o sa malaking siyudad, o kahit saanmang bansa, ang importante sa 'kin kasama ko ang aking anak at asawa. Kumpleto kaming pamilya.

Mahaba pa ang laban ng tao sa pandemyang ito, malayo pa tayo sa katapusan, ngunit ang mahalaga kahit papaano, nakauusad tayo.

Kasama ang aking mga katrabaho sa Altenheim, Klettgau,
5 April 2020.

ENTRY PASS

WIKA ANG HUMUHUNING IBON

Nagugulat sila kapag nalamang hindi *English* ang unang wika natin. Ano raw 'yung Tagalog? Ano raw 'yung Filipino? Ang buong akala nila ay Ingles ang salita natin sa Piipinas. Ibinida ko pa nga na marami tayong wika. Manghang-mangha sila. Eh, bakit daw puro Ingles ang nakikita nila 'pag tungkol sa Pinas? At halos lahat sa 'tin, kapag nakikipag-usap, Ingles ang gamit? Ganito rin ang tanong sa 'kin ng kakilalang Koreano, pati raw sa tindahan, Ingles ang gamit; halimbawa, *ice for sale*. Palaging sagot ni Arlene na bata pa lang tayo, Ingles na ang gamit sa ating *textbooks*.

Dito kasi sa kanila, mahalaga ang wika. Kahit sa'n ka tumingin, lahat ay nakasulat sa *Deutsch*. Galit pa ang iba 'pag kinausap mo sa wikang Ingles. May *mentality* silang nasa bansa ka namin, ikaw ang mag-*adjust*. Kaya nga bago makapagtrabaho dito o maging migrante ay kailangang aralin ang kanilang wika. Hindi lang basta aral kundi kailangang pumasa.

May iba't ibang baitang ang wika dito depende sa dahilan ba't ka nandito. Kung *professional* ka, kailangan mong kumuha hanggang B2 (*level 4*). Kung may asawa ka namang Aleman o ang asawa mo ay nagtatrabaho sa Germany, kailangan mong kumuha ng A1 (*level 1*). Ang pinakamataas ay C2 (*level 6*) na para sa mga *PhD*, manunulat, at mga mamamahayag.

Sabi ko kay Arlene, "Kasi naman, *babe*, mahirap na bansa tayo, hindi gaya nila na nag-aaral ng ibang wika dahil gusto nila. *Trip* lang ba."

Sa araw ng *exam*, sa *Goethe Institute* sa Makati, may nakasabay akong dalawang babae na parehong may

asawang Aleman. Tanong sa ’kin ng isa, “*First time* mo?” Sumagot ako, “Opo.” Galingan ko raw dahil pangatlo na niya ’yon. Galit na nga ang asawa niya dahil sa malaki na ang gastos. ’Yong isa naman, pangalawang beses na. Kakakasal lang niya sa Singapore noong nakaraang taon. Tapos, ewan ko ba, nagtatawanan pa ang dalawa dahil ilang beses na silang bumagsak.

Bago magsimula, makikita mo ang lahat na tahimik na nagre-*review*. ’Yung iba, parang nagdarasal. Ako, kabadong nakaupo sa gilid.

Isa-isang tinawag ang aming apelyido. Sa loob, makikita ang malaking espasyo ng bawat upuan.

Dalawang bahagi ang hati ng *exam*. Una ay *paper exam* na may tatlong bahagi: *lesen* (pagbabasa), *hören* (pakikinig), at *schreiben* (pagsusulat). Ang bawat hati ay may itinakdang oras.

Tahimik. Seryoso ang lahat sa pagsagot. Sa *writing* ako kinakabahan dahil palagi akong bagsak sa *mock exam*. Nang makita ko ang *schreiben*, palakpak ang mga tainga ko. Dali-dali ko itong sinagutan. Isa ’ko sa mga unang natapos.

Nang pasahan na ng papel, narinig ko sa likuran, “*Please*, *five more minutes*.” “Patay,” sabi ko. Mahigpit sila at hindi siya basta pagbibigyan. Kahit anong hiling ng lalaki, wala siyang nagawa. Paglabas, sabi ko sa kaniya, “Pre, ano’ng nangyari?” Iiling-iling siya, “Isinulat ko kasi sa *scratch paper* ang *schreiben* ko.” Hindi na ’ko nagsalita. Sabay kaming pumasok ng *elevator*.

Pangalawa ang *sprechen* (pagsasalita). Bunutan ng mga litrato at salita. Gagawa kayo ng mga pangungusap: patanong o pautos na kailangang sagutin ng katabi mo. Paikot ang batuhan. Sagot, tanong, sagot.

’Yung dalawang matandang ikinukuwento ko na may asawang Aleman ang kasama ko sa grupo. Lalo talaga akong dinaga. Pa’no kung hindi ko maintindihan ang tanong, ang pangungusap nila? Magkakandaletse-letse

kaming tatlo.

Bago sumalang, sinabihan ko sila, sabi ko, “Gamitin na lang po natin ’yong *safe words* at *sentences* para ’di po tayo malito sa pag-*construct*. Ang importante naman po, makapasa at hindi mataas na grado.”

Pagkatapos ng *exam*, ch-in-at ko agad si Arlene sa FB, sabi ko palitson na siya at pasado ang asawa niya. Yabang ko raw, wala pa ngang resulta. Sa pag-akyat ng *LRT*, nakita ko uli ’yong lalaking kasabay ko sa *exam*. Babatiin ko sana. Kukumustahin. Kaso mukhang tuliro at panay ang palatak nito.

Tuwing naririnig ng mga Aleman ang mga kababayan natin na nagsasalita sa sarili nating wika ay para raw tayong nag-e-Espanyol. May nagsabi pang para tayong humuhuning ibon. Ipaliliwanag ni Arlene na bago dumating ang mga Amerikano ay sinakop muna tayo ng Espanya sa loob ng halos apat na raang taon (*333 years* talaga mula 1521 hanggang 1898). Kaya may ilang salita tayo na minana sa mga ito. Ang ganda raw ng wika natin, sabi ng mga Aleman.

Bukod sa Deutsch ay Turkish ang pangalawang sinasalita sa Germany. Dala ito ng mga Turkish na may mahabang kasaysayan sa Germany. Hindi lang wika ang dinala nila, pati na rin ang kanilang kultura, sining, at paniniwalang Muslim. Sabi nga ni Arlene, masarap makipagkaibigan sa mga Turkish dahil karamihan sa kanila ay mababait lalo na ’pag nalamang Pinoy ka. Isipin ko raw na ang Germany ay ang Amerika at ang mga Turkish ay tayong mga Pilipino. Nangangarap gumanda ang buhay sa pangingibang-bansa.

Gaya ng mga “Manong” ng California at “Sakada” ng Hawaii, *skilled workers* ang mga Turkish. Pagkatapos ng WW2, 1960s, kinailangan ng Germany ng mga manggagawa na mababang pasuwelduhin. Ang karamihan ay nagtrabaho sa mga paluging industriya ng tabako. Tinawag silang *gastarbeiter (guest worker o foreign worker)*

na kalaunan ay itinawag na rin sa lahat ng *Ausländer* na nagtatrabaho sa Germany. Natuto ang mga Turkish ng wikang Aleman sa pakikihalubilo. Gayunman, hindi nila nilimot ang sariling wika. Katagalan, naging bahagi na rin sila ng bansa bilang residente. May karapatang bumoto. May karapatang maghayag ng saloobin, sa relihiyon man o politika. At ang malupit: makisalo sa mundo ng pelikula, panitikan, at musika. Nagkaroon nga ng paghahalo ng kultura lalo na sa pagkain. Sabi nila rito, *"Wir riefen Arbeitskräfte, es kamen Menschen.*"

Sa intindi ko, ang ibig sabihin ay "humingi kami ng tulong, binigyan kami ng lipunan." Malaki ang pasasalamat ng mga Aleman sa mga Turkish dahil kung wala sila, hindi maitatayong muli ang bansa pagkatapos ng giyera.

Kumain kaming pamilya sa isang Turkish *restaurant*. Pamilyar ang lasa ng pagkain dahil na rin sa mga *stall* ng *kebab* at *shawarma* sa Pinas. Um-*order* ako ng *schnitzel*, isang pagkaing lokal na may lasang Turk. Kung tatanungin mo ako kung anong hitsura, parang pinitpit na *porkchop* na may matapang na aroma. Kay Arlene naman ay *döner kebab*, mukhang malaking *burger*. Nakapalaman ang karne sa malaking tinapay. 'Yong tinapay—malambot at malasa na medyo maalat-alat. Tapos 'yong karne, parang *bacon* na hindi lasang *bacon*. May kasama ring gulay—repolyo, kamatis, at sibuyas. At ang nagpapasarap na puting sarsa.

Pagkatapos naming kumain, naglakad na kami palayo sa *resto*. *"Entschuldigung! Entschuldigung! Entschuldigung!"* May tumatawag sa aming likuran. Hinahabol kami ng may-ari. Isang malaking lalaking Turkish na medyo may katandaan. Siya ang nag-*serve* at nagluto ng mga in-*order* namin. Gano'n daw sa Germany, kung sino ang may-ari, siya rin ang empleyado. Mahal kasi ang *labor* dito. Hindi tulad sa Pinas na barya lang. Napatingin sa 'kin si Arlene. Hawak ko ang lata ng *Coca-Cola*. Dinilatan ako, "Ba't mo dinala?" Takang-taka ako. Ibinigay ko agad sa may-ari. Nginitian ako at nagpasalamat.

Binabayaran pala ang lata rito. Kung dadalhin mo

ang lata sa labas, kailangan mo itong bayaran; kung hindi naman, dapat mong isauli. May *machine* kasi rito kung saan puwede mong ibalik ang mga lata at botelya ng *mineral water* kapalit ng pera. Humingi ako ng tawad, "*Sorry, tut mir leid, ich habe vergessen.*"

Tawa nang tawa si Arlene. Nakakahiya raw ako. Malay ko ba.

May pinanood akong pelikula, Almanya ang pamagat. Tungkol ito sa pang-*one million and one* na Turkish na pumunta sa Germany para magtrabaho. Isa sa mga linya ng pelikula, *"Ein kluger Mann antwortete mal auf die Frage: Wer oder was sind wir? Wir sind die Summe all dessen, was vor uns geschah*." SALIN: Minsan nang sinagot: Sino o ano tayo? Tayo ang kabuoan ng mga nangyari sa nakaraan.

Ang mga susunod ay mga tala ng danas at ilog ng mga alaala kagaya ng Ilog Rhine. Daloy ito ng mga tala at alaala sa pagitan ng Pilipinas at Alemanya. Isang pagmamapa sa aking malayong lakbayin.

Bahagi ng Rhein River sa siyudad ng Waldshut-Tiengen, 6 February 2020.

PAGMAMAPA SA MALAYONG LAKBAYIN

Dumating ako rito, Pebrero 5, 2020. Ito ang unang beses kong umalis ng bansa. Kung pa'no ako napunta rito, dahil 'yon sa asawa kong si Arlene. Dumating siya rito sa Klettgau noong Nobyembre 2018. Nagtatrabaho siya bilang *nurse* sa isang *homecare*. Pagkatapos ng isang taon, nakuha na niya kami agad ni Isla. Sinundo niya kami sa Pilipinas at sabay-sabay kaming lumipad papunta sa Deutschland.

Pagdating ko rito, isa lang ang nasabi ko: Ang ginaw! At sa sobrang ginaw, sa tuwing nagsasalita ako, may lumalabas na usok na sa pelikula ko lang napapanood.

Ang tahimik dito sa Klettgau. Hindi katulad sa bansa natin na maiingay ang mga tao. May mga batang nagtatakbuhan sa labas. Sa kanto, may sari-sari *store*. Sa kabilang kanto naman, may ihaw-ihaw.

Linggo ngayon. Pang-apat na araw pa lang namin pero nami-*miss* ko nang sobra ang Pinas. Sa unang araw namin, wala naman kaming masyadong ginawa. Nag-ayos lang ng bagahe. Nagligpit. Naglinis ng bahay. Medyo malaki rin ang nakuhang tirahan ni Arlene dito: may sala, may kusina, may maliit na *dining area*, may maayos na banyo, at may dalawang kuwarto. Wala nga lang kaming masyadong gamit. Wala kaming *TV* pero meron naman kaming *laptop*. Salamat na rin at mayroon kaming *sofa* na puwedeng upuan. Bilin sa 'kin ni Arlene pagdating na pagdating namin, bawal ang masyadong maingay lalo na kung Linggo.

Gabi na rin kami natapos mag-ayos. Maaga kaming natulog dahil bukas, ipapasyal niya raw kami ni Isla.

Dinala kami ni Arlene sa Waldshut. Punta raw kami sa dagat. Ibig sabihin ni Arlene, ilog. Akala ko rin noong una ay dagat, pero noong na-*search* ko sa *Internet*, ilog pala talaga. Ang daming swan. Sabi ni Isla, "*Wow, look*, mami,

ang ganda!" Sabi ko naman, "Ang sarap pulutanin n'yan, ah, Adobo!"

Sa entrada ng Waldshut, parang pumapasok ka sa kastilyo. Sabi ni Arlene, dating kastilyo nga talaga ito. Dito nakatira ang dating mga reyna at hari. Kapag pinasok mo pa ang loob, tutumbukin mo ang Rhine, isa sa pinakamahabang ilog sa Germany na magsisimula sa Switzerland patungong *North Sea*. Mahaba ang nilakbay ng ilog na 'to bago makarating dito. Mula bundok ng Alps, tatagos ito sa makikipot na espasyo ng Switzerland patungo rito. Naging sandalan din ito noon ng mga *Germanic tribe* para maka-*survive*. Kung tutuusin nga ay may ganito rin tayo. Ang Ilog Pasig na naging sentrong daanan ng produksiyong kalakaran ng Tsina at Pilipinas. Mayaman ang naging ganap sa Ilog Pasig. Ito rin siguro ang nakita ng mga Aleman nang maisipan nilang sakupin ang Pilipinas pagkatapos ng kalayaan natin sa Espanya. Kung hindi mapapel ang Amerika, baka ang mga Aleman ang tatawagin nating kaibigang-mananakop.

Biyernes, pumunta kami sa *townhall* ng Klettgau. Ang tawag nila'y *Rathaus*. Inirehistro ni Arlene ang pangalan naming dalawa ni Isla. Ibig sabihin, opisyal na kaming kabilang sa kanilang populasyon. Mayroon daw 57,362 na Pinoy na nakatira sa Germany at karamihan ay mga *nurse* o nagtatrabaho sa *medical field*. Sa nabasa kong *magazine*, 1970s pa raw ang unang bugso ng *migration* ng mga Pinoy sa Germany na sinundan noong 1980s. Marami rito ay mga babae na kalaunan ay nag-asawa na rin ng Aleman.

Sa paglalakad papuntang *Rathaus*, napansin ko ang mga taong nakakasalubong sa daan—panay matatanda. Ito yata ang sinasabi ni Arlene na *ageing problem* ng bansa na halos problema rin ng mga bansa sa Europa. Nakakonekta raw ito sa kalakasan at kalayaan ng mga kababaihan at kalalakihan na pumili, at dagdag na rin ang politikal at kultural na kalagayan ng mga bansang ito. Naalala ko tuloy ang *interview* ni James Reid nang tanungin siya ni Tito Boy kung gusto niya bang magkaroon ng sariling pamilya: *"I*

don't know if I want to bring another life into the world the way it is now."

Tang'nang sagot 'yan, balak ko pa naman mag-anak ng dalawa pa.

'Anong pakiramdam?' gusto kong itanong at malaman kay Ate Myil. Simula kasi nang makita ko ang litrato niya sa Al Khobar na balot ng tela, hawak ang kamay ng asawa, kasama ang may matatangos na ilong at makakapal na kilay na tagaroon, nakaramdam ako ng kalungkutan. May mga araw kaya na hinahanap niya ang kaniyang pinagmulan? O ang kaniyang bansang sinilangan? Sabi pa nga ni Papa, "Nakakaawa naman si Myil, siya lang ang Pinoy sa kasal niya." Gaya ni Papa ay may gano'n din akong tanong nang namatayan ako ng anak sa Alemanya. Isang dayong anghel sa sementeryo ng mga Aleman.

Sabat ko naman, "Gano'n talaga, Pa, mahal niya si Waleed, e."

May dislokasyon daw 'pag umaalis tayo sa 'ting bayan. 'Yong iba, hindi na nakakabalik at 'yong iba naman, nagkakaroon ng krisis sa kaniyang pagkakakilanlan. Kaya ang nangyayari, mayroong mga naghahanap.

Ang problema ay kapag walang matagpuan. Ganoon siguro ang nangyari kay Rizal nang iwan niya ang bansa. Nawalay, naghanap, at nagtanong. Marahil itinanong ni Rizal sa sarili: "Sino ako bilang Pilipino at sino ako bilang tao?"

Sana nga lang, natagpuan ni Rizal ang sagot bago siya nalagutan ng hininga.

Sa kalagayan ko naman, hindi pa nakakaalis ng bansa ay may ganitong tanong na ako sa sarili. Kung susumahin nga ang mga akdang naisulat ay iisa lang ang palaging sinasabi: sino ako? Ito ang palagi kong itinatanong. Palagi akong naghahanap. Ang buhay nga raw ay isang mahabang

paghahanap. Siguro dahil sa pagsusulat at pagbabasa. Naniniwala ako na binabago ang tao ng pagbabasa at pagsusulat.

Sa pagsusulat tayo binabasag. Sa pagbabasa naman tayo binubuo.

Nang sabihin sa 'kin ni Mama na nagmana raw ako kay Lolo Pidoy, nagulat ako. May mga isinulat daw kasing dula si Lolo noon sa Manjuyod. Siya ang gumagawa ng palabas tuwing piyesta. Natuwa ako na mayroon sa pamilya na kaparehas ko ng hilig. Hindi pala ako nag-iisa. Simula noon, gustong-gusto kong naririnig ang mga kuwento nila tungkol kay Lolo.

"Sino siya, Ma?" tanong ko.

"Si Lolo mo 'yan," sagot ni Mama.

Iniabot sa 'kin ni Mama ang isang lumang litrato. Matagal na raw ang litrato sa loob ng aparador. Nakasuot si Lolo ng unipormeng pangmilitar. Nakaupo sa silyang kahoy at may hawak-hawak na *carbine rifle*. Mukha siyang 15 o 16, tiyak na mas bata kaysa sa 'kin nang unang humawak ng riple noong *college* sa *Reserve Officer Training Corps* o *ROTC*. Ang litrato ay kuha noong 1941 o 1942 noong *World War II*.

Ang hindi ko malilimutan kay Lolo ay tuwing kinakalong niya 'ko habang nakasilong kami sa punong makopa. Kakantahan ako ni Lolo ng kantang Bisaya na 'di ko maintindihan; alisasa at alisanun ang liriko ng kanta. Paulit-ulit niyang kinakanta. Malaki na 'ko nang malaman na hindi pala totoong salita ang mga ito, gawa-gawa lang pala niya. Ito rin ang kinakanta ko tuwing pinapatulog si Isla. Maiinis sa 'kin si Arlene, "Ano ba 'yang kanta na 'yan?" Tatawa-tawa kong ipaliliwanag sa kaniya ang kuwento ng Alisasa at Alisanun.

Ang una naming paghihiwalay mag-asawa ay nang lumipad

si Arlene papunta sa Germany. Isa sa pinakamalungkot na bahagi ng aming relasyon. Unang buwan ang pinakamahirap. Umiiyak siyang natawag sa 'kin sa *Facebook*. Hindi raw siya makatulog. Nangingitim ang ilalim ng mata.

Siyempre, bilang asawa, hindi ko ipinapakitang hirap din ako. Gusto kong makita niyang matapang ako, na kaya ko, na masaya ako sa narating niya. Matagal na kasing pangarap ni Arlene ang maging *nurse* sa ibang bansa. Hindi lang dahil maganda ang suweldo kundi para tuparin ang pangarap niyang maglakbay.

Tanong ko sa kaniya, "Ano'ng pakiramdam?

Okay naman daw, lalo niyang na-*appreciate* ang buhay sa Pinas. Ang pagkain natin. Ang pagiging masayahin natin. Ang mga tao. Nakita rin niya ang pagkakaiba ng Pilipinas sa kalapit na bansa. Nakakahiya mang sabihin pero talagang napag-iwanan na tayo.

Alam naman niya noon at naririnig sa balita ang problema ng bansa pero wala siyang pakialam. Kung kailan nga raw siya umalis ay doon pa siya tinubuan ng paki. Kakaiba raw pala ang epekto 'pag naririnig at nakikita mo ang problema

sa malayo. May mga araw na *proud* siyang maging Pinoy at may mga araw namang gusto niyang itakwil ang pagiging Pilipino.

Hindi naman niya masisi ang iba kung ba't marami sa 'ting kababayan ang ayaw nang umuwi. Kung uuwi man, bibisita lang at ayaw nang dito manirahan. Totoo ngang mas makikita mo ang kalagayan ng sarili, ng pamilya, ng mga kaibigan, ng mga taong kakilala, lalo na ng bansa, kung nasa malayo ka. Tinatanaw mo ang iyong pinagmulan.

Tuwing natingin sa salamin, naiisip ko, hindi ba labi ito ni Papa, mata ito ni Mama, ilong ito ni Lolo, at baka katawan ng kanuno-nunuan ko. May bigat na hindi ko sila kilala. Sa'n nga ba nag-aral si Papa noon? Ano'ng paboritong pagkain ni Mama? Anong kuwento ni Papa nang makilala niya si Lolo? Sinimangutan ba siya? Ano ang buhay nila sa probinsiya? Saan galing ang angkan nina Papa at Mama?

Napagtanto ko, hindi ko lubusang kilala ang sarili kong pamilya.

Sabi ni Uncle, "Alam mo, Jo, si Papa mo, dating nagturo 'yan sa PMA." Mayabang niyang ikinuwento sa 'kin na top 10 si Papa sa isang *military exam*. Tahimik lang si Papa na nakikinig. Tumingin ako sa direksiyon niya. Sa isip ko, *'bakit hindi ko 'to alam?'* Bigla kong napansin ang katandaan sa mukha ni Papa. Noong oras na 'yon, nakaramdam ako ng hiya at kagustuhang alamin kung sino ba sila. Gusto ko silang ikuwento. Gusto ko silang isulat. At alam kong hindi kami importanteng tao, hindi rin politiko, pero may nagsasabi sa 'king mahalagang isulat ang mga ito. Hindi para sa ibang tao kundi para sa 'kin. Paano ko mas makikilala ang sarili kung ang mga nakapalibot sa 'kin ay hindi ko lubusang kilala?

Inilapag ko ang alak sa harapan ni Papa. Nilagyan ng yelo ang kaniyang baso at sinalinan ng alak. Sabi ko, "Pa, kuwento mo nga sa 'kin kabataan mo, 'yong mga naaalala

mo lang.”

Kuwento ni Papa, sekyu ng isang bangko sa Tacloban, Leyte si Lolo Joseph. Noon, malaki raw ang suweldo ng mga sekyu lalo na kung sekyu ka ng bangko. Pero kahit malaki ang suweldo ni Lolo, mahirap pa rin sila dahil sa dami ng kaniyang anak.

Kuwento ni Papa, bawat isa sa kanila ay may tig-iisang magarang damit na isinusuot lang tuwing Linggo. Nagbibihis sila ng maganda para magsimba. Ang dahilan ni Lola, mahirap na nga sila, pangmahirap pa ang damit nila. Kahit isang araw man lang sa isang linggo, mukha silang maayos. Presentable.

Rumaraket si Papa sa tindahan ng litson. Tagalinis ng baboy, taga-ikot siya ng litson, tagatadtad, taga-*deliver* sa mga umo-*order*. Bukod sa bayad, binibigyan siya ng buntot ng baboy. Sinasabawan nila ang buntot at pinaghahati-hatian ng magkakapatid.

Madalas, hindi na nakakatikim ng buntot si Papa; sabaw lang, masaya na siya. Naikuwento rin ni Papa na dahil sa dami nila, madalas, siya ang nakatoka sa paglalaba. Hiyang-hiya siya kapag naglalaba dahil inaasar siya ng mga kaibigan, “Aaa bakla! Aaa bakla!” Ang gagawin niya, pupunta siya sa lugar kung sa’n siya hindi makikitang naglalaba. Pero kahit nakatago na ay nahuhuli pa rin siya, “Aaa, bakla! Aaa, bakla!”

Bakas ko ang pagkailang sa mukha ni Papa. Hindi kasi ako palatanong. Siya ang palaging nagtatanong. *Nak, kumusta ang eskuwela? Kailan ko makikita grades mo? Aljo, anong oras ang pasok mo? Kailan ka ga-graduate? Bakit ngayon ka lang umuwi? Bakit umaga ka na nakauwi?*

Dagdag pa sa ’kin ni Papa, *BS in Customs Administration* ang inaral niya sa kolehiyo. Kaso, hindi niya natapos, napasok kasi siya sa *fraternity*, hanggang sumabak sa pagiging sundalo.

Sabi niya, nang mangyari rin sa akin ito, sira na raw ang pag-aaral ko. Dismayado siya nang makita ang pasa

sa binti ko. Tama si Papa. Nang pumutok ang *frat war* sa eskuwelahan, ipinaskil ng *admin* ang aking pangalan at litrato, at ng ilang kabrad sa buong *campus*, dahilan para di na ako makapag-*enrol*. Inulit ko lang daw ang nangyari sa kaniya. Magsundalo na lang ako, sabi ko, gaya sa kaniya, katulad kay Lolo Pidoy. Iba raw ang buhay-sundalo. At sa gaya kong pasaway at rebelde, hindi bagay ang pagsusundalo.

Hindi talaga bagay sa akin. Hindi rin naman ako naaastigan. Sisigaw-sigawan ka. Uutusan. Bawal magtanong. Kailangan mo lang sumunod. Tulad sa panahon ni Digong, naging bulag ang mga tao. Naging sunod-sunuran. Hindi na tayo nakakaramdam. Pakiramdam ko nga, nilisan na tayo ng ating kaluluwa. Napagod na rin siguro tayo. Kaya nang makita natin si Digong, tinanggap na lang natin. Hindi na tayo umamin na hindi rin siya iba sa mga nakaraang umupo.

Nang malaman ni Mama na ayoko kay Digong, nakatanggap ako ng *Facebook message* galing sa kaniya, “Anak, huwag mong tirahin si Digong kasi siya ang nagpataas ng pensiyon nina Papa mo. Ang suweldo ngayon ng mga sundalo, sobrang laki, 65k ang inaabot sa isang buwan. Ang suweldo ni Papa mo noon, 20k lang isang buwan. Ang daming presidenteng dumaan ay hindi man lang nila tinaasan ang suweldo ng mga sundalo. Puro lang kurakot, sarili lang nila ang iniintindi. Ang pensiyon ni Papa, dinagdagan ni Digong ng 15k isang buwan. Umpisang nakaupo si Digong, ang daming sundalong sumaya. Pero sa nakaraang mga presidente, wala. Kawawa ang mga sundalo.”

Hindi ko sinagot si Mama. Ayoko namang makipagtalo sa magulang ko dahil sa politikal kong paniniwala. Matatanda na sila para ipaunawa ko pa ang mali sa panahon ngayon. Hinayaan ko na lang. Naintindihan ko naman si Mama. Lumaki siya sa amang sundalo. Ang pamamalakad sa bahay nila ay organisado at istrikto. Patriyarkal. Gaya ng pamalalakad ni Papa sa bahay. Sanay si Mama sa

ganoong buhay. Kaya naiintindihan ko kung bakit gusto niya si Digong. Naiintindihan ko rin kung bakit mas pinili ni Mama ang maging *housewife*.

Hindi ko man aminin ay naimpluwensiyahan din ako ng patriyarkal na pamamalakad. Ilang beses din kaming nag-away ni Arlene tungkol dito. Gusto ko kasing nasa bahay lang siya gaya ni Mama. Inaalagaan si Isla. Pagsisilbihan ako pag-uwi galing trabaho.

Ayaw niya. Hindi raw *por que* mag-asawa na kami ay wala na siyang kontrol sa buhay niya. May *career* siyang gustong alagaan. Nauntog ako. Oo nga, 'no? Ang ayaw kong pagkontrol sa 'kin ni Papa ay siyang ginagawa ko kay Arlene. Kaya nang sinabi niya sa 'kin na gusto niyang magtrabaho sa ibang bansa, pumayag ako. Pangarap niya 'yon, eh, ang sakim ko naman kung haharangin ko pa.

Minsan, gusto kong tanungin si Mama, "Ma, anong pakiramdam? Gusto mo ba talagang maging *housewife*? O baka sabi lang sa 'yo ni Papa, wala ka lang *choice*."

Hindi ako nawawalan ng pag-asa na magkaroon kami ng tsansa ni Mama na magkausap at sabihin sa kaniya na hindi lang kami ang bayan. Hindi man niya sang-ayunan ang aking sasabihin ay maunawaan man lang. Sapat na 'yon.

Noong araw na umuwi ako, hindi ako humingi ng tawad sa kanila. Ngunit tinanggap pa rin nila ako. Lalo na ni Papa. Kung babalikan ko nga kung paano ba nagsimula iyon, hindi ko na maalala. May ilang bagay kasi tayo na kahit anong gawin, hindi natin kayang balikan. Siguro sarili rin natin ang sadyang nagbubura sa mga alaalang ito. Gaya ng dahilan kung bakit ako umalis ng bahay. Ang klaro lang sa 'kin ay ang pag-eempake ko ng damit.

Pumasok sa kuwarto si Papa. Galit.

"Sige, lumayas ka, wala kang ginawang mabuti sa 'min,

hindi mo kami iginalang, sige, layas!”

“Oo, lalayas talaga ako, gusto ko talagang umalis dito, hindi ko kayo kailangan!”

Sinugod ako ni Papa ng kamao. Ipinostura ko ang katawan na parang lalaban. Lumapag sa braso ang kamao ni Papa, itinulak ko siya. Sinugod niya ’ko uli. Sinuntok niya ’ko sa mukha. Medyo nakaiwas kaya daplis lang ang tama. Nagdadalawang-isip ako: gagantihan ko ba si Papa o hindi? Kahit galit na galit ako, ama ko pa rin siya, hindi dapat patulan. Inambahan niya ’ko uli, saktong dumating si Mama. Inawat kaming dalawa. Bumalik sa ’kin ang gabing sinabihan niya ’ko, “Huwag na huwag mo ’kong lalapagan ng kamao.” Iyon ang gabi na nakasilip kaming dalawa sa bintana. Pinanonood si Joey, kababata ko, habang ginugulpi ang tatay niyang lasenggo.

Nagsisi ako pagkatapos kong umalis sa poder nila. Doon ko lang nakita ang kahalagahan ng magulang. Nalaman ko kung bakit sila mahigpit sa ’kin. Ang hirap-hirap pala ng buhay. Tuwing mag-isa akong kumakain, naiisip ko sila. Kung kailan ako napalayo saka ako naging uhaw sa paglapit.

Kaya nang naaprubahan ang *visa* namin ni Isla papuntang Germany, isa lang ang nasabi ko: sayang. Nasasayangan ako sa panahon. Bakit hindi ko sila kinilala noon. Tuloy, ang planong isulat ang sanaysay ng kasaysayan ng aming pamilya ay mukhang malabo nang mangyari.

Natagalan kaming makapag-*check in* sa *NAIA Terminal 1*. Problema din ’to ni Arlene noong huling uwi niya. Hindi yata *aware* (o naninigurado lang) na ang aming *visa* ay puwedeng pumasok sa Switzerland at sa buong Europe. Sinabi na sa ’kin ni Arlene ito noong una. Malapit daw kasi kami sa Switzerland, dikit lang sa Klettgau. Mula Zürich, Switzerland, *30 minutes* na *taxi drive* papuntang

Klettgau kung sa'n kami nakatira. Walang trapik, ang lawak ng kalsada, malinis ang daan. Nagbibigayan ang mga sasakyan. Sabagay, ilan lang naman sila sa kalsada. Sabi ni Arlene, tren ang *main mode of transportation* dito kaya naman dire-deretso ang biyahe. Parang Cavite papuntang QC ang layo, tanggalin lang ang trapik, nakakalitong *signage*, nakakalitong daan, mga buwayang nakauniporme, at ilang pulpolitiko.

Palaging ikinukuwento ni Arlene na taga-Switzerland talaga si Hitler pero ang pagkakaalam ko ay sa Austria siya ipinanganak. Gusto lang niyang sakupin ang Switzerland, pero di niya nagawa dahil sa matataas na bundok nito. Hindi kakayanin ng mga tangke at taktika niyang *blitzkrieg*. Bilang *Ausländer*, sensitibong usapin ang anumang tungkol sa madilim nilang nakaraan. Seryoso sila sa ganitong *topic*. May tamang lugar kung saan ito dapat pinag-uusapan. Kaya sabi sa 'kin ni Arlene, "*Be careful, babe, to start a topic* tungkol sa WW2 at Nazi na 'yan, baka mapaaway ka. Ayaw nila ng gan'yang usapan, lalo na 'pag lokohan." Higit sa lahat, may mga nanunumbalik. Tawag sa kanila ay mga *neo-Nazi*. Pero kahit may natitirang Aleman na galit pa rin sa mga Hudyo ay walang tigil ang pagpapaalala nila sa malagim nilang nakaraaan. Takot silang bumangon muli ang kanilang multo.

Nang makilala ko si Dr. Eugene Evasco sa isang *workshop* sa Nueva Ecija, naikuwento niya sa 'kin ang kaniyang sanaysay tungkol sa Germany. May monumento raw sa Munich na nagpapaalala sa *Death March* ng mga Hudyo. Sa isang *concentration camp* naman daw ay may mababasang *Nie Weider (Never Again)* sa pader nito.

Sa unang linggo namin, pinaalalahanan muli ako ni Arlene na huwag masyadong mag-iingay. Huwag magpatutog nang malakas. Huwag magkalampag ng plato. Si Isla, sawayin 'pag maingay. Taka ko, bakit? Mahalaga kasi ang Linggo para sa mga Aleman. Hindi lang dahil Katolikong bansa sila, nasa *Grundgesetz* o *basic law* rin nila ito. Bawal nga ang maglaba at magputol ng damo

tuwing Linggo. Huhulihin ka at pagmumultahin. Ang Linggo ay katahimikan at pahinga. Tawag nila dito ay *Ruhetag (quiet day)* o *Sabbat*. Sabi nga ng mga Pinoy rito, *"Sonntag ist ein Tag der Ruhe.*"

Sarado ang mga *resto*. Sarado ang mga *shop*. Sarado ang mga *grocery store*. Halos lahat, nasa loob ng bahay. Sabado pa lang, nago-*grocery* na kami ng mga kakainin namin kinabukasan. Nakakainggit, 'no? Sa bansa natin na Katolikong bansa rin naman, ba't walang ganito?

Si Arlene, bilang *nurse*, ay may pasok kahit Linggo. Ang ginawa namin ni Isla ay dinalaw namin siya sa *heim*. *Heim* ang tawag sa mga ospital ng matatanda o *homecare* dito sa Germany. Masarap maglakad dito kahit may araw; hindi masakit sa balat. Hindi malagkit. Bulong sa 'kin ni Arlene, "Dito ka rin magtatrabaho, *ready* ka na ba?" Napalunok ako.

Pagdating namin ni Isla, tuwang-tuwa ang matatanda. Kinurot-kurot ang pisngi niya. Niyakap. Binigyan ng biskuwit at tsokolate. Kinausap ako ng isang matanda.

Napanganga ako. Ang bilis magsalita. Hindi ko maintindihan. Naalala ko bigla 'yong unang *call* ko sa *call center*. Nakakatanga.

Naiintindihan ko naman siya nang kaunti. Tanong sa 'kin ng matanda ay kung galing raw ba 'kong *Philippines* at kumusta ang biyahe. Sumingit si Arlene, nagsalita ng Deutsch, sinabi niya sa matandang babae na hindi pa 'ko magaling mag-Deutsch, natututo pa lang.

"Welcome to Germany!" sabi ng katrabaho ni Arlene na isang Aleman. Ngumiti ako, *"Dankeschön."*

Sabi niya, masaya siyang dumating na kami. Palagi raw kasing nalulungkot si Arlene at umiiyak dahil iniisip kami. Ngayon, hindi na raw mabigat kay Arlene na magtrabaho.

Inilibot ako sa *heim*. Nakita ko ang mga pasyente. Marami raw dito ang may *dementia*, 'yong iba sadyang mahihina lang talaga. Nasa *wheelchair*.

“Ano, *babe*, ’yang mga aalagaan mo rito, huhugasan mo ng puwit,” biro ni Arlene.

Kaninang umaga, nag-*review* ako ng Deutsch at tinuruan naman ni Arlene si Isla ng ABC at kulay *auf* Deutsch. Kailangan naming matuto ng wika nila rito para makapagsalita nang diretso at makapagtrabaho nang maayos. Alas-dos na nang pumasok si Arlene sa *heim*, mga alas-diyes na ng gabi ang uwi nun.

Lunes ngayon ng hapon—5:20 p.m. Inilapit ko ang upuan sa may bintana at inilapag ang aking *laptop*. Gusto ko ang puwesto ko rito, nakikita ko ang labas. Sa harapan ko ay kalbong puno ng mansanas. Sumunod ay *highway*. Kung tatawid ka, makikita mo ang *bus station*. Kung tatawid ka uli sa kabila, mararating mo ang estasyon ng tren. Paglagpas doon, may mga *grocery store*. Mula naman sa ’king bintana, tanaw ko ang tahimik na bundok at tulis-tulis na mga halaman. Kahit nakasara ang bintana, tumatagos ang lamig mula sa labas.

Bago ako lumipad ay nakatanggap ako ng tawag sa ’king pinsan. May ibibigay raw siya sa ’kin. Nang makita

ko ay mga litrato nina Lolo at Lola na may mensahe sa likuran. Nakasulat sa Hiligaynon kaya hindi ko masyadong maintindihan. May ilang sulat din nina Mama at Papa nang nagliligawan pa lang ang dalawa. Nanirahan kasi si Mama sa bahay nila noon kaya may ilang sulat silang naitago.

Sobra ang pasalamat ko. Ang mga materyal na ’to ay hakbang sa planong sanaysay tungkol sa ’ming pamilya. Kulang pa ’to para mabuo ang proyekto. Gayumpaman, puwede ko na ’tong maging tuntungan para simulan ang pagmamapa. Dito ako magsisimulang maghanap. Hanapin ang lugar ko sa mundo. Ang aking pagkatuto.

Sabi ko kay Arlene noon: Alam mo, babasahin tayo ng mga apo natin. Sisilipin nila ang naging buhay natin. Titingnan ang ating mga dokumento. Ang ating mga litrato. Aalamin kung saan tayo galing. Saan tayo napadpad. Ang ating pinuntahan. Ang ating mga pinaniniwalaan. Kung sino tayo bilang tao. Maaaring husgahan nila tayo gamit ang lente ng kanilang panahon. Pero ang mahalaga, kilala nila kung sino tayo.

RIZAL
AUSLÄNDER
TABOO

Ausländer din si Rizal.

Twenty-five years old siya nang makarating si Rizal sa Heidelberg. Batang-bata. Mukhang dinapuan siya ng lumbay nang makita ang ilog ng Heidelberg. Marahil na-*miss* niya ang ganda ng Ilog Pasig sa tulay ng lumang siyudad nito. Sa tula niyang *"A Las Flores Heidelberg"* o *"Sa mga Bulaklak ng Heidelberg"* ay dama ang kaniyang pangungulila.

Nang magtungo ako sa Heidelberg ay naintindihan ko kung bakit siya nabighani rito. Naglagi si Rizal sa Wilhemsfeld sa pangangalaga ng pastor na si Karl Ulmer. At gaya ko ay nagandahan din si Rizal sa Ilog Neckar. Sabi ni Dr. Michael M. Coroza, ipinakita ni Rizal sa mga Aleman ang panulaang Filipino gamit ang kaniyang paboritong "*Florante at Laura*." Sabi ni Rizal, may sariling anyo ang ating tula—naiiba ang metro, ritmo at tugma. Tinawag niya 'tong *"Tagalische Verskunst"* o *"Arte Metrica de Tagalog"* na orihinal na isinulat sa wikang Aleman. Hinilingan si Rizal ng samahang etnograpiko sa Berlin na magbigay ng panayam tungkol sa pagtula ng mga Pilipino.

Pero ang interes ko sa pagpunta ni Rizal sa Alemanya o sabihin na nating sa malaking bahagi ng Europa ay kung nagkainteres ba si Rizal tumikim ng puta? Sa dami ng babae sa buhay ni Jose Rizal ay imposibleng hindi siya nalibugan sa ganda ng isang babaeng *European*.

Sa *Bahnhof* (*railway station*) na malapit sa aking pinagtatrabahuan ay makikita ang mga babaeng nakasuot ng *medical mask* na namamalimos sa mga nagmamadaling pasahero.

"Do you speak English?"

"Yes, why?"

"Please, I'm hungry. Can you buy me food?"

Itinuro niya ang malapit na *bakery* sa aming kinatatayuan.

Kahit nakatakip ang babang bahagi ng mukha ng babae ay pansin ang magandang mata nito. Kulay luntian. Ibinaba ng babae ang kaniyang maskara at nagpasalamat.

Saglit kong naisip na puwede ko sigurong dalhin ang babae sa malapit na *hotel*. Bukod sa tinapay ay dadagdagan ko pa ng pera. Maaari niyang tapusin ang oras sa *hotel* at dun magpahinga kapalit ng *sex*. Pero tama ba, tama bang gamitin ko ang kahirapan at kahinaan ng iba para sa sariling kasiyahan at kalibugan?

Bumaling ako sa orasan ng aking *cellphone* at saka umalis.

Habang tinatapos ni Rizal ang kaniyang nobela sa Europa ay mulat niyang naobserbahan ang pagkakaiba ng moral ng mga Europeo at moral ng mga kababayang sakal sa kamay ng malulupit na mga prayleng Kastila.

Sa isang *lecture* na napakinggan, sabi ng *speaker*, sino ang nagturo sa tao kung ano ang moral at hindi? Ang magulang ba, ang paaralan, ang simbahan o ang komunidad? Kung ano man daw sa apat ang sagot, eh, sino ang nagturo sa mga ito? Sino ang pasimuno? *Universal law* raw ang sagot. *Universal law* ang pagtingin ng tao kung ano ang moral sa hindi.

“Ano naman sa usaping etika?” dagdag ng *speaker*.

May etika raw na alam na nating mali pero patuloy pa ring ginagawa. Halimbawa, ang pagpasok sa klase nang *late*. Alam na nating mali ang ma-*late* pero bakit may mga gumagawa? Sa akin naman, bakit mali agad? Paano kung *working student*, nagtatrabaho pala sa *McDonald’s* o sa *Jollibee*, o kaya *BPO*? Paano kung pokpok? Trabaho sa gabi, aral sa umaga. Kailangang kumayod para makapagtapos, para makapaghanap ng ibang trabaho, dahil pagod na sa pagiging pokpok. Pokpok na nga ang lola, pokpok ang ina, pati siya nagpokpok na rin.

Ang hirap sa Pinas ’pag mahirap ka, wala ka nang moral, wala ka na ring etika. Para bang wala ka na ring halaga.

Kahirapan din ang nagtulak sa mga babae sa Europa kaya dumami ang pumasok sa prostitusyon pagkatapos ng *World War I*. Sa Aleman naman, ang tawag nila sa pokpok na nagtatrabaho sa mga *brothel* ay *Frauenhäuser*. Ilan sa mga *Frauenhäuser* ay naiimbitahan pa nga sa mga mahahalagang pagtitipon. Ang serbisyong sekswal sa Aleman ay legal kahit Katolikong bansa ito gaya ng Pilipinas. May kaugnayan daw kasi ang prostitusyon sa kanilang mababang kaso ng panggagahasa. Tingin nila ay may benipisyo ito sa tao.

Itinuring itong trabaho-propesiyon ng mga Aleman kaya't isinulong ang pagpaparehistro at pagbibigay ng atensiyong medikal para sa mga *Frauenhäuser*.

Ang mga Nazi naman ay mababa ang tingin sa mga babaeng bayaran gaya ng mga hudyo kaya't ipinatapon din nila ang mga ito sa mga *concentration camp*. Katagalan ay itinayo ng mga Nazi ang mga *brothel* sa loob ng kampo militar at sa loob mismo ng mga *concentration camp*. Napagtanto nila na ang prostitusyon ay kailangan ng lipunan.

Noong 2002 naman ay nagkaroon ng batas na ang mga *Frauenhäuser* ay magkakaroon ng parehas na benepisyo, kontrata, at binabayarang *taxes* at *health insurance* ng isang empleyado. Ang laban nila ay bigyan dignidad at karapatan ang mga babaeng pakikipagtalik ang trabaho. Ngunit nabigo sila sa pagtaas ng bilang ng *sex trafficking* sa bansa. Ganoon yata talaga 'pag ang progresibong hakbang ay nahahaluan ng negosyo at ang kasakiman ng tao ay nagagamit ito sa pang-aabuso.

Tanong sa akin, *"Warst du?"*

Ipinakita niya sa akin ang litrato sa kaniyang *cellphone*.

Ang Bahndamm ay sikat na *brothel* sa Düsseldorf. Sagot ko, *"Ich bin Hübsch, brauche es nicht."*

Natawa siya sa biro ko.

Hindi ako seryoso nang sabihin ko sa kaniyang guwapo

ako kaya hindi ako napunta sa *brothel*. Ang totoo ay kung may pagkakataon ay pupunta ako. Magiging sinungaling ako kung sasabihing hindi ko pantasya ang makasiping ang 'sang Europiyana. Sa halagang €20 - €50, eh, abot-kamay ko ang aking pantasya. Ganito rin kaya si Rizal tuwing mayroon siyang sobrang pera o tuwing nagkikita-kita sila ng mga kaibigang Filipino Ilustrado?

Sakay ng tren ay masisilayan sa madadaanang gusali ang mga bintana ng Bahndamm. Nakadungaw ang mga babaeng iba't iba ang kulay ng buhok, kutis at tapis. Patungo akong Köln, katabing bayan ng Düsseldorf, kung saan makikita ang *Kölner Dom* (*Cathedral Church of Saint Peter*). Itinuro sa akin ni Arlene ang mga bintana. Naiwan akong nakatitig sa mga hugis parisukat.

Nakapasok na rin naman ako sa loob nito nang minsang kailangan kong mag-*deliver* ng pagkain. Literal na *window shopping*. Ang mga bintana ay may kaniya-kaniyang kulay ng ilaw. Dominante ang kulay rosas, mayroon din namang pula na nakikipag-agaw atensiyon sa bughaw at dilaw. Sa loob ng gusali ay mga kuwartong walang pinto. Mayroon sigurong anim na palagpag ang gusali. Binati ako ng matangkad na lalaki at sa kaniya ko iniabot ang *paper bag* na may lamang pagkain. Iniabot naman niya sa akin ang barya. Hindi ko sinilip kung magkano. Mabilis kong idiniretso sa aking bulsa at dagling umalis.

Narinig ko sa usapan galing sa mga matatagal nang *Ausländer* na mag-ingat at huwag *solo flight* tumungong Bahndamm. Naaamoy ng mga babae ang lalaking walang alam sa transaksiyon. Laganap din daw ang droga sa loob. Karamihan sa mga babae ay galing Africa, Romania at Bulgaria. 'Yung mga bugaw nila ay pinado-droga sila upang makarami.

Tanghali.

Naghihintay ng *delivery*. May babaeng kanina pa pabalik-balik. Nakita ko na siya kaninang umaga. Napansin din ng ilang kasama. Sabi ng isa kong kasama, nakita

niya na tila nagtatago sa pader. Tatakbo na parang may pinagtataguan, pabalik-balik, may ibinubulong, may kausap pa yata sa telepono. Tapos magtatago uli sa pader sabay tatakbo. Paulit-ulit. Kako, baka sabog. Sabi naman ng kasama kong Pinoy, baka nagtatago sa bugaw. Tatawag na sana kami ng *Polizei* (pulis) kaso bigla na lang nawala, hindi na namin makita.

Bukod sa *brothel* ay nagkalat din ang mga *swinger club* sa Germany. Ano ang *swinger club*? Dito nagtatagpo ang mga *swinger* kung saan malaya nilang nagagawa ang kanilang mga pantasyang sekswal gaya ng pakikipagtalik sa maraming kapareha na malayo sa mata ng mapanghusgang lipunan. Karamihan sa mga *swinger* ay magkapareha o mag-asawa. Pinapayagan ng isa't isa na makipagtalik sa ibang kapareha ng kasamang *swinger*. O pakikipagtalik nilang dalawa sa isang *swinger*.

Nang pabiro akong sabihan ng kaibigan na baka magbukas siya ng *Only Fans* para sa mga taong may *foot fetish*. . .

"Who's your customer, Quentin Tarantino?"

"You don't know, maybe I'll get famous."

"Possibly, you'll be surprised at how mentally ill people are."

Balak kong i-*declare* noon na hindi na 'ko Katoliko para maiwasan ang *kirchensteuer* (*church tax*). Ang asawa ko lang ang may ayaw dahil mahihirapan makapasok sa mga katolikong paaralan si Isla. Madali kasing makahanap ng *Catholic school* sa Germany sa dahilan na ito ang pinakamarami. Dalawa kaming kinakaltasan ng *kirchensteuer*. Sabi ng kakilalang *nurse*, "Hindi, pre, hindi ko sinabi, sabi ko *Atheist* ako, si misis ang Katoliko. Ang ganda-ganda ng simbahan nila, *first world country*, kukuhanan pa nila ako ng pinaghirapan ko. Tama na 'yung

kaltas kay misis, papasok pa rin naman siguro ako sa langit."

Isang gabi lang daw.

Boys night out. Palagi akong humihindi. Sabi ko may asawa ako at baka magalit. Bakit daw hindi puwede? Bakit hindi ako magpaalam sa aking asawa? At hindi ko naman daw aasawahin ang mga babae sa *brothel.* Walang pakialam ang babae kung may asawa ako o wala. Kung makita ko sila sa daanan ay hindi rin ako papansinin. *What happens in brothel, stays in brothel*, sabi ng kaibigang Aleman.

Walang personalan, trabaho lang. Tama nga naman. Kaya sinubukan kong magpaalam kay Arlene, ayun, muntikan na akong matulog sa kalsada.

Ang mga *brothel* ay hindi nakaligtas sa pagtaas ng kaso ng COVID-19. Ang pinakamalaking *brothel* sa buong mundo na makikita sa Köln ay tinanggalan ng sigla. Maraming mga *prostitute* ang nawalan ng tirahan at ang ilan sa kanila ay nagkalat sa kalsada ng Aleman. Sa *Bahnhof* ay makikita ang mga babaeng namamalimos.

May ilang araw na may nagkukumpulan sa labas ng *Bahnhof*. May hawak silang plakard habang nakikinig sa babaeng nagsasalita na may hawak na mikropono. Buksan na raw muli ang mga *brothel* sa Düsseldorf gaya ng mga pinayagang *hair salon* at *tattoo parlor*. Kung wala naman silang nakukuhang matinong suporta sa gobyerno ay mabuting pabalikin na lang uli sila sa trabaho. May mga araw naman na ang may hawak ng mikropono ay mga may tutol dito. Dapat tutulan ang pagbukas ng mga *brothel* hangga't hindi naaayos o maayos ang sistema ng *sex work* sa Alemanya. Hindi lingid sa lahat na may malaking porsiyento ng kababaihan ang napipilitang magtrabaho sa *brothel* dahil sa kahirapan, droga, at tanikala sa kanilang mga kaperaha na nagpasok sa kanila sa mundo ng

pagbebenta ng laman na dapat na pagtuunang pansin. Hindi lang pala sapat na gawing legal ang prostitusyon para labanan ang pang-aabuso sa mga kababaihang ito ang hanapbuhay. Isa pala itong mahabang laban.

Magkaaway ba ang dalawang panig? Magkaiba ba ang tindig ng dalawa, o parehas nilang ipinaglalaban ang dapat na karapatan ng mga *sex worker* sa Alemanya?

Sa sulat ni Rizal sa kapatid niyang si Paciano, sinabi niyang ang mga babae sa Timog Europa ay mas liberal kaysa sa iba. Sa dahilang lantaran ang bentahan ng laman. Hinaharang ang mga lalaki upang mag-alok ng ligaya. Dagdag pa ni Jose Rizal na hindi sila basta mga babae dahil may angkin silang nakakabighaning ganda. Ang moralidad nga raw ng kababaihan sa Europa ay may angking kahinhinan at kainosentihan, at ang ilan naman ay babae sa pananamit ngunit nakapapaso ang kapusukan. Kay Trinidad naman, kapatid ni Rizal, ay ibinibida niya ang mga babaeng Aleman. Wala raw pakialam ang mga babaeng Aleman sa kanilang hitsura, sa alahas o sa kanilang kasuotan dahil likas silang masisipag, matatalino at hindi takot sa mga kalalakihan. Makikita nga raw ang mga ito na palaging may mga hawak na libro. Kung ganito lang din sana ang kababaihan sa ating bayan ay wala tayong dapat ikainggit sa kanila.

Matayog at progresibo ang unawa ni Rizal sa kababaihan saanmang panig siya magpunta. Kahit marahil nabasa niya sa Europa ang mga gawa nina Morga na isang Espanyol, kaibigang Austrian na si Blumentritt, at mga Aleman na sina Schadenberg at Jagor patungkol sa mga India (*mujer indigena*) ay hindi nagbago ang tindig niya sa karapatang pantay ang lalaki at babae. Ipinagtanggol tayo ni Pepe, ang ating kababaihan, paniniwala at kultura sa dahilang naniniwala siya na mali ang paratang ng mga banyaga na tayo'y hindi sibilisado, mababang klase at asal-hayop. Kaya naisip ko, ano na lang kaya ang magiging reaksiyon ni Rizal kung malaman niya na minsan may isang presidente ang mahal niyang bayan na mahilig mag-

joke tungkol sa *rape*, na *fin-in-ger* niya ang natutulog na kasambahay, at sana raw siya ang unang gumahasa sa isang *Australian lay minister* na ginahasa ng mga preso ng Davao.

Sabi ni Richard von Krafft-Ebing, isang Alemang *psychiatrist* na malalaman daw kung gaano kasibilisado ang isang kultura sa uri ng pagtingin nila sa usaping sekswal. Sinauna raw ang mga Indio at India dahil tayo'y hindi nahihiya na makita ang kahubaran ng ating mga katawan.

Si Morga, "Mukhang pera ang babaeng Indio, bigyan mo lang ng pera ay bubukaka na! Tingnan mo ang mga lalaki, wala silang keber kung berd'yen pa o hindi na berd'yen ang kanilang mapapangasawa. Kaunti lang sa kanila ang ikinakasal na berd'yen. 'Yung kakilala ko nga ay nagulat dahil napansin niyang bisyo na yata ng mga kabataang Indio ang makipagkantutan."

Binara siya ni Rizal, "Tantanan mo ako, Morga. Baka bulag ka na hindi makitang lantaran ang bentahan ng laman sa Europa na ultimo sa Roma na bayan ng Papa ay maraming nagkalat na puta, kaya't papa'no naging mababang klaseng babae ang isang India kaysa babaeng Europiyana? Hindi ba't mali na pagkumparahin ang dalawa at kung sino mang babae saanman? Don't me!" Dagdag pa ni Rizal, "Saan at kanino mo naman nalaman ang mga 'yan? Nag-fact check ka ba? Baka fake news 'yan!"

Morga: *May record ako, no? Nabasa ko, nakita ko! Dagdag din ng mga Europiyanong tumira sa Las Filipinas, itanong mo pa kay Pigafetta. Ang mga babae pa nga ay bruha dahil sumasabat sa usapan ng mga lalaki, at qué horror, dahil mayroon din silang mataas na katungkulan. Hindi ba 'yon kagaguhan? Ang aborsiyon ay legal. Wala ba silang kakuntentuhan? At karamihan sa inyo'y tatuan, may hikaw*

sa burat, gustong-gusto raw ng inyong mga kadalagahan."

Umentrada ako, "Ay pucha, awatin mo ako, Pepe, at bibigwasan ko 'to wantaym lang."

Rizal: *Huminahon ka, amigo, at pigilan ang 'yong sarili. Hindi kailanman sagot ang karahasan. Bibigyan lang natin siya ng puntos na tayo nga ay mga barbaro, walang talino at hindi sibilisado. Ang totoo, ang bayan natin ay matagal nang progresibo, at silang mga Kastila ang tunay na nagpabansot ng ating identidad bilang Pilipino.*

Imagination ko.

Imagination ko ang sagutan nina Rizal at Morga habang nakatitig sa rebulto ni Rizal sa Wilhemsfeld, ang katabing bayan ng Heidelberg kung saan si Rizal ay naglagi. Gawa ni Anastacio Caedo, isang eskultor na Pinoy. Gusto ko si Rizal dito, nakatingin siya sa malayo, nag-iisip, hawak ang libro at pluma. Tindig ng isang *Indio Bravo*. Gusto sigurong ipakita ni Anastacio Caedo sa kaniyang likha na hindi lang basta lumaban si Rizal sa manlulupig, hindi lang basta binaril si Rizal sa likod. Na si Rizal bago pa man naging bayani ay isang manunulat, palaisip, palatanong, mambabasa, aktibista, estudyante, at kagaya ng mga Pilipino sa Germany ay isa ring *Ausländer* na minahal ang kaniyang bayan kahit pa nasa malayo.

Dahil nandito na rin ako sa Heidelberg ay hindi ko na pinalagpas pa ang pagkakataong makita si Rizal. Ang una kong pinuntahan ay ang isang *hotel* na nasa itaas na bahagi ng bundok. Noong 1851 pa nang itinayo ang *Schlosshotel Molkenkur* na dating isang lumang palasyo. Kapag nasa tuktok ka nito, kitang-kita mo ang buong ganda ng Heidelberg. Kita rin ang tulay nito. Para akong nasa loob ng pinta. Ang mga bulaklak nito na asul, pula, dilaw, lila, at kahel; ang mga gusali; ang tahimik na *Neckar River* na talaga namang nakakainggit.

Nakakainggit kung paano iningatan ng mga Aleman ang siyudad na 'to. Noong giyera nga raw ay ang Heidelberg ang lugar na hindi binomba ng mga Amerikano. Balak daw itong gawing garison pagkatapos. Pero sa tingin ko, sabi lang nila 'yon. Sadyang sayang lang na masira ang ganda ng Heidelberg sa walang katuturang giyera.

Isinama ko ang aking anak at asawa sa paghahanap kay Rizal sa Germany. Nagkandaligaw-ligaw kami. Isang mahabang lakaran at mahabang biyahe. Tanong ni Isla, *"Daddy, where are we going? And why are we walking too long?"* Iniabot ko kay Isla ang tubig sa aking bag bago ko siya sinagot, *"We are going to Luneta."* Nagulat si Isla, *"Luneta? Are we going back to the Philippines?"* Biniro ko siya, *"Maybe."*

Malayo pa lang ay natanaw ko na si Rizal. Tanaw ko rin ang pamilyang nakaupo sa parke. Sinalubong kami ng mga ngiti at kaway habang papalapit kami.

Nakipaglaro agad si Isla sa batang mukhang kaedad niya. Kinamayan naman ako ng isang lalaking Aleman. Tanong ng isang Pilipina kahit *obvious* na *obvious* naman na, "Pinoy kayo?"

Ikinuwento ko sa kaniya na nandito kami para magbakasyon at gusto naming makita si Rizal. Anak pala niya ang kalaro ni Isla. Napansin kong malaki ang tiyan ni Pilipina. Bakat dahil sa kaniyang suot na bestida.

"*Congrats* sa *baby* niyo."

"Salamat."

Itinuro ko si Arlene, "Parehas pala kayong buntis, *babe*."

Kuwento niya na matagal na siya sa Germany at dito na rin nakapangasawa. *Nurse* siya sa Berlin noon at nagpasyang lumipat sa Wilhemsfeld.

"*We're just living on the next street*," sabi ng lalaking Aleman.

Sa kabilang bahagi naman ng *Rizal Park* sa may

ilalim ng puno ay may mga nagpapahingang kababayan. Kinawayan ko at kinawayan din ako pabalik.

"Gusto niyo litrato? *Picture*-an ko kayo?"

Galak kong iniabot ang aking kamera.

Arlene, Isla, at ako sa harap ng rebulto ni Rizal sa Wilhelmsfeld, 15 August 2021.

ALJO
AUSLÄNDER
TABO

Bukod sa mga libro ay dinala ko rin ang isa sa pinakaimportanteng bagay na sumisimbolo ng aking pagka-Pilipino. Hindi ka malupit na *true-blooded* Pinoy *OFW* kung wala ka nito, at marahil nagdala rin si Rizal nito.

Siyempre, ano pa ba? Hindi ko kinalimutan magdala ng tabo. Bumili ako ng tabo sa may Baclaran. At sa tuwing ginagamit ang tabo, hindi ko maiwasang maalala ang takbo ng buhay natin sa Pinas. Sa atin, umaga pa lang kasama na natin ang tabo. Maliligo, magsisipilyo, o maghuhugas ng kamay at mukha. Gigising tayo sa umaga, magmamadali (upang hindi mahuli sa pupuntahan). Paglabas ng bahay ay simula na ng bardagulan. Ang usok. Ang ingay ng paspasang *jeep*. Ang pag-aabot ng bayad na lapit braso sa ating katabi kahit hindi naman natin ka-*close*. Sisigaw tayo, "Para!" Kung minsan ay hihilahin ang tali ng sasakyan. Sa *rush hour* naman, siksikan at trapik kaya mapipilitan tayong sumabit sa dulong estribo. Hindi pa nagsisimula ang araw, mga 'teh, hitsurang pauwi na tayo. Mukha na tayong tae.

Kaya nagustuhan ko ang transportasyon ng Alemanya—ang kanilang mga *bus* at tren. Ang kanilang mga kalsadang ligtas sa mga siklista at mga tao na lakad ang gamit sa kanilang pupuntahan. Palagi nga akong naglalakad patungong trabaho. At gaya ko, marami ring pinipiling maglakad na lang sa dahilang tipid sa pamasahe at maganda sa kalusugan. Ang mga Aleman, mahilig maglakad-lakad. May tawag nga sila rito, *"Spaziergang"* o *"Spazieren Gehen"* na literal na *strolling* o lakad-lakad. Isa rin siguro sa nagustuhan ni Rizal sa Heidelberg ay ang pagiging *walking city* nito.

Sa Thailand, ilang beses akong napagkamalang lokal. Tina-Thai nila 'ko. Nang makitang 'di ko sila maintindihan ay saka ako kakausapin sa Ingles. "*Yes, turn left*," turo ng *janitor*. Hindi ko kasi mahanap ang *CR*. Nakakaligaw ang *Suvarnabhumi Airport*. Komplikado. O baka hindi lang ako sanay sa malaking *airport*.

Naiinis nga si Arlene na ang airport sa Thailand ang pinakaayaw niya. Bukod kasi sa malayo ang distansiya ng

mga *gate* ay kulang din sa *signages*. Pansin din sa mukha ng ibang mga *foreigner* ang kalituhan. Sa isip ko, “Ahhhh . . . mas gusto mo pa ang NAIA kaysa Suvarnabhumi, aba masokista.”

Sabi ni Arlene, “Tumae ka na sa airport. Kasi mamaya, *12 hours* ang biyahe.”

Ch-in-eck ko ang banyo; malinis, mabango, may *liquid soap*, at higit sa lahat, may *bidet*. Ang problema nga lang, hindi ako matae, namamahay ang puwit ko.

Pagsampa namin ng eroplano, dun pa lang ako natae, “*Babe*, natatae ako.” Sumilip siya sa dulo, may mga pasaherong nakaupo malapit sa banyo. Bungisngis niya, “Kapag naamoy ka, dedma ka lang.” Inabutan ako ng *bottled water*. Sa isip ko, mamaya na, tiisin ko muna, mawawala rin ’to.

Hanggang nakatulog.

Pagkagising.

Patay ang ilaw. Tulog ang mga pasahero. Itinuloy ko ang maitim kong balak.

Pagkatapos kong magpasabog ng mga kinain sa inidoro ay biniro ko si misis, “*Babe*, sosyal ng tae ko, umabot ng Europe.” Ang siraulo ko raw.

Sumbong niya sa ’kin noon na ang hirap tumae sa Germany dahil walang tabo. Wala naman siyang mabibilhan ng tabo. Kaya ang ginawa niya ay babasaging baso ang ipinanghuhugas niya ng puwit. Ipinaalala ko sa kaniya na lagyan ng palatandaan, baka maibalik pa uli sa kusina.

“Sanay na nga ’ko gumamit ng tisyu,” dagdag niya.

“Wala bang *bidet*?”

Wala raw, hindi uso ang *bidet* sa Germany, tisyu ang pinanghihimod nila ng tae.

Dalawang araw pagkatapos naming dumating ng Klettgau. . .

Tinapik ako ni Arlene, "'Yan 'yung *landlady,* batiin mo."

May sukbit siyang *basket* na may lamang gulay at karne. Mukhang malayo ang nilakad. Hingal kaming kinausap, *"Hallo! Wie ghets?"*

"Hier ist mein Mann und meine Tochter," ipinakilala kami ni Arlene. Hinalikan niya si Isla sa pisngi at nakipagkamay naman sa 'kin. Ilang saglit niya 'kong tinitigan bago bumaling kay Arlene. Matagal silang nag-usap. Ikinumpas-kumpas pa nito ang mga kamay na parang may itinuturo. Seryoso ang mukha. Naintindihan ko. Pinagsasabihan kami tungkol sa basurahan.

Tinatanong niya kung nasaan ang aming basurahan. Dipensa ni Arlene, kakauwi lang niya at matagal na siyang um-*order*. Noong nakaraang buwan pa. Matagal kasi ang *request* dito dahil *snail mail* pa rin ang gamit at ilan lang ang nagamit ng *e-mail* lalo pa't probinsiya ang Klettgau. Pagkalipas ng ilang linggo, dumating ang mga basurahan.

Sa 'kin, wala naman talagang isyu sa paggamit ng tisyu, mas gusto ko lang gumamit ng tabo.

Noon, bao na may kawayang-hawakan ang tabong ginagamit natin. Mayroon tayong tabo para sa kusina, para sa labas ng bahay at tabo para pangkubeta. Ginagamit din ang tabo sa paglilinis ng bakuran, pagdidilig ng halaman, paghuhugas ng plato, pagligo, pati na rin pagsasalok ng tubig na inumin. Pakiramdam ko nga, tabo ang simbolo ng ating kalinisan. Pero kung mahalaga sa 'tin ang tabo, ang paglilinis sa sarili, anong nangyari? Ayaw ba ng mga Kastila na malinis ang mga Indio? Ang tabo ba sa kanila ay taboo?

Itinuro sa 'kin ni Arlene ang sistema ng basura sa Germany. Binuksan niya ang bintana. At sa 'di kalayuan, ang mga basurahan. Sa itim na basurahan inilalagay ang mga bagay na ginamit ng tao. Halimbawa: *napkin, diaper, used cottons*, pinagsingahan, pinampunas sa puwit, basta lahat ng nakakadiri. Sa asul naman ang mga papel at karton.

Sa *brown* ang purong nabubulok gaya ng tirang pagkain. Sa dilaw naman ang mga plastik. Banat ko, “Pa’no kung nagkamali ako, nailagay ko ang mga tira-tirang kanin sa dilaw?” Sa gano’ng sitwasyon, maaari kaming magbayad ng *penalty*.

“Pa’no malalaman?”

Nakapangalan nga pala sa ’min ang mga basurahan. Nagbabayad kami buwan-buwan para dito.

Isang beses sa isang buwan kinokolekta ang mga basura. May araw para sa itim, asul, dilaw at *brown*. Kadalasan dilaw ang naiibang *schedule*. Nasa diyaryo kung kailan ang petsa ng kolekta. Linggo-linggo, may natatanggap kaming diyaryo na nakakaaliw din namang basahin kahit hindi ko ga’nong naiintindihan. May pahina para sa mga mangyayaring *activity*, at mga importanteng *announcement* gaya ng *schedule* ng basura. Kaya sobra ang paninibago ko nang lumipat kami sa Düsseldorf. Ang mga sistemang nalaman at naintindihan sa Klettgau ay biglang nabago. Sabi nga ni Arlene na isipin ko raw na iba ang mga Aleman sa Klettgau at iba rin ang mga Aleman sa Düsseldorf.

Sa publiko at pribadong banyo madalas ay may tagalinis at tagabantay. Wala pa akong nakitang hindi *Ausländer*. Kung hindi itim, minsan *brown* ang kulay. Sabi sa ’kin ng isang kaibigang Latino ay magbigay raw ako kahit 1 euro. Mahirap daw kasi ang maglinis ng dumi ng iba. At sa mga gaya naming *Ausländer*, ang ganitong klaseng trabaho ay may epekto sa dignidad ng tao.

Naintindihan ko si Arlene kung ba’t siya naii-*stress* sa sistema ng basura sa Germany. Nagtalo pa kami nang makitang mali ang pinagtapunan kong kulay. Sabi niya, “Nasanay ka kasi sa atin, sa tabi puwede na. *Here, babe, NO, you can’t do that!*”

Hindi ako umimik. Tahimik kong kinausap ang sarili na, *‘Tang’na naman kasi, ilang taon na ba ang bansa natin kaysa sa kanila na may mahabang rebolusyon at ebolusyon?’*

Tayo mukhang mahaba-haba pa ang naratibong lalakbayin.

Noong 2017 nga lang, sa *health survey* ay 4.5% sa 'tin ang walang sariling kubeta. Kung mayroon man ay sira rin kaya parang tumae lang sa kung saan; tapon sa ilog, sa bubong, o sa tren. Naintindihan ko rin kung bakit maraming estudyanteng natae sa kanilang salawal. Tanong ko nga, bakit sa loob ng bahay ang linis-linis natin pero sa labas nakakasulasok tayo? Ito ba ang intindi natin sa pangit ang labas pero maganda ang kalooban?

Hayskul, madalas akong tuksuhing negro, ulikba, libag, na pasalamat na lang ako na hindi ipinanganak na kulot. Ang baba ng *self-confidence* ko tuwing pumapasok sa klase. At dahil sundalo si Papa ay itinatago-tago ko pa sa aking *school bag* ang aking mga kaartihan. Sa loob ng aking bag ay mayroon akong *Eskinol* na patago kong ipinapahid sa gabi. Pati na rin *Chin Chun Su* na patakas at palihim kong hinihiram kay Mama. Gumamit din ako ng *Mena* noong nagpalit si Mama ng *brand*. Kaya tuwing tanghali, tirik na tirik ang araw, tuwing inuutusang bumili sa tindahan sa may kabilang kanto ay nakatalukbong ako ng tuwalya.

Tuwing *lunch break*, grupo kaming tutungo sa banyo ng paaralan para maglinis ng mukha. Kasama ko ang mga kaklaseng lalaki na laging may baong panyo na may palamang pulbo. Ang iba gamit *Master*, sa akin *Ponds*. Isa ngang kaklase ang nakipagsapakan dahil nasanggi ang kaniyang buhok na may *gel*.

Ang gamit namin noon ay *Michael Styling Gel* na may iba't ibang kulay at mabango.

Sa pananamit, gusto kong maayos akong tingnan. May sarili akong porma. Ayoko ang masyadong pormal. Si Arlene, gusto niyang suot ko palagi ay *polo*, *long sleeves*, o kung anong damit na may manggas. May kaitiman daw kasi ako kaya *redundant* na kung *rugged* pa ang suot ko. Si Rizal din naman at mga kaibigan niyang ilustrado sa Europa ay mapili rin sa pananamit. Mamamatay na nga

lang si Rizal gusto nakaporma pa.

Isa sa mga kabaduyan *trends* noong *high school* ay *elephant size* na pantalon at XXL na *polo* na may *back print* na *Samurai* o kung anumang *anime character*. Tuwing *Christmas party*, pare-parehas kami ng suot. Isang taon nga lang nauso kaya ginawa na lang basahan sa bahay. Tuwing nakikita ko nga ay napapabuntong-hininga na lang.

Matagal daw akong maligo kaya palaging biro ko na gusto ko kasi pati kaluluwa ko babango. Pero ang dahilan ay marami akong seremonyas sa katawan, marami akong ipinapahid, na bukod sa sabon gusto ko ay may gamit din akong *bodywash*. Ayokong mangamoy sabon lang ang katawan. Sa pabango naman, alam ko kung saan ko dapat ilalagay. Isang wisik sa katawan, isa sa leeg, isang wisik sa pulso sa ibaba ng palad at ang huling wisik ay sa damit.

Gusto ko ay mabango kahit mukhang pinagpapawisan.

Lumalakas kasi ang loob ko. Pakiramdam ko ay kaya kong makipag-usap at humarap kanino man. Sabi ni Papa na kausap si Mama habang nakaharap sa salamin, "Paayos ko kaya ang puwit ko 'pag *retire* ko, *sweetheart?"* Tawa nang tawa si Mama. Hinahawak-hawakan pa ni Papa ang kaniyang puwit at itinutulak-tulak paitaas. Sabi pa niya, "'Yung kasama ko nagpaayos ng ilong at nagpa-gluta."

Niregaluhan ako ni Arlene ng *capsules*, pati na rin 'yung iniinom na lasang *Red Bull*. Binilhan niya 'ko dahil maganda raw ito sa bituka. Sa katagalan, hindi naman ako pumuti, kuminis lang. 'Yung kulay ko hindi nagbago. Ang paliwanag ay *side effect* lamang pala talaga ang *whitening effect* ng *gluta*. Sumuko na rin ako sa pangarap kong pumuti. *Thirty-four* na ako, tanggap ko at mahal ko ang aking kulay.

Pero heto ha, bolahan tayong dalawa, huwag mo nang i-tsismis sa iba. May dugo raw kaming Espanyol sabi ng tito kong mapagbiro na palaging sinasabing kamukha niya raw si Richard Gomez kahit kamukha niya talaga si Paquito.

Kung makikita mo ang aking lola, mestiza. Ang lolo ko naman, moreno. Si Papa mamula-mula raw noon ang

pisngi. Nangitim nang nagsundalo. Hindi na bumalik ang kulay. Nasunog sa araw.

Kaya hindi naniniwala ang mga kaibigan ko nang ipakilala sa kanila ang aking pinsan. Ba't maputi raw tapos ako maitim. Si Arlene nang makita ang tito ko, "Ba't mapuputi mga kamag-anak ninyo?"

Kung makikita lang niya ang iba kong kamag-anak sa Leyte at Dumaguete, may maitim at may maputi. Sa katunayan nga, naghahanap ako ng batik-batik kasi gusto kong i-*adopt*. Pangarap ko rin kasing mag-alaga ng tuta.

Madalas kong sabihin na ang kutis ko ay kayumangging kaligatan. Magtataka ang mga kaibigan, "Ano yon?" Idudugtong ko naman, ". . . kayumanggi pero *dark*." Magtatawanan, "E, 'di maitim pa rin, pa-*dark brown*-*dark brown* ka pa diyan. Ano ka, tsokolate?"

Kaya naiintindihan ko ang mga lalaking naging banidoso. Kung parehas tayo ng karanasan o mas malala pa diyan, malamang marami ka ring kaartihan.

Sabi sa *CNN International*, ang mga lalaking Pinoy ang pinaka-*narcissistic* sa buong Asya, na parang hindi naman totoo. Paano ang mga Koreano? Hindi ba mas banidoso ang mga lalaki nila? Pakiramdam ko, ang pagputok ng K-pop ang isa sa mga dahilan ng paglaki ng "*metrosexuality*" sa bansa. Mas gusto ng ating mga babae ang hitsura ng mga Koreano. At ito ang nagtutulak sa mga Pinoy na gayahin sila.

Sa totoo lang, wala naman talagang masama sa pag-aayos ng sarili. Ipinapakita mo lang ang pagiging malaya. Inilalabas ang sarili mong sining (arte). Gusto mo lang maging presentable sa iba at lalo na sa sarili. Ang masama ay kung itinutulak na tayo ng lipunan kung ano ang maganda sa hindi maganda. At ano ang katanggap-tanggap na ganda sa hindi katanggap-tanggap na ganda.

Paglilinis din ng kanilang bansa ang dahilan ng pagpapatapon ng mga Nazi sa mga binansagan nilang kalaban ng estado. Sila ay ang mga detenidong politikal,

mga Mga Saksi ni Jehova, mga Bakla, mga Itim, mga Hudyo at ilang ibang lahi sa kanilang mga *concentration camp* bago pagpapatayin.

Si Rizal ay ganoon din para sa mga Kastila. Isa siyang Filibustero kaya ipinatapon sa Dapitan at katagalan ay pinabaril sa Bagumbayan.

Disyembre 6, 2019 nang ideklara ng isang *mayor* na *persona non grata* ang ilang kabataang aktibista sa Maynila. Nang malaman natin ang bandalismo ay galit na galit tayo. Eh, pa'no, bagong pintura ang Maynila. Ang ganda-ganda. Maaliwalas. Parang masarap pasyalan. Pagkatapos ay dudumihan lang? Patay malisya tayo tuwing kakagat ang gabi ay malansang dugo ang amoy ng buong siyudad. Na itatanong sa sarili, *'Bakit hindi sa mga dungis na 'to tayo nagagalit?'*

Saka ko maaalala ang malaking *collage* sa 'king harapan. Isang *art exhibit* sa Pasay ang aking pinasyalan.

Nakatingin sa akin ang mga mukhang hindi ko sigurado ang edad. Mga litrato ng babae, lalaki, bata, mga hindi kilala. Siguro ang iba sa kanila ay mga ina, ama, ate, kuya o marahil anak ng mga magulang na matagal na silang hinahanap. Larawan ito ng mga simpleng tao. Pangkaraniwan. Akala ko nga ay koleksiyon ng iba't ibang emosyon, o ng mga *selfie*.

Narinig lang sa katabi na mga litrato pala ito ng mga biktima ng *War on Drugs*.

Parang basurang itinapon lang. Na sa limitadong espasyo ng pader ay hindi pa naisama ang litrato ng ilan.

Kuwentuhan nga namin ng kaibigan, "Kapag mahirap ka lang dito, tol, tae ka." Isipin ko raw, noong nilinis ang *Manila Bay*, may naghanap ba sa mga *illegal settler*? Wala. Tingin kasi natin sa kanila ay mga dumi na dapat tanggalin sa halip na tulungan. Na kahit nga nakapag-aral ay dumi pa ring naituturing. Gaya ng mga gurong napilitang gawing silid ang mga banyo ng kanilang pinagtuturuang paaralan dahil sa kakulangan ng pasilidad. Kung makikita

na mapapanood sa balita, nakalatag ang mga *paperwork* sa arinola at sa lababo. Mapapamura ka na lang. Hindi ba 'yon nakakababa ng dignidad?

Ikinukuwento sa amin ng *taxi driver* ng sinasakyang kotse ang kasaysayan ng Berlin at ang mga pader nito. Marami raw sa mga tao noon ang matagal na nawalay sa kanilang mga pamilya. Karamihan ay nagsimatay na, na hindi man lang nakitang muli ang kanilang mga mahal sa buhay. Itinuturo niya ang pamosong *Brandenburger Tor*. Sabi niya noong hindi pa nagla-*lockdown* ay maraming turista ang napunta. Sa dami nga raw ng tao ay mabagal ang usad ng kaniyang sasakyan.

Wala sa hinagap ko na makakarating ako rito kasama ang aking pamilya. Nakakamangha ang ganda at laki ng *Brandenburger Tor*. Ang mga binti nito ay parang mga binti ng higanteng elepante. Sa tuktok naman nito ay apat na kabayo na hila-hila ang isang karuwahe sakay ang babaeng may hawak na sibat. Hindi ko maiwasang tanungin ang sarili kung ilang importanteng tao na kaya ang lumakad sa nilalakaran ko at sinong mga sikat na personalidad na kaya ang tumapak sa tinatapakan ko ngayon?

Ibinaba kami ng *taxi driver* malapit sa *Brandenburger Tor*. Ito raw ang *main street* ng Berlin. Itinuro niya ang *Unter den Linden*, masarap daw maglakad-lakad dito.

Ito rin ang paboritong pasyalan ni Rizal tuwing mayroon siyang libreng oras. Pinagmamasdan ni Rizal at iginuguhit ang pamumuhay ng mga Berliner.

Ilang lakad paglabas ng *Brandenburger Tor* ay matatagpuan ang *memorial* ng mga Hudyong pinatay noong *holocaust*. Makikita rito ang mga kulay abong parisukat na kapag nilakad mo ang mga pagitan ay para kang nasa loob ng isang labirinto dahil sa magkakaiba nitong laki at taas. Pakiramdam ko nga ay nasa loob ako ng sementeryo.

Pagpapakita raw ito na ang mga naging biktima ng *holocaust* ay may iba't ibang edad, kasarian at katayuan sa buhay. Ilan sa kanila ay hindi na napangalanan. Habang

tinatahak ko ang mga pasikot-sikot nito ay may kung anong kalungkutan. Ito ang hakbang ng mga Aleman na ipaalala sa bagong henerasyon kung ano ang kahihinatnan ng isang lipunan na may pinunong uhaw at mapang-abuso sa kapangyarihan. At kung paanong ang tao ay maging isang halimaw.

Kamay na bakal daw ang kailangan ng bansa para tayo ay umayos, luminis, at tuluyang matanggal ang droga, korapsiyon at kahirapan.

Ang ilan ay sasabihin na ang problema ng bansa ay ating kawalang disiplina. Tuwing napag-uusapan ang pagiging pasaway nating mga Pilipino ay magkaroon sana tayo ng duda—*totoo bang ganito tayo?* Dahil kung totoong pasaway nga tayo ay bakit tuwing nalipat tayo ng ibang bansa ay natututo tayong tumawid sa tamang daan, natututo tayong sumunod sa batas trapiko, sa batas ng pagtatapon ng basura, sa batas ng pakikipagkapwa at kaayusan? Baka wala sa atin ang problema, wala sa tao, kundi nasa sistema?

“Mukha ka nang adik, anak,” sabi ni Mama nang makita niya ang *tattoo* ko sa balikat. Ang dumi ko raw tingnan at mahihirapan akong makahanap ng trabaho.

Sa Alemanya ay wala naman silang pakialam kung ikaw ay maraming hikaw o tadtad ng tinta ang katawan. Ang mahalaga sa kanila ay maayos kang magtrabaho. Masipag mong nagagampanan.

May tatuang *nurse*, tatuang pulis, tatuang sundalo, tatuang guro, tatuang nagtatrabaho sa *restaurants*, sa *grocery stores*. Kahit ano pang trabaho ’yan, walang kaso kahit tadtad ka ng pinta sa katawan.

Paalam sa ’kin ni Arlene noon, “*Babe*, pa-tats ako, okay lang?” Pangalan ko raw ang ilalagay niya. Sabi ko, ’wag na. Marami akong kilalang nagpa-*tattoo* ng pangalan ng asawa o jowa na nagkahiwalay. Ang payo ko, ipalagay na lang niya ang gustong-gusto niya. Permanente na kasi ito. Walang tanggalan. Sa Germany ginawa ang unang *tattoo*

niya. Sinulid ito na naka-*ribbon* sa kaniyang bisig. Kulay pula ang tinta kaya litaw ang ganda lalo na't may kaputian siya. Hindi ko na tinanong kung bakit 'yun ang disenyong pinili niya.

Gaya sa 'tin, may mahabang kasaysayan ng *tattoo* ang Germany. Ang emperador daw ng Germany ay may tintang krus sa likod ng kaniyang mga kamay.

Sa ating bayan naman, pagdating ng Kastila ay nabago ang kultura natin ng *tattoo*. Tuluyan naging hindi katanggap-tanggap ang pintados sa 'ting kamalayan.

Nang maipasa sa 'kin ang isang proyektong *script* para sa isang *animation series* ay sinimulan kong magtanong-tanong at magbasa tungkol sa kultura natin ng Pintados. Ang kuwento sa serye ay maglalakbay ang apat na bida sa lugar ng Samal kung saan makikilala nila ang mga mandirigma na maraming marka sa katawan. Sila ang Pintados.

Mababasa ang Pintados sa mga tala ni Pigafetta nang makarating sila sa Isla ng Cebu at tinawag itong *Las Islas de los Pintados* o *The Island of the Painted ones*. Makikita ang mga Pintados sa lugar ng Cebu, Bohol, ilang bahagi ng Negros, at Leyte. At ang tawag sa tradisyon nilang ito ay *Batuk* o *Patik*.

Sa kuwento, maririnig ang tunog ng mga tambol, palakpak ng mga kamay at padyak ng mga paa sa lupa. Nakapalibot ang lahat ng mandirigma ng Samal sa gitna ng sigâ.

Makikita natin na ang lahat ng nakatira sa Samal, mapababae man o lalaki ay may mga marka sa kanilang katawan. Ang may pinakamaraming marka ang pinakamatapang, makapangyarihan at magaling sa labanan. Sa mga babae naman, mas marami, mas maganda ang posisyon sa lipunan. Kaakit-akit.

Ang mga marka sa kanilang katawan ay simbolo ng katapangan. Pagkapanalo sa digmaan.

Sa modernong tao, may kaniya-kaniyang kahulugan ang mga tinta. May para sa pag-ibig, saya, selebrasyon, repleksiyon ng galit at negatibong karanasan sa buhay. Gaya nang minsang may sinamahan akong magpa-*tattoo*. Ang bida ko sa kaniya, may istorya ang aking mga marka. Gusto kong malaman ang sa kaniya. Na kung bakit *ice cream* ang gusto niyang ipalagay. *Cute* raw kasi, sagot niya. Nakita niya sa *internet*. Ikinuwento ko naman ang akin. Ang ibang kuwento pa nga ay lihis sa simbolo nito. Katagalan ay napilit ko rin siya. Ikinuwento niya ang tunay na istorya kung bakit *ice cream*. Tungkol pala 'to sa kaniyang nanay.

Naulan ngayon ng *snow*.

Pabago-bago ang panahon. Kahapon, mainit. Ngayon naman, sobrang lamig. Lumabas kami ni Isla dahil ito ang unang beses naming maranasan ang pagbagsak ng *snow*. Halatang *first time* namin, kami lang kasi ang nasa parke. Sa napanood kong pelikula, akala ko parang malambot na mga bulak ang *snow*. Yelo pala talaga na maliliit. Pagbagsak sa 'yong palad ay agad na natutunaw. Kapag nalakas naman ang hangin ay may hapdi sa mukha. Kung makikita mo lang ako ngayon ay namumula ang pisngi ko. Nga pala, alam mo, itinigil ko na ang paninigarilyo. Eh, pa'no ang mahal. Kung i-*convert* mo sa *peso* nasa 400. Ipunin ko na lang. Mahal kasi ang bigas dito. Ang mura dito ay patatas, *broccoli* at carrots, pamalit namin sa kanin. Nakaka-*miss* din ang *unli rice*. Kaya kapag nakauwi ako sa atin ay kakain ako sa *Mang Inasal*.

Sa tipid nga namin dito, iniipon namin ang mga boteng babasagin, boteng plastik at inuming lata.

Bago kami mag-*grocery*, pupunta muna kami ng *leergutautomat*. Ito ang tawag sa *machine* na tumatanggap ng mga bote (na *actually* kasama sa presyo ng inumin na binabayaran at sa Pinas ang tawag natin dito ay deposito). Masipag akong magpulot ng bote. May mga bote sa

parke, malapit sa mga basurahan, o sa tambayan ng mga kabataang nag-iinuman. Pinupulot ko ang mga bote at dinadala sa *leergutautomat*.

Ang iba kasi hindi na ibinabalik, iniiwan na lang, kaya iniipon ko hanggang makarami. Sa naipon naming bote, nakabili kami ng apat na kilong bigas. Nakabili rin kami ng dalawang matatabang talong, isang malaking *sausage*, at dosenang itlog. Sobra-sobra na 'to para sa 'ming tanghalian at hapunan. Kaya totoo nga ang sabi, may pera sa basura.

Sa tatlong taon kong paninirahan sa Alemanya ay napagtanto ko na ang disiplina ng isang bansa ay nagsisimula sa tiwala ng mamamayan nito sa gobyerno. *Vertrauen* ang tawag ng mga Aleman dito. Tiwala. Kung walang tiwala, walang disiplina.

Isa sa mga art exhibit sa Cultural Center of the Philippines.

Kuha ni Arlene habang naglalakad ako sa Holocaust Memorial, Berlin, 17 March 2021.

MEIN ENGELSKIND

October 7, 2021

Sollingen, Germany

Gamit ang *ultrasound* ay masaya kong narinig ang pintig sa loob ng tiyan ni Arlene. Sabi sa amin ni dok, wala raw eksaktong paliwanag kung bakit nangyari. Misteryoso raw ang galaw ng *genes* ng tao.

Hawak ko ang kamay ng aking asawa.

"Do you both have any history in your family?"

"None, doctor," sagot ni Arlene.

Bumaling sa 'kin ang doktor. Pilit kong inalala kung mayroon ba kaming kamag-anak na may *Down syndrome*.

Umiling ako.

Itinuro ng doktor ang babang bahagi ni Samantha. Bukod daw sa *Down syndrome* ay may problema rin sa tiyan ang bata. Maaaring mabagal ang *developmental growth* ng kaniyang *digestive system*. Sa puntong ito, hindi ko na maintindihan ang ibang paliwanag ng doktor. Sumabog na sa loob ng kuwarto ang mga salita at wala akong lakas hulihin at pulutin para intindihin ang mga ito. Ngunit si Arlene, matapang na pinakikingan ang doktor.

"Kukuhanan daw ako ng sample, *babe*."

"Para saan?"

"Titingnan kung may problema ang bata o wala."

Umupo ako sa gilid ng kaniyang kama. Bumulong, "Kaya mo 'yan, hinga ka lang nang malalim."

Nang makita ko ang mahabang karayom na itutusok sa kaniyang tiyan ay dagli akong napapikit. Napahigpit din ang kapit sa kamay niya.

Walang pagsidlan ang aming saya nang malamang buntis si Arlene. Hirap akong makatulog kaiisip ng pangalan.

Matagal na kasi naming planong sundan si Isla. Babae ba o lalaki? Si Arlene, ang gusto niya lalaki. Ako? Kahit ano, lalaki man o babae, basta malusog, masaya na ako.

Pagkatapos tanggalin ang ga-*toothpick* na *contraceptive* sa likod ng kaniyang braso ay sinimulan ko na ang pagpapalakas ng katawan. Panay ang bisikleta ko at bawas ng kain. Uminom din ako ng *vitamins* pampalakas semilya. Si Arlene naman ay sinimulan na ang kaniyang *fertility medication*.

Dahil sa mga paghahandang ito kaya mahirap paniwalaan ang mga bagay-bagay. Pilit kaming kumakapit sa magagandang bagay at paniniwala na may nakalaang himala sa amin ang Diyos. Kaya nang pinayuhan kami na magpa-*genetic-chromosomal test* ay agad naming inayawan. Napakaaga pa yata para sabihing may mali. Para saan pa? Ilang araw naming pinag-isipan bago kami napapayag. Sa galit ko nga ay iginiit ko kay Arlene na maghanap ng ibang doktor dahil pakiramdam ko ay nagbibigay lang ng sakit ang doktor para ma-*maximize* ang benepisyo ng aming *health card*. Mas maraming proseso, mas maraming kita para sa kaniya. Huwag naman daw gano'n, sabi ni Arlene. Espesyalista ang doktor, alam niya ang kaniyang ginagawa.

"E, 'di maniniwala na lang tayo sa kaniya na may *Down syndrome* nga?"

Ilang araw ang lumipas bago kami muling bumalik. Gusto uli naming magpa-*ultrasound* para makasigurado. Wala pa raw resulta ang aming *test* pero inunahan na niya kami na ihanda ang aming sarili. Sa pangalawang pagkakataon ay nakita uli namin ang masiglang nilalang sa tiyan ni Arlene. Ang kulit, ang likot-likot. Babae ang anak namin sabi ni dok. Nagkatinginan kaming dalawa ni Arlene. Ngumiti kami sa isa't isa.

Sa mukha ng doktor ay bakas uli ang alinlangan. Kung ano raw ang nakita niya noong una ay ganoon pa rin ngayon. Ipinaliwanag niya uli na may nakikita siyang

tubig sa batok ng bata, ang kaniyang tiyan ay puno rin ng tubig, at ang ulo niya ay maliit kaysa normal na sanggol. Sabi ng doktor, maaaring may *Aneuploidy* ang aming anak. Mayroong kulang o sobrang *chromosome*. *Pa'no nangyari 'yon,* tanong sa sarili.

Dumating ang resulta.

Kinuwestiyon ko agad ang Diyos. Bakit kami ang pinili Niya na dumanas ng ganitong sakit at ganitong pagsubok? May mali ba kaming ginawa?

Kung tatanungin kung nagalit ba ako, ang sagot ay oo. Galit na galit, na kung puwede lang Siyang hamunin ng suntukan ay ginawa ko na. Na ang lahat ng sakit na nararanasan ng aking asawa ay aking kukunin at gagamitin sa pakikipagbuno sa Kaniya.

Kaya madali kong nakita ang sarili sa isang eksena sa simbahan sa seryeng Maria Clara at Ibarra kung saan kinukuwestiyon ni Klay (Barbie Forteza) ang Diyos. Kung bakit wala itong ginagawa at kung bakit dinala siya nito sa libro ng Noli [Me Tangere] kung puros sakit lang din naman ang mararanasan niya. Sinong tao ba ang hindi kumuwestiyon sa Diyos? Marahil si Rizal ay galit na tinanong ang Panginoon kung bakit hinayaan ng Diyos na mamatay ang kaniyang kaisa-isang anak.

Sa buhay natin, minsang nagtanong tayo sa Kaniya kung bakit ganito ang buhay natin o *trip* lang ba Niya talaga na pahirapan o mahirapan tayo. Pribado o pasikreto nating ginagawa. Patago. Kung masambit man natin sa Kaniya ay agad at takot nating babawiin at ihihingi ng tawad.

Sabi ng mga prayleng Espanyol, kasalanan ang manumbat at magkuwestiyon sa Kaniya. Itinuro sa atin ng mga mananakop na bawal kuwestiyunin ang Diyos. Ang akto ng pagtatanong ay paglaban. Tanggapin na lang natin ang handog Niya masakit man ito o masarap, tanggapin natin lahat. Kaya pati sa mga naghahari-harian at diyos-diyosan ay takot tayong magtanong. Nasaan ang pera? Anong ginawa niyo sa kaban ng bayan? Bakit kayo

pumapatay na dapat kayo ang pumoprotekta? Nasaan ang pangulo sa panahong kailangan siya ng tao? Ang magtanong ay paglaban, aktibista, terorista, *erehe*, isang *filibustero*.

Kung tunay ngang bawal kuwestiyunin ang Diyos o paminsan ay sumbatan Siya . . . ay baka *selfish* ang Diyos, o kaya'y hindi tunay na mahal ng Diyos ang tao.

Pakiramdam namin ni Arlene sa panahong naghahanap kami ng makakapitan ay hindi kami mahal ng Panginoon. Sabi ko kay Arlene, "Hindi, maghanap tayo ng ibang doktor." Mabuti na lang ay malawak ang benepisyo ng aming *health card* kaya nag-*undergo* kami sa isang *Amniocentesis test* sa ibang doktor. Sa pangalawang pagkakataon ay tinusok uli ng mahabang karayom ang tiyan ni Arlene. Sa pagkakataong ito, matapang akong hindi pumikit. Malinaw sa akin ang pagkuha ng likido sa tiyan ng aking asawa. Ibinubulong ko na sana matapos na ang mga ito. At malamang nagkamali lang ang unang resulta. Pero gano'n yata talaga, hindi lahat ng bagay ay ibibigay sa 'yo. Kaya sa unang pagkakataon ay una kong nakita ang aking asawa na humagulhol.

Parehas ang resulta. Nadagdagan pa!

May problema sa puso ang aming anak. *Echogenic heart* daw sabi ni dok. Senyales ng batang may *Down syndrome*. Isang *chromosome* lang, isang *chromosome* lang, at sa isang 'yun ay biglang bumaliktad ang mundo. Na para kaming nilaro sa roleta at sa libong-libong tao sa mundo ay sa aming mag-asawa tumigil ang ikot.

Iniabot sa amin ang magkaibang brochures. Marami raw kaming *options* na dapat pag-isipan. *"These are your options: you can continue the pregnancy, or you can discontinue it."*

Sa pag-uwi namin ni Arlene para sunduin si Isla sa eskuwela ay walang naglakas-loob na pag-usapan ang mga ibinigay na *options* sa aming dalawa. Isang mahabang pananahimik na siguro umaasa kaming ito'y panaginip

lang.

Bawal ang aborsiyon sa Pinas at hindi natin masyadong pinag-uusapan ang ligtas na pakikipagtalik. Kaya sa kasong *unwanted pregnancy* ay kung ano-ano ang nangyayari sa tuwing ang isang babae ay magdesisyong magpalaglag. May ibang umiinom ng pamparegla, kumokonsulta sa bawal na kumadrona, ang ilan ay gumagamit ng *hanger* para dukutin ang sanggol sa kanilang sinapupunan, at ang karamihan ay umiinom ng *Cortal*, *Amoxicillin* at *Cytotec*.

Magpapalaglag ba kami ni Arlene? Hindi ba 'yon kasalanan? Kung itutuloy namin ay habang-buhay na mararanasan ni Samantha ang hirap ng kaniyang kapansanan. Kahit si Isla na wala namang muwang ay papasanin ang hirap na dapat kaming magulang lang ang dapat pumasan. Anong sasabihin sa Pinas 'pag nalaman?

Isang malaking pagsubok para sa isang batang pamilyang Pinoy sa Aleman. Ito ang mahirap sa pagiging *Ausländer* na malayo sa pamilya. Sino ang aming lalapitan? Kaming dalawa lang ni Arlene. Kaming dalawa ang magtutulungan.

Ginusto namin ito, eh, kaya umalis kami ng bansa. Ginusto namin magkaroon ng magandang buhay kaya kailangan namin itong lagpasan at pagdaanan.

Tanong ko kay Arlene, "Kaya mo bang mag-alaga ng batang may kapansanan?"

"Ikaw ba?"

"Siguro kakayanin, pero hindi ko alam kung hanggang kailan at hanggang saan, ikaw ba?"

"I can't imagine how it feels na gigising ako araw-araw at makikita ang anak ko na palaging nahihirapan." Sunod na tanong niya ay kung masama ba kaming magulang.

Hindi ko sinagot si Arlene.

October 7, hindi ko makakalimutan dahil ito ang petsang tumungo kami sa ospital. Isang mahabang *labor* ang pinagdaanan namin ni Arlene. Onse oras na paghiga

at paghihintay. Nang makita ng komadrona ang paa ni Samantha ay agad akong inutusang alalayan si Arlene. Para kaming nagtatalik sa kama. Ang mga pagtatalik na ginawa namin sa pagbuo sa kaniya ay ganoon din nang ilabas siya.

Pinatuwad si Arlene, pinabukaka, pinaupo na parang naihi, pinahiga nang nakatalikod, at sa bawat posisyon ay nandoon ako, nakaalalay at nakayakap sa kaniya.

Pumutok na nga ang mga ugat sa mukha ni Arlene. Nahihirapan na rin siyang huminga. At sa huling bira ay lumabas si Samantha. Ang pag-ire ay mabilis na napalitan ng malakas na iyak. Ibinigay sa akin ang gunting. Ako raw ang magputol sa talimpusod ni Samantha. Hindi ko napigilang lumuha, lalo nang makita ko ang mukha ng aking anghel. Kamukha ko siya. Parehas kami ng kamay at paa. Ang kaniyang mata ay nakuha sa kaniyang ina. Nakaramdam ako ng matinding galit at hiya sa sarili. Inilagay ng komadrona si Samantha sa aking palad. Humingi ako ng tawad kay Samantha na sana mapatawad niya ako sa kasalanang nagawa ko sa kaniya.

Kung gising si Arlene sa oras na 'yon at nakita niya si Samantha sa aking palad ay malamang babawian siya ng katinuan.

Matagal bago namin pinag-usapan ang tungkol sa aborsiyon. Sabi ko kay Arlene, "Alam mo, kung marami tayong pera at mayaman ay hindi natin pipiliin 'yon. Bakit naman natin pipiliin kung kaya naman natin siyang suportahan. Sabihin nating may tama ang kaniyang bituka, kaya natin siyang ipagamot at paoperahan. Buwan-buwan may *maintenance* siya, kayang-kaya natin 'yon kahit mayroon siyang *Down syndrome*, lalo na nandito tayo sa Germany. Pero ang realidad ay hindi tayo mayaman at hindi habang-buhay ay nandito tayo sa Alemanya. Sa ating pagtanda at pagretiro, uuwi tayo sa ating bansa. Sa tingin mo sa estado ng ating *health care* ay kakayanin pa natin siyang alagaan? Kawawa naman si Isla kung pati siya mamomroblema."

Sinabi ko ’yon kay Arlene para tumigil o mabawasan man lang ang galit niya sa sarili. Alam ko na may guilt siyang nararamdaman. Magsisinungaling ako sa ’yo kung sasabihin kong hindi ako natakot nang itabi niya sa pagtulog si Samantha. Kinakausap ni Arlene si Samantha at kinakantahan. Natakot ako dahil baka mabaliw na parang si Sisa ang aking asawa. Pagkatapos niyang bihisan si Samantha ay binalot naman niya ito ng tela. Nabili namin ang maliit niyang damit sa *FB group* ng mga taong kagaya namin ng sitwasyon. Sabi ng komadrona, bukas daw ay dadaan ang isang pastor para ipagdasal kami at si Samantha. Hindi raw pinayagan ang *request* namin sa isang paring Katoliko na ipagdasal kami.

May *Korean series* na *Couple on The Backtrack* na laging pinanonood ni Arlene. Naka-*maternity leave* siya kaya hawak niya ang kaniyang oras. Masaya naman akong nakikita siyang aliw sa pinanonood niya. Sa kuwento, namatay ang nanay ng babaeng bida. Nagluluksa sila kasabay ng buong Korea na nagluluksa rin sa pagkamatay ni Michael Jackson. Sa gano’ng eksena kami nandoon ni Arlene. Nasa ospital, nakaupo, nakatulala ang bidang babae sa *TV* habang pinalalabas ang pagkilala ng Korea kay MJ.

October 7 ngayon, gabi, kulay rosas ang *social media*. Nagdiriwang ang karamihan sa politikong tatakbo. Kami naman ay nasa loob ng maliit na kuwarto. Ang malamlam na ilaw ng lampara na nakatayo malapit sa bintana ang kasama naming dalawang mag-asawa. Naghihintay sa mahabang gabi.

Bata pa ’ko nang nalaman kong namatay ang tito ko. Hindi ko maintindihan bakit nag-iiyakan ang mga tao. Kung bakit estatwang nakahiga si *Uncle* sa mahabang kahon. Tapos si Papa naiyak, pati si Mama naiyak. Naging mabait na tao kasi si *Uncle* sa kanila. Sa maraming tao. Sa akin. Gano’n daw ’yun, eh, kapag mabait ang tao, masakit sa puso ’pag lumisan. Nakasama mo kasi at naging karamay sa mga sandali ng buhay.

Sabi ko, “Bakit hindi siya gumagalaw?” Patay na raw, wala nang buhay. Pupunta kay Papa Jesus. Magiging anghel. Sina Lolo at Lola, ilang kamag-anak, ilang kaibigan, mga matandang inalagaan sa *home care*—may kirot ang kanilang paglisan. Pero pansamantala lang. Nawawala rin. Hinuhupa ng oras, araw, at taon. Siguro kasi habang tumatanda ay naiintindihan kong maikli lang ang buhay. Kailangan mong gawin lahat. *Live your life to the fullest,* sabi nga ng iba. Dahil ang buhay natin sa mundo ay pansamantala lang. Lahat tayo ay tatanda. Tatanda at mamamatay.

Ngunit may kalungkutan palang dadalhin mo habang-buhay. ’Yung natatakot kang makalimutan. ’Yung kalungkutan dahil sa paglisan ng hindi mo pa nakikita. Ng ninais mong halikan. Ng pinangarap mong hagkan.

Habang isinusulat ko ang bahaging ito ay biniro ko si Arlene, sabi ko, “Ang hirap din pala kapag ’yung dasal hindi mo masyadong maintindihan, hindi mo maramdaman ang presensiya ng Diyos.”

“Bakit, anong meron?”

Pinaalala ko sa kaniya ang babaeng pastor na nagdasal sa amin. Tinatanong kasi ako ng pastor pero tango lang ako nang tango. Hindi ako nagsasalita. Pa’no, hindi ko maintindihan ang Deutsch niya. Wala akong lakas umintindi, pati ang dasal hindi ko maintindihan. Ang naintindihan ko lang ay nang niyakap ako. Sa init ng katawan niya ay para akong naginhawaan. Dagdag ko kay Arlene, “Ewan ko ba, namatayan na nga tayo, nagdadalamhati, tapos asahan pa niyang i-*übersetz* (*translate*) ko ang mga Deutsch niya?”

Natawa lang si Arlene.

Hindi naman kasi kailangan ng salita para iparamdam sa tao ang pakikiramay. Yakap lang sapat na.

Isang guro ang nagsabi na pinakamalungkot na kuwentong nabasa niya ay binubuo lamang ng anim na salita. Sulat yata ni Poe o Hemingway, hindi ko na sigurado. Hindi ko maintindihan noon kung bakit. Gano’n naman

ang mga salita. Sa panahong binabasa natin, hindi natin gaanong maintindihan, gaya ng tula. Ang panahon sa 'tin ang magbubunyag.

May anim na salita lang. May simula, gitna at katapusan.

"For sale: baby shoes. Never worn."

May gano'n palang grabedad ang kalungkutan. Ngunit maikakahon ba ng mga salita ang buong dusa, danas at luksa? Hinding-hindi kailanman sa buong buhay. Sa putol-putol kong wika, "Mahal na mahal ka namin, 'nak! Paalam muna ngayon, magkikita rin tayo sa susunod nating buhay . . ."

Sa pagdating ng panahon na kailangan naming lumisan at bumalik sa bansang sinilangan ay may kapiraso ng aming buhay ang maiiwan sa Alemanya. Hindi ka namin malilimutan, Samantha Lumen. Salamat sa apat na buwang kapiling ka.

ICH BIN PHILIPPINISCH

SA KALUSUGAN ANG KAANGASAN AT LAKBAY NG DILA

Pagkatapos bawian ng kakayahang maglakad nang halos dalawang linggo. Pilay. Paika-ika. Umuunga na parang kalabaw. Uhhhh . . . uhhhhh . . . nakakabaliw. Napapahawak ang dalawang kamay sa mukha, napagtanto na may kaugnayan ang kahirapan at dila ng tao.

Sabi sa 'kin ng doktor ay mataas ang *uric acid* ko.

May *gout* ako.

Tumatanda na.

Pero huwag kang mag-alala dahil okay na 'ko kaya't nakakatipa na uli sa harapan ng *computer*.

Bukod sa dila, kahirapan, at *gout* ay dinapuan ako ng pagkahanap ng tahanan sa hindi inaasahang pagkakataon.

Anong pakiramdam? Kung tatanungin mo ang taong may *gout*. . .

Parang may bolang mainit na pumapaso't lumagari sa 'king laman. Naisip ko rin ang isang manlililok na tinatapyas-tapyas ang aking sakong.

Sa klinik, niresetahan ako ng doktor ng *painkiller* na may mataas na *dosage*. Payo niya, inumin ko kapag hinding-hindi ko na kaya. Hindi kasi maganda sa atay ang gamot na may mataas na *dosage*. Hindi maganda sa kalusugan ang *painkiller*.

Gayumpaman, hindi pa rin ako nakakatulog agad. Inuumaga kung makatulog. Hindi epektibo ang gamot sa 'kin at mas nakakatulong pa ang pagod na utak sa pag-inda ng sakit. Kapag pagod na ang isip, saka ako nakakaidlip.

Nang dumating kami rito ay nagkaroon ako ng ugali na pagkatapos magtrabaho o 'pag walang trabaho ay umiinom ako ng alak. Sabi ni Arlene, "Nagiging *alcoholic* ka na, ha!?" Nahuli niya 'kong umiinom, alas-otso ng umaga.

Hindi ko alam, siguro dahil nami-*miss* ko ang mga kaibigang kainuman sa Pinas o baka dahil mura ang alak dito? O baka nahawa sa mga katrabahong Aleman na ganoon din ang gawi?

Parang malaking ibong dinagit ang aking angas sa paglalakad. Gano'n pala 'yon, may bagay na parang walang halaga sa 'yo na saka mo lang matitimbang 'pag wala na.

Pati trabaho naming mag-asawa ay naapektuhan. Kailangan kong mag-*sick leave*, ganoon din si Misis, kailangan niyang lumiban sa trabaho dahil walang mag-aalaga sa anak namin.

Kailangan niyang sunduin at ihatid si Isla sa eskuwela dahil hindi ko naman kaya. Nakahiga lang ako sa kama, paikot-ikot, nakatutok sa *cellphone*, nanonood ng pelikula, kung minsan nasa *sofa*. Ang hirap pala. Ang hirap magkasakit sa ibang bansa. Wala kang kamag-anak. Wala kang ibang malapitan. Dalawa lang kami ng asawa ko na kailangang magtulungan. Imbes na tulungan ko siya ay nagka-*gout* pa.

Habang umuusad ang mga araw ay iba na ang timpla ni Arlene. *Highblood* na. Nagkaroon ng punto na pakiramdam ko wala akong silbi. Sabi ko, hinding-hindi na 'to mangyayari, magpapalakas ako. Nakakababa pala ng pagkatao.

Ganito rin kaya ang pakiramdam ng mga alaga ko? Na sa tuwing pinapakain ko sila, pinaliliguan, at nililinis ang kanilang mga puwit, ganito rin kaya ang kahinaang pakiramdam nila? Ang pakiramdam na walang silbi? Sana hindi, dahil ang pag-aalaga ko sa kanila ay parang alaga ng anak sa magulang.

Kaya ang trabahong 'to ay hindi lang basta mabihisan mo sila, mapakain, at mapaliguan kundi pagbibigay din ng dignidad sa kanila, panunumbalik ng kanilang halaga sa sarili at kaginhawaan na kahit papano maibsan ang sakit na kanilang nararamdaman sa mga huling oras nila sa mundo.

May bagong matanda sa *heim*.

Bagong pasyente. Isa ako sa mga nag-ayos ng kaniyang kuwarto. Daming *paintings*. Mga taga-*Red Cross* ang nagdala sa kaniya. I-*quarantine* daw ng tatlong linggo, baka may *COVID-19*. Kinuhanan rin ng *swab test*. Nakita lang daw kasing nakahiga sa kalsada. Parang inabandona. Walang damit na dala. 'Yung damit ng mga matatandang namatay ang ipinagamit sa kaniya. Ang dala niya ay mga pinta na nakapasok sa maduming sako. Kinabukasan, nalaman ko, "*Er ist Maler*," sabi ng kasama kong Italiana. *Painter* pala ang gurang.

Tuwing pinapalitan ko siya ng damit, habang nakatulala sa bintana at nakaupo sa kaniyang *wheelchair*, hindi ko maiwasang itanong kung ano kaya ang naging buhay niya noon? Masaya kaya siya sa larangang pinili niya? At bago dagitin ang kaniyang angas ay nakapag-iwan kaya siya sa iba ng piraso ng sarili? At ano naman 'to sa 'kin kung malaman ko?

Gusto ko siyang katukin sa noo, "Huy nandiyan ka pa ba?" Hindi kasi siya nagsasalita.

Kahit mabagal ay nakalalakad na ako uli. Pitik-pitik na lang ang kirot. Trabaho na uli. At nangako sa sarili na hindi na aabusuhin ang katawan. Sabi ng doktor, "*Hör auf zu alkohol trinken*." Ingatan ko raw ang atay ko.

Napagdesisyunan kong mag-ehersisyo at diyeta. Trenta'y uno na 'ko at nangarap ding magbilad sa dagat ng Siargao na may apat na pandesal ang katawan. Kaya ikaw, ingatan ang kalusugan. Hindi mo pa nararamdaman 'yan ngayon dahil bata pa. Sisingilin ka niyan sa panahong unti-unti mo nang naaabot ang 'yong pangarap o 'yung tinatawag nilang *prime years*. Pa'no mo pa 'to mai-*enjoy*

kung mahina ka na.

Pagkatapos kong pakainin ang aking mga alaga ay pinakikiramdaman ko kung aayain ba akong muli ng kusinera. May araw kasing *trip* niya 'kong ayain, may araw namang hindi. Depende siguro sa *mood* niya. May araw sigurong *trip* niya 'kong alukin. At sa lahat ng pagkaing Aleman na inialok ni Sofia ay isa lang ang nagustuhan ko. Kapag sinabing nagustuhan ay 'yong puwede kong isama sa araw-araw na pagkain sa lamesa.

Inihahanda niya 'to katabi ng patatas at karot, kung minsan *macaroni pasta* o *noodles*. Karne naman ng baka ang protina, may araw na karne ng tupa.

Tatawagin niya 'ko. Kukuha siya ng malalim na puting plato, magsasandok. Marami siya kung magbigay. Akala niya yata ay bata pa 'ko na kailangang lumaki at tumangkad. Hindi gaya niya na may malaking pangangatawan. At gaya ng ibang kababaihang Aleman ay ginto rin ang buhok ni Sofia at may asul na mga matang pansin kahit makapal ang suot na salamin.

Bakit kaya siya palaging nakatitig sa akin? Hindi ko makalimutan ang titig niya. Ang mga matang palaging nagbabantay. Noong mga unang araw, palagi niya 'kong sinusundan ng tingin. Hindi lang basta tingin kundi 'yung titig na matiyag.

Napansin ko na noon na matitig talaga ang mga Aleman pero hindi ko akalaing sa gano'ng paraan. Nakasanayan ko na rin ito sa katagalan. Natuto akong ngumiti, na sa tuwing tinititigan ako ni Sofia ay ngumingiti ako pabalik.

Ngingitian ko siya. Isa sa bagong *skills* na sa tuwing may natitig sa akin ay ngingitian ko pabalik. Ngingiti rin sila pabalik at kung minsan may kasamang kindat kaya kikindat din ako pabalik.

"*Das heißt Goulash*," nang tanungin ko siya kung anong pagkain ang niluto niya. Pamilyar na lasa ang natikman ko. Para akong nakahanap ng isang bagay na malapit sa 'kin sa hindi inaasahang lugar.

Gigil si Arlene nang sabihin kong lasang Menudo ang *Goulash*.

“Anong Menudo pinagsasabi mo, eh, ibang pagkain ’yon.”

Huwag ko raw sabihing Menudo dahil magkaiba ’yon. Dalawang magkaibang pagkain.

Ibang bagay pala ang nahanap ko o siguro dahil hindi naman ako galing sa karangyaan at salat ang dila sa mayamang lasa ng mundo. May epekto rin talaga ang kahirapan sa panlasa ng tao. Paano mo nga naman mae-*explore* ang pagkaing napapanood sa *TV* kung sanay ang dila sa *instant noodles*?

Tama naman siyang magkaiba ang dalawa. Pero ang punto ko, ang gusto kong sabihin, na sa oras na ’yon, nahanap ko ang bayan sa banyagang pagkain. Ibinalik ako nito sa tahanan namin sa Cavite kung saan salo-salo kaming nakain.

Malungkot mawalay sa ’yong tinubuang lupa. At sa maraming panahon ng pangungulila at maraming pagkakataon ay ipinapaalala sa ’tin ng pagkain ang masasayang alaala natin sa bansa. Ang pagkaing Pinoy ang tanging kasiyahan ng mga *OFW*.

Sa tuwing tinatanong ako kung anong *Filipino food* ang dapat nilang tikman, mabilis kong isinasagot, “*Du probierst Adobo*.”

Nang umuwi ako sa bahay noong naglayas ako, Adobo ang nadatnan kong ulam sa bahay. Hindi galit ang isinalubong sa ’kin ni Mama nang umuwi ako. Umiiyak. Saan daw ako pumunta.

Habang kumakain, napagtanto ko, mas masarap kumain sa sarili mong tahanan.

Nang unang beses akong umuwi sa probinsiya ni Mama sa Dumaguete ay ilang imahen ang ’di ko malilimutan. Isa-isahin ko. Ang una ay ang dagat. Pangalawa ay ang malaking kubo na nakatayo malapit sa dagat. Sumunod

ay ang mga itlog ng manok na bagong katay. Ang itlog na naaalala ko ay 'yung nasa tiyan pa ng manok. Hindi pa buo ang matigas na balat. Pang-apat ay ang mga naglalakihang garapon na tinanggal ang nguso para makasahod ng tubig dagat. Sunod ay ang mga kambing na nilasing sa suka. Mga taong nagsasayawan. Isa't kalahating litro ng *Sprite*. Nagmamantika at malambot na karneng baboy na inihumba.

Humba ang hindi nawawala sa taunang pagkikita ng mga pamilya sa parte ni Mama. Kahit sa mga *birthday* at ilang okasyon ay inihahanda namin ang Humba. Ang Humba para sa 'kin ay isang klase ng Adobo. Pero paulit-ulit na sinasabi ni Mama na ang Humba ay hindi Adobo at ang Adobo ay hindi Humba.

Gaya ko rin yata ang mga Espanyol noon nang dumating sa bansa at nakita kung pa'no natin pinoproseso ang baboy sa suka, at sa pag-usad ay sinasamahan natin ng toyo.

"*Eso es* Adobo!!!"

Sa tuwing magluluto ako ng mga paborito kong pagkain sa Aleman ay pahirapan ang sangkap at rekado. Malayo ang aming tahanan sa *Asian Grocery* at kung mag-*order online* ay may katagalang dumating at may kamahalan.

Nakatikim ka na ba ng tinola na may halong *spinach* at *kohlrabi*, sinigang na may botchoy, sarciadong salmon, Adobo na ang sukang gamit ay *apple vinegar,* at sopas na may *asparagus* at *broccoli*? Dahil walang monggo, gamit ko ang linsen at pamalit naman sa dahon ng sili ay *spinach*. Dinurog na *blutwurst* o *black sausage* naman ang *substitute* sa dinuguang tuyot.

Sa isang *restaurant* sa Alabang ko natikman sa unang pagkakataon ang Adobo sa gata. Ipinaliwanag sa 'kin ang bersiyong ito na orihinal sa katimugang bahagi ng Luzon.

"Kung ano po kasi ang accessible sa lugar na 'yon, iyon po ang ginagamit. May iba't ibang bersiyon po tayo ng Adobo sa iba't ibang rehiyon."

May kuwento akong narinig tungkol sa isang sikat na pagkain ng Germany, ang *currywurst*. Mayroon itong dalawang bersiyon. Ang unang kuwento ay gawa ito ng mga Turkish na dumating sa Germany bilang mga mangagawa pagkatapos ng pangalawang digmaan. Nagsawa ang mga ito sa pagkain ng mga Aleman, at dahil maraming klaseng *sausages* sa Germany at mura ay sinubukan nilang ilapit sa panlasa nila. Dinagdagan nila ito ng pampaanghang, dahilan para isilang ang *currywurst*. Sa pangalawang kuwento, gawa ito ng babaeng Aleman na si Herta Heuwer. Si Heuwer ay may isang *fast-food stall* sa Berlin. Taong 1949 nang makilala niya ang isang sundalong Briton na may dalang *ketchup* at *curry powder*. Inihalo niya sa tinda niyang mga *sausage* at ipinanganak ang pinakasikat na *street food* sa Germany, ang c*urrywurst*.

Nang maikuwento ko kay Arlene ang tungkol sa luto ni Sofia na Goulash ay ikinuwento niya sa ’kin nang maabutan siyang umiiyak nito. Panahong mag-isa siya sa Germany. Mga unang buwan niya, wala siyang makausap. Nami-*miss* ang pamilya. Hirap bilang *nurse*. Nahihirapang makihalubilo. Nilapitan siya nito at hinagod ang buhok, “*Alles wird bald gut*,” sabi nito. Hinalikan siya ni Sofia sa pisngi.

Kaya nang malaman ni Sofia na magkakasama na uli kami ay niyakap siya nito.

Pagkatapos, ipipilit ko pa rin na lasang Menudo ang *Goulash*. Isasagot sa akin ni Arlene na puro kasi ako maalat, de-lata, at *noodles* ang kinakain noong kabataan kaya nagkaroon ng *gout*.

Ah, basta, lasang Menudo ang *Goulash*! At wala na ang pamamaga ng aking mga paa.

KABAYAN, PINOY PA RIN

Pagpasok namin ni Ser Tunying sa *elevator* ay nagpasalamat siya sa akin. Salamat daw sa pagsama ko sa kaniya dahil hindi niya kabisado ang pasikot-sikot dito sa Düsseldorf. Kalilipat lang niya rito galing Milan. Kaya pagkatapos namin isara ang *restaurant* ay pinakiusapan niya akong samahan siya sa isang *birthday*-han.

Inimbitahan siya ng isang kaibigang Pinoy na nakilala lang din niya sa Düsseldorf nang minsang naglibot-libot siya. At kagaya ko, sa isang kakilala ko lang din nakilala si Ser Tunying.

Isang katrabaho ni Arlene sa ospital ang nagbalitang mayroon silang nakilalang Pinoy na naghahanap ng mga tatao sa bagong *restaurant* na bubuksan. Maluwag na uli ang *lockdown* sa Düsseldorf. Ibinigay sa akin ang *number*. Agad ko namang tinawagan. Nang araw na 'yun, nakilala ko si Ser Tunying.

Pagbukas ng elevator ay sinalubong kami, "Oh, bakit ngayon lang kayo? Kanina pa kami nagsimula." Agad kong napansin ang pamilyar na ingay, tawanan, at alingawngaw ng mikropono. Dama mong may Pinoy na nakatira. May nagbi-*videoke*.

Sagot naman ni Ser Tunying sa kaniyang punto, "Eh, ang daming *customer* kaya napagab-eh kami." Itinuro niya ako, "Iyan si Joseph, katrabaho ko, sinamahan ako pumarine."

Ngumiti sa akin ang babae at ikinumpas-kumpas ang kaniyang kamay, "Pasok kayo, kumain, ang dami kong niluto."

Malaki ang bahay na napuntahan namin. Malaki rin kasi ang pamilya. Isa-isa kaming ipinakilala sa kaniyang mga anak. Biro niya, "Huwag na kayong umasa sa mga 'yan na maintindihan kayo. Dito na lumaki ang mga 'yan, hindi na marunong mag-Tagalog."

Ngumiti ako at bumati, "*Happy birthday* nga po pala, Tita."

"Ay salamat, pero hindi ako ang may *birthday*, itong asawa kong makulit."

Tinawag niya ang kaniyang asawa, "Makulit na 'yan kasi lasing na."

Nagsilabasan ang mga Pinoy na nasa kusina. Kinumusta kami at nakipagkamay. Ang iba sa kanila ay nakapangasawa na ng Aleman. Habang nakikipagkamay ay napansin ko ang mga nakasilip na mga kabataan sa isang kuwarto kung saan nanggagaling ang kantahan.

Napagtanto ko, mayroon palang komunidad ng mga Pinoy rito. Akala ko noon ay kakaunti lang ang mga Pinoy sa Düsseldorf.

"Taga sa'n ka sa atin?"

"Sa Cavite po ako pero nang makapag-asawa sa Parañaque po ako tumira."

"Ay may asawa ka na?"

"Opo, *nurse* po, kaya po ako nakuha rito."

"Ang galing naman."

Si Ser Tunying, pinaikot-ikot sa mga kuwarto. Narinig ko ang sabi, "Oh, ito si Tunying, *single*, *chef* sa *sushi*-han, kakanta 'to mamaya." Lumapit naman sa akin ang may *birthday*. Binati ko, "*Happy birthday*." Dahil nakainom ay nakainom na rin kung magkuwento. Pinaupo niya ako at binigyan ng *beer*. Sabi niya, *"This is alt beer, the best beer in Düsseldorf*." Akala niya siguro hindi ko alam. Sabi ko naman pagkatapos lumagok, *"It's good, I like it."* Mukha naman siyang natuwa sa sinabi ko. Nagsalita uli siya, *"When I came here, I was one of the first Asians in Düsseldorf; that was in the 90s."*

Tumango ako.

"I'm Chinese, my wife is Filipina. I met her here, and our life is hard…"

"Huwag mo nang intindihin 'yan lasing na . . ." singit ng asawa.

Tanong ko naman, "Mabuti po pinayagan kayo mag-ingay dito, eh, 'di ba bawal po?"

"Matagal na kasi kami rito, 'yung mga kapitbahay namin wala pa rito ay nandito na kami."

Naparami kami ng kain ni Ser Tunying. Masarap ang pagkakaluto ng mga pagkain. Naalala ko ang mga handa tuwing may kasiyahan sa Pinas. Kahit saglit man lang ay naramdaman ko muli ang bansa. Pagkatapos ng ilang *beer* at konting kuwentuhan ay nagpaalam na 'ko. Nagpaiwan si Ser Tunying. Mukhang wili sa kausap niyang babae. Natuwa naman ako sa mga dala kong pagkain na iniabot sa 'kin.

"Heto, oh, ipinagbalot kita, iuwi mo sa asawa mo."

Pagkatapos kong magpaalam ay tinawagan ko si Arlene.

"*Babe*, pauwi na ako. May pasalubong ako sa 'yo, matutuwa ka."

TAHAN-PINILI-PANTAY-MAHAL

Ibang-iba ang Düsseldorf kaysa Klettgau. Marahil dahil mas maraming *Ausländer* sa Düsseldorf kaysa Klettgau. Iba't ibang klaseng *Ausländer*. Magkakaiba ang kulay. Magkakaiba ang paniniwala't relihiyon. Lahat ay may dalang kultura. Mas marami pa nga ritong *Ausländer* kaysa mga Aleman.

Sa unang beses kong mawalan ng trabaho ay nakapasok ako sa isang kompanya na pawang *Ausländer* ang mga nagtatrabaho. Dahil magkakaiba ay kailangan marunong kang makisama. Kailangang malawak ang 'yong intindi.

Sabi ko kay Arlene, mabait 'yung *boss* namin sa Klettgau dahil ipinasok ako sa trabaho kahit dahop ang aking kaalaman sa pag-aalaga ng matanda. Sa Düsseldorf, nakailang pasa na ako ng *resume* sa mga ospital at *Altenheim* ay wala pa rin sa 'king napansin. Mahirap maghanap ng maayos na trabaho sa Düsseldorf. Ang payo sa akin ay mag-*Ausblidung*. *Ausbildung* ang tawag sa bokasyonal na pag-aaral sa Aleman.

Kahit may halos anim na buwan akong karanasan sa pagiging *caregiver* sa Klettgau ay hindi ito tanggap at sapat hanggang hindi ako mag-*Ausbildung*. Libre naman ang pag-aaral kung gusto mo. At habang nag-aaral ay sumusuweldo.

Ang sabi sa 'kin sa *Ausländerbehörde* (opisina para sa mga migrante at *Ausländer*) nang makitang *unemployed* ako, kailangan ko raw ituloy ang pag-aaral ng Deutsch para makahanap ng trabaho. Hindi sapat ang *basic level* lang sa paghahanap ng trabaho sa Germany.

Bata pa lang, trabaho na 'ko. Isa ito sa mga dahilan ng pinag-aawayan namin ni Arlene. Ang sabi ko sa kaniya, "Dinala-dala mo ako rito, wala naman pala ako ritong trabaho!" Isasagot naman niya na kung nasa Pinas ba

kami, ano ang magiging trabaho ko? Kaya ko raw ba siyang buhayin sa pagko-*call center*? Mababuhay ba raw kami sa pagiging *nurse* niya? Dito sa Germany, may maayos siyang trabaho. Kumikita. Nakapag-iipon.

Tama naman si Arlene. Bakit ko ba naiisip ang gano'n? Dahil ba lalaki ako at mataas ang *pride*? Bakit, hindi ba puwedeng magtrabaho sa bahay ang isang lalaki? Maglinis ng bahay? Magluto? Maglaba? Magtupi ng mga damit? Mag-alaga ng mga bata? Mamalengke? Mag-asikaso ng asawang babae tuwing uuwing pagod galing sa kaniyang trabaho? Hindi ba 'yon kaya ng isang lalaki?

Sa pag-usad ng edad ay lalong tumitibay ang mga alaala ko. Gaya ng amoy ng kilikili ng mga estudyanteng naghaharutan palabas ng klasrum. Pati na rin ang hitsura ng babaeng sungki at ang buhok ay binudol ng hangin. Nakatanghod siyang nakangiti sa kantong kahoy ng pintuan. Tanong ko, "Nandiyan ba si Inday?" sa malakas na boses, pagkatapos niyang bumungisngis. "Oh, Inday, tawag ka ng kuya mo."

Hindi maiplantsa ang mukha ni Inday. Narinig ko pa ang isang binatilyo, "Oh, Inday raw, oh," kasunod ng hagikhikan. Padabog niyang inabot sa 'kin ang *lunchbox* na may lamang tocino at kanin.

Walang pansinan pag-uwi ng bahay. Ilang araw kaming hindi nag-usap. Inday naman talaga ang tawag ko sa kaniya. Inday ang palayaw niya. Anong masama sa Inday? Tunog malambing kaya ang Inday. Masarap pakinggan. May dating. Bilin ni Papa, "Huwag mo nang tatawaging Inday ang kapatid mo sa *school*, tawagin mong Paola." Kailan kaya ikinahiya ni Inday ang pangalan niya? Matanda na 'ko nang malamang prinsesa pala ang malapit na kahulugan nito. Isang marangal na babae.

Matanda na rin ako nang malamang nakatapak pala ng kolehiyo si Mama. Buong akala ko'y *high school graduate* siya. Sa tuwing nasagot ako ng *form*, isinusulat ko sa

mothers occupation ay *housewife*. Noong nasa *elementary* naman, minsan na 'kong natanong ng uhuging kaklase kung ano ba ang *housewife*?

Sa totoo lang, ang batang Aljo, hindi niya alam. Basta turo sa 'kin nina Mama at Papa, ang isulat ko sa *mother's occupation* ay *housewife*.

"Ma, ano ba ang *housewife*?" Hindi ko maalala kung sinagot ba 'ko ni Mama.

Sa kuwarto naming mag-asawa kung saan nangyayari ang mga personal na bagay, sabi ni Arlene, "Ayokong matulad sa mama ko, palaging nasa bahay, araw-araw. Nagbabantay ng tindahan."

Eh, ano naman kung nagbabantay ng tindahan? Marangal naman 'yun, negosyo.

Dugtong niya, "Sa BDO nagtatrabaho noon si Mama. Nang ikinasal, pinatigil na siya ni Papa. Ayoko mangyari sa 'kin 'yun . . . *I have a career*."

Ilang buwan pagkatapos ay lumipad si Arlene patungong Germany.

Hindi ko pinigilan. Gano'n daw talaga ang nagmamahal. Sa relasyon namin, walang ganap ang ako ang lalaki at dapat ako ang masusunod. Siguro dahil sa paniniwala kong kalahati ng pagkatao ko nasa kaniya. Ang kalahati ko ay siya. Na ang mga pagsubok at pagsisikap ay hindi ko kayang mag-isa. Kailangang pagtulungan naming dalawa. Ako at siya, magkaramay palagi. Katuwang. Ito ang posisyon ni Arlene sa buhay ko. Siya ang kalahati ng ako.

Siguro naman kahit sundalo si Papa at istrikto ay pantay ang turing niya kay Mama. Alam naman niya siguro ang hirap ng pagiging ina. Dahil tulong-tulong siya noon ni Lola sa pag-aalaga ng kaniyang mga nakababatang kapatid at mga pamangkin na iniwan ng kaniyang mga kapatid upang makapagtrabaho sa Maynila.

Alam mo, ang pagiging sundalo ni Papa ay wala sa hinagap niya. Itinulak siya ng kahirapan. Ayaw nga raw

siyang paalisin ni Lola noon. Bukod siguro sa mawawalan si Lola ng katuwang sa bahay ay mawawalay rin siya sa kaniyang anak. Si Papa naman, sa unang pagkakataon ay mawawalay sa kaniyang tahanan.

Sa iba't ibang bahagi ng aking buhay, binigyan ako ng pagkakataon ng dalawang tahanan—ang aking ina at ang aking asawa. Na sa mga bahagi ng buhay ko, sa mga pagkadapa't sandaling nauubusan ng tiwala sa sariling kakayahan ay sa kanila ako natahan. Sa tuwing hindi ko maintindihan ang mundo ay sa kanila ako natakbo at nananahan. Sa mga kakornihan ko nga ay nasabi ko kay Arlene, "Ikaw ang kapayapaan ko, alam mo ba 'yon?"

Dahilan siguro kung bakit hindi gaano kabigat ang mga araw sa Alemanya dahil katuwang namin ang isa't isa.

May isang tagpo. Isang pasyente ang may kausap sa telepono. Isa ring *Ausländer*. Sabi nito pagkababa ng linya, "Matanda na 'ko, ha, pero pinoproblema ko pa rin ang anak ko. Ikakasal na lang, magbibigay pa 'ko ng *dowry,* eh, ibabahay lang naman niya 'yung babae."

Lumingon siya sa isang Indiyano na nag-aayos ng kaniyang *hospital bed*, "Oh, ikaw, mag-ipon-ipon ka na, 'di ba binibili kasal sa inyo?"

Kuwento 'to ni Arlene, tahimik siyang nakikinig.

Sa kaniya naman ibinaling ang atensiyon, "Oh, tingnan mo 'tong si *mädchen* (maliit na babae sa Deutsch) libre lang sa asawa niya, sumusuweldo pa."

"Ay naku, *babe*, inirapan ko talaga. Anong akala niya sa 'min, bagay na binibili sa *supermarket*?" saad niya.

Dugtong ko, kultura kasi nila.

Kaya nga, eh, moderno na pero tumanda na sila diyan sa *culture-culture* nilang 'yan.

Isa siguro sa nagustuhan ko sa kaniya ay ang malakas niyang *personality*. Alam niya ang kaniyang halaga. Alam niya ang gusto niya. Mayroon siyang isang salita.

Bago nga kami ikasal inunahan ko na, sabi ko sa kaniya kung gagamitin niya ang aking apelyido ay okay. Kung hindi naman, eh, 'di okay lang din. Hindi naman *Gokongwei*, *Ayala* o *Ang* na ang apelyido ay makapangyarihan. Magkakademandahan pa maikabit lang ang apelyido sa pangalan. Ang mahalaga sa 'kin magkasama kaming dalawa.

Mas maging bukas sana tayo sa mga ganitong bagay. Na hindi responsibilidad na dalhin ng asawa ang apelyido ng lalaki. Kung dala-dala ng asawa mo ang apelyido mo, at ang masama pa ay tunog mabantot, magpasalamat ka sa kaniya. Hindi niya 'to responsibilidad. Pumili siya, pinili ka at hindi pinilit.

Bago matulog ay nagbabasa-basa ako ng mga *post* sa *Facebook* mula sa mga Pinoy *group* dito sa Germany. May nag-*open* ng *topic* tungkol sa mga Pinay na nagpakasal sa German. Halos pare-parehas ang danas ng mga kababayan natin. Kung hindi galing sa mga Aleman ang komento ay galing sa mga kababayan natin. Isa sa mga nabasa ko, galing mismo sa kakilala ng asawa niya. Naranasan niyang tanungin kung magkano ang bili sa kaniya ng kaniyang *bana*. *Exotic* daw kasi siya. Anong mukha ba ang *exotic*? Ahas kasi ang pumapasok sa isip ko kapag naririnig ang *exotic*. 'Yung iba naman binibirong nakaahon sila sa kahirapan. Nakahanap ng *AFAM*. Wagi sa *lotto*.

Sa akin naman, patay na ang ideya na bumibili ng mapapangasawa ang ibang lahi. Bata pa 'ko nang marinig ito, kaya tunog bago uli na malaman na kahit ngayon, sa panahon natin ay mayroon pa rin talagang bumibili ng asawa. At ang gusto nila, Pilipino. Biro ng mga kababayan natin, may asawa na, may yaya pa, may kusinera, tagalinis ng bahay, at alalay. Totoong may ganyang komento. Ganito ang tingin natin lalo na sa mga nakilala ang asawa sa *online dating site*.

Ang kinaiinisan ko lang sa mga nabasa ko galing sa mga nakaranas nito ay ang pagbibigay payo na hayaan na lang sila, inggit lang sila, at hindi nila tayo kilala.

Hindi ito tama. Dito kasi nagsisimula ang mali. Sa pananahimik lumalala ang maling gawi. Sa pagwawalang-kibo nagiging normal ang hindi normal. Kapag hindi tayo naimik, hangga't walang nasaway, tuloy lang ito sa pag-iral.

Sa pagbabasa ng mga komento ay tila pagninilay ko na rin. Paglapit muli sa realidad, na mahirap talagang mabuhay sa bansang mahirap. Nakapag-aral man o hindi. May *diploma* man o wala.

Isipin mo, nagmamahal ka lang, kinukuwestiyon ang buong pagkatao mo. Nakalulungkot, 'di ba? Nakalulungkot din talagang maging Pilipino.

Alam mo, ang pagmamahal ko sa aking asawa ay isang pagpapaalala sa 'kin na ang lalaki at babae ay magkatuwang, magkapareha, magkapantay sa araw-araw na buhay.

DER EHEMANN

Tuwing umaga, inihahatid ko si Isla sa eskuwela. Sa aming paglalakad ay maraming ganap na kuwentuhan. May mga araw pa ngang namamangha ako kay Isla. Hindi ko alam kung sa'n niya nakukuha ang mga tanong at sagot niya. Gaya na lang nang itinuro niya ang litrato ng isang babae, *"Dadi, who is she?"* Hindi ko agad nakita kaya pinaulit ko. Binasa naman niya ang pangalan kaya agad kong nalaman.

Sinagot ko, *"She's a politician."*

"What is a politician, Dadi?"

Binigyan ko siya ng simpleng sagot na mauunawaan niya.

"*Politician is a leader* ng isang *country*."

Sunod niyang tanong, *"How to be a politician, Dadi?"*

"The people need to vote for you."

Nang mapansin kong hindi niya maintindihan ay sinundutan ko, "Oh, kunwari sa *classroom* niyo . . . *who wants to be the class leader? Raise your hands!"*

Taas kamay agad si Isla.

"Who wants Isla to be the leader of this class!?"

Taas kamay naman ako.

Natawa si Isla. Pagkatapos, ako naman ang nagtanong, "Anong gagawin mo ngayon, 'nak? *Politician* ka na."

Sabi ni Isla, *"I will help the poor, I will give them money, so they can buy food, water, house, and Roblox games."*

"Oh, how will you give them money, eh, wala ka namang pera?"

"Of course, I'll give them work, Dadi."

Nagulat ako na medyo natatawa. Sunod kong tanong, *"How about the rich?"*

"I don't know . . . do they need money?"

Ibinalik ko, *"I don't know, what do you think?"*

"They are rich anyways . . . they don't need money, and why do they need money?"

"I don't know . . ." mabilis kong sagot.

"I help poor, Dadi, so they're all happy."

Sabi ko, "Pa'no mo naman nalaman mga 'yan, sa *teacher* mo?"

Nakangiti si Isla, *"Nope, no one told me, I know because I'm smart!"*

Pagkatapos kong ihatid si Isla sa *kindergarten* ay maggo-*grocery* naman ako. Bibilhin ang mga lulutuin para sa tanghalian at hapunan. Noong una ay madalas akong masunugan, lalo na 'pag mabilis at maraming pumapasok na kung ano-ano sa 'king isipan. Ewan ko ba, kung kailan ako maraming ginagawa, eh, dun naman pumapasok ang mga ideya.

Titipa sa harap ng *laptop* hanggang mawala ang mga ideya, at kapag wala nang matipa ay babalik uli sa gawaing bahay, tapos babalik sa *laptop* 'pag dumapo uli ang mga ideya.

Pabalik-balik.

Sa hapon ko susunduin si Isla. Magtatanong uli siya, sasagot naman ako, magtatanong uli, sasagot uli ako. Nakukulitan na 'ko minsan, *"Isla, why do you always ask questions?"* Sagot naman niya, *"I'm curious, I want to know!"*

Sa aking pagsasaing-pagluluto ay isinasabay ko na ang paglilinis ng bahay, kung minsan 'pag marami ang labahin ay isinasabay ko na rin. Tipid oras kasi. Madali naman kasi ang paglalaba dito dahil may *washing machine* at *dryer*, oorasan na lang.

Si Arlene, uuwi nakahanda na ang pagkain. Kapag maaga ang pasok niya, nakahanda na ang almusal. Kung

tanghali naman ay luto na ang kaniyang tanghalian. Kung panggabi siya ay nakahanda na ang kaniyang hapunan, at almusal naman sa pag-uwi niya. At dahil wala siyang oras at pagod ang kaniyang katawang-lupa ay ako na rin ang naghuhugas ng kaniyang pinagkainan.

Alam ko ang trabaho sa ospital. Alam ko ang pagod.

Ang mga ginagawa ko ay ginagawa ko para suportahan si Arlene sa mga bagay na gusto niya. Maramdaman ba niyang *productive* siya, maabot ang *goal* niya sa buhay. Makita kong masaya ang asawa ko ay masaya na rin ako. Maliit na bagay lang ang mga ito sa mga bagay na isinakripisyo ni Arlene para sa 'min.

May mga araw naman kagaya ngayon na ayokong gawin ang dapat kong gawin.

Ayokong maglaba, magluto, maglinis ng bahay at kung ano pa. Ang gusto ko lang ay magbasa at magsulat. Ngunit sa pagtapat sa *computer* ay mauuwi sa panonood ng mga bidyo sa *Youtube*. Ilang saglit ay magdadabog na si Arlene.

Minsan naiisip ko na mahirap din talaga kapag nasa ibang bansa ka dahil sa trabaho, pribilehiyo at oportunidad ng asawa mo. Magkasama kayo at buo pero hindi mo alam ang gagawin. Wala kang sariling karera. Minsan ko 'tong sinabi sa Pinoy na kagaya ko. Nakarating din sa Germany dahil sa asawa niyang *nurse*. *Engineer maintenance* ng eroplano sa *airport* ang dating trabaho niya. Pagdating dito ay parehas kaming *delivery rider*. Kuwento niya sa 'kin na kahit taga-*deliver* lang kami rito, eh, mas malaki ang kinikita niya kaysa sa dati niyang trabaho, ang ayaw lang niya ay hindi niya makita ang kaniyang karera sa Germany.

"Mahal ko lang talaga ang asawa ko, pre, kaya ako nandito."

Ayun din palagi ang iniisip ko na kahit nag-aaway kaming dalawa ay mahal ko si Arlene. Naisip ko rin na bukod sa mahal ko si Arlene, eh, gusto ko ring makawala sa hirap sa Pinas. Hindi naman kasi ako ipinanganak na mayaman, at kung magkaroon ng *option* mangibang-bansa

at mamuhay nang maayos at maganda, bakit hindi ko kukunin? Pero muli't muli, kung tatanungin ako bakit ako tumungo sa Alemanya ay isa lang ang aking sagot, "Mahal ko ang aking pamilya."

Litrato ng unang araw sa trabaho kasama si Arlene. Siya ang aking *boss* sa araw na ito. At dahil walang magbabantay kay Isla ay isinama namin siya. Wala namang problema sa kanila kung isasama mo ang iyong anak sa trabaho. Nakaupo lang naman si Isla, tahimik na naglalaro, at nakikipagkuwentuhan sa mga matatanda.

Kuha sa Benevit Altenheim, Klettgau, 1 March 2020.

JOSEF, ALEMAN
JOSEPH, PINOY

Natapos ang mga gawaing bahay. Tahimik. Mag-isa ay naalala ko ang mga dating alaga.

Matandang nakaupo sa malaking *sofa* ang hindi ko maintindihan ang sinasabi. Itinuturo niya ang sapatos na hindi kalayuan sa kaniyang inuupuan. Sabi nila, hindi raw natutulog ang matanda. Mukha nga, dahil sa araw-araw tuwing umaga ay nadadatnan ko siyang nakaupo sa *sofa*. Noong una hindi ko siya maintindihan, sa katagalan alam ko na. Ilalapit ko ang kaniyang sapatos, tutulungan siyang tumayo, at tutungo kaming dalawa sa kaniyang kuwarto upang linisan siya. Kung minsan, nagagalit siya dahil ayaw magpalit ng damit.

May isang beses na nagkasugat ang kaniyang singit dahil sa hindi pagpapalit ng *diaper*. Ewan ko naman kung bakit sa tuwing ako ang nakatoka ay dun lang siya napapalitan. Kaya magmamatigas ako para mapilitan siyang sumunod. Kailangan kong ipakita kung sino ang dapat sundin. Ngunit may mga araw na hindi ganito. Wala ’kong oras magtagal sa isang pasyente lang. Maraming nakapila ang dapat kong gawin at tapusin. Kung ayaw niya ay hinahayaan ko na lang siya.

Pagkatapos naman ng agahan at kung maganda ang panahon ay makikita mo ang matanda sa hardin, nakaupo, malayo ang tingin. Minsan tanong niya kung nandiyan daw ba ang kaniyang anak, o kung bumisita ang kaniyang anak. May mga araw kasing may hinahanap siyang babae. Palagi ko namang isinasagot na ipaaalam ko kapag dumating na. Pero sabi ko lang ’yon, simula pa lang ay wala pa ’kong nakitang bumisita sa matanda.

Sa totoo lang, mahirap humanap ng tirahan sa Germany at dahil mahirap makahanap ng tirahan ay sa loob ng *Altenheim* pansamantalang tumira si Arlene. Mahirap ang karanasan niya sa pagtira sa loob ng *Altenheim*. Wala raw siyang kapahingahan. Ang palagi niyang pakiramdam, kahit tapos na ang oras ng kaniyang trabaho ay puwede siyang tawagin. Walang espasyo ng bahay at trabaho. Gaya ng mga empleyadong naka *work from home* noong

pandemya. Kaya ang madalas niyang gawin pagkatapos ng gawain ay gumala at tumambay kung saan mayroong libreng *internet*. Mag-uusap kami at ikukuwento niya sa 'kin ang kaniyang buong araw.

Pagkatapos ng isang buwan ay nakalipat din si Arlene. Sabi ni *Boss*, puwedeng tumira si Arlene sa bahay nila. Sa taas titira si Arlene at sa baba naman ang kaniyang ama. Malaki ang bahay ni Frau Maier. Itinuro ni Arlene ang bahay ni Frau Maier nang minsang pauwi kami galing *kindergarten* para sunduin si Isla.

Maganda ito at maraming halaman, katabi nga raw ng bahay nito ay isang Pilipina. "Diyan may nakatirang Pinay, isang beses lang yata kami nagkakuwentuhan." Hindi raw kasi nalabas ng bahay sabi ni Arlene.

Sa loob naman ng bahay ay maraming mga lumang gamit. Nakita pa niya ang mga lumang laruan ni *Boss*. Mayroon ding mga *painting*. Hilig pala ni *Boss* at ng kaniyang ama ang pagpipinta. Ang ilang *paintings* pa nga raw na nakasabit sa dingding ng *Altenheim* ay si *Boss* mismo ang may likha. Nalaman niya ito dahil sa pirmang *B. Maier* sa baba ng mga pinta. Sabi pa ni Arlene pagkatapos ituro ang balkon, "Diyan ako naupo kapag kausap ko kayo ni Isla." Dagdag niya na ang kuwartong katabi ng balkon ay kung saan siya tumira. May mga pagkakataong naaabutan niya si Herr Maier na nagpipinta, naglilinis o nagdidilig ng kaniyang mga alagang halaman. Sa taglamig naman ay madalas 'tong nakaupo sa harap ng tsiminea't nagbabasa ng libro. Bida ni Arlene na kahit nga raw matanda na ang tatay ni *Boss* ay maayos pa 'tong kausap.

Ang hindi malilimutang karanasan ni Arlene sa pagtira niya ay nang bumaha ang banyo dahil sa kaniyang paglalaba. Nang akyatin siya ni Herr Maier dahil sa tumutulong tubig galing itaas ay dun lang nalaman ni Arlene na ang tubig na umapaw ay galing sa *washing machine*. Agad siyang naglampaso. Akala niya paaalisin na siya pagkatapos.

Kay *Boss* unang sinabi ni Arlene ang planong petisyon

sa amin. Pinaalam ni Arlene kay *Boss* na balak niya kaming kunin papuntang Germany, dahilan kaya tinulungan siya nitong makahanap ng sariling matitirhan. Mabait si *Boss*, tinulungan kami na makahanap ng bahay at binigyan ako nang maayos na trabaho kahit hindi naman ako *qualified*. Kaya hindi maiwasan na sumama ang loob nito nang magpaalam kaming lilipat sa Düsseldorf. Pero mukhang lumipas na rin ang tampo nang magpadala ng mensaheng masaya siya sa pagdadalantao ni Arlene.

Isang insidente. Sa bahay ni *Boss*.

Dumating ang ambulansiya ilang minuto pagkatapos tawagan ni Arlene. Umakyat sa kaniya si Herr Maier, naninikip ang dibdib. Nakahawak ang kamay nito sa kaliwang bahagi ng kaniyang dibdib. Matagal na pala itong may iniindang sakit. Pagkatapos ng nangyari ay hindi na nakabalik si Herr Maier sa kaniyang tahanan. Sa *Altenheim* na siya dinala pagkatapos. Sabi ng iba, hindi raw natutulog ang matanda, kung matulog man ay saglit lang. Paliwanag ni Arlene na kapag matanda ka na kasi at may sakit, wala ka nang palagay kung ano ang umaga, araw at gabi. Gaya ng isang sanggol na hindi sanay sa oras ng kaniyang kalibutan. At sa katandaan, ang hindi kasanayan ay maaring ituring na paglimot din. Kagaya ng kay Herr Maier na limot na ang oras ng panahon. Makikita mo siyang nakaupo sa may *sofa*. Palaging tanong, *"Hast du Barbara gesehen?"* Nakita ko raw ba si Barbara, anak niya.

Ang natutunan ko sa pag-agnas ng pumapalyang konsepto ng oras ng tumatandang tao na ang mga mahal nila sa buhay ay hindi nila madaling kalimutan kahit ang una ay natutunan na silang bitawan.

Masama rin sa pakiramdam na tuwing may mga araw na gusto kong matapos ang trabaho at makapagpahinga nang maaga ay nawawala sa isip ko na pag-aalaga ang aking trabaho. Sa mga okasyon na sama-sama ang mga

Pinoy ay hindi maiwasan ang kuwentuhan tungkol sa mga gawa sa *Altenheim*. Isa sa mga pangyayari na paulit-ulit na napagkukuwentuhan ay ang tungkol kay Frau Hofmann.

Matagal bago ko nalaman na nakakatayo pala si Frau Hofmann. Palagi kasi itong nakaupo sa kaniyang *wheelchair* kaya laking gulat ko nang makita siyang nakakalakad. Sabi ko sa kaniya, *Walang'ya ka, nahirapan pa 'kong buhat-buhatin ka at magtulak ng wheelchair, eh, nakakalakad ka naman pala.*

Isa si Frau Hofmann sa mga pasyenteng mabagal kumain. At dahil dito ay nakagawa ako ng diskarte. Ang diskarte ay pagpatak ng alas-sais ay sisimulan ko na ang hapunan, sa dahilan na ang iba sa kanila ay mabagal kumain at ang iba naman ay dapat kong subuan. Pagkatapos ay isa-isang paiinumin ng gamot ang mga pasyente, ihahanda ang kanilang mga higaan at isa-isang aalalayang humiga sa kanilang mga kama. Sa unang linggo ko noong hindi ko pa gamay ang oras ay nawala sa isip kong ilagay si Frau Hofmann sa higaan. Nagulat na lang ako na may pasyente pang nakaupo sa harap ng hapagkainan. Akala ko pa nga'y multo. Ang gago lang din ng kusinera at iniwanan ang matanda sa harap ng lamesa at hindi man lang ipinaalam sa 'kin. Nakatitig sa akin si Frau Hoffman nang lapitan ko at dahil hirap magsalita ay malamang sa isip ako nito minumura. Agad ko naman siyang dinala sa kaniyang kuwarto. Pagkahiga ay umalingasaw ang tae sa kaniyang *diaper*. Sinilip ko ang orasan. Napabuntonghininga. Imbes pauwi na, eh, maglilinis pa 'ko ng tae.

Kanina ay tumawag ang anak ni Frau Hofmann. Pinasasabi na darating siya ngayon. Sabi ni Tosca, kasama kong *nurse*, "Aljo, mag-ingat ka sa anak nun."

Maarte raw ito at ayaw na ayaw na inihihiga nang maaga si Frau Hoffman. Bilin sa akin ni Tosca, "Ihuli mo nang gawin si Frau Hoffman pagkauwi ng anak niya." Malas lang namin dahil mukhang balak magtagal ng anak ni Frau Hoffman. Sabi ko kay Tosca, "Pauwi na 'ko, hindi pa ba natin ihihiga si Frau Hoffman?" Kausapin niya raw ang

anak. Maiintindihan naman nito dahil oras naman na talaga para magpahinga. Pumayag naman.

Dinala namin si Frau Hoffman sa kaniyang kuwarto. Akala namin aalis na ang anak, hindi pa pala. At dahil nasa harapan namin ang anak ay dahan-dahan naming binihisan si Frau Hoffman. Alagang-alaga kahit sa totoo ay natatawa kami sa kaplastikan naming dalawa ni Tosca. Sabi ko pa sa anak niya, *". . . dieses oder dieses?"* habang hawak ko ang dalawang damit na pantulog, pinapipili kung ano ang gusto niyang ipasuot kay Frau Hofmann. Hinayaan ko rin siyang mamili ng pantalon na ipasusuot niya. Alam mo, sa normal na araw ay mabilis lang namin ito ginagawa. Kaya siguro nakangiti sa amin ang anak ni Frau Hoffman, masayang-masaya sa pag-aalaga namin sa kaniyang ina. Ilang saglit pa ay lumabas ito ng kuwarto. Nagkatinginan kami ni Tosca. Bulong sa 'kin, "Aljo, bilisan mo na." Mabilis kong binihisan ang matanda at inihiga sa kaniyang kama. Parang bagay ko lang na initsa ang matanda. Nagpipigil ng tawa si Tosca. Wala pang isang minuto ay tapos na ang trabaho. Pagbalik ng anak ni Frau Hoffman ng kuwarto ay sabay kaming bumati ni Tosca.

"Gute Nacht, Frau Hoffman!"

Nagulat ako na sumagot pabalik ang matanda, *"Gute Nacht!"*

Nagpasalamat naman agad ang anak ni Frau Hofmann.

Mabilis kaming lumabas ng kuwarto ni Tosca. Pagkalayo ay saka kami nagtawanan dalawa. Napagkukuwentuhan naming dalawa ang mga 'to tuwing nagsasama-sama.

Biro ko nga sa kaniya, "Akala ko bukas na tayo matatapos." Tawa lang si Tosca. Tuwing naiisip ko nga, kahit natatawa ay nakalulungkot din.

Kung minsan, kapag nararamdaman mo na ang pagod ay gusto mo na lang din matapos kaagad.

Nang inabutan ko si Arlene ng *20 euros* ay nagulat siya.

"*Babe*, mag-ingat ka sa pagtanggap ng pera, bawal 'yan."

Ang depensa ko ay hindi naman ako nanghihingi, kusa akong binibigyan. Kung bibigyan ako, bakit hindi ko kukunin? Mapagbigay sa 'kin si Herr Vonderach. Siguro dahil masipag akong alagaan siya kaya palagi niya akong inaabutan. Kung hindi pera ay pagkain. Minsan na kasi niyang nakita si Isla. Natuwa siya. Mahilig kasi sa bata si Herr Vonderach na kahit pumapalya na ang alaala ay hindi niya nalilimutan si Isla. Tatawagin niya ako bago ako umalis para abutan ng tsokolate. Magaan ang loob niya sa mga Pilipino. Mahaba kasi ang pisi natin sa mga kagaya ni Herr Vonderach na makulit at maraming hinihingi. Bukod kasi sa *urine catheter* na nakabit sa kaniya ay hirap na rin siyang tumayo at maglakad. Dagdag pa ang kaniyang katabaan.

Ang kabigatan niya ang dahilan kaya siya naka-*wheelchair*. Ang palaging pagsubok ay tuwing siya ay paliliguan, lilinisan at papalitan ng kasuotan. Kaya ang ilan ay naiintindihan ko na sa tuwing inaasikaso siya ay bara-bara. Ang ilan naman ay iniiwasan siyang alagaan. Ang sabi niya sa akin pagkatapos ko siyang suklayan, Josef daw ang itawag ko sa kaniya. Nagulat naman siya nang malamang Joseph din ang pangalan ko. Itinuro ko siya, "Josef," itinuro ko naman ang sarili, "Joseph." Hindi ko alam kung ano sa salitang Deutsch ng tokayo, mukhang wala itong katumbas.

Sa umaga, palaging gising na naghihintay sa 'kin si Tokayo. Nakangiti. Nangangamusta. Kumusta raw ako, si Arlene, at si Isla. Pagkatapos ng kumustahan ay bubuksan ko ang bintana upang magbago ang amoy ng buong kuwarto. Na kahit sanay na sa lansa ay naaamoy ko pa rin ito. Pagkatapos, ihahanda ko naman ang kaniyang damit pang-itaas at pambaba. Ihahanda ko rin ang kaniyang *brief* at *diaper*. Madali lang naman ang trabaho kung hindi araw ng kaniyang pagligo.

Sa Miyerkules ang sa kaniya, isang beses sa isang linggo. At ganito ko siya dinadala sa banyo. Una, dahil depindot naman ang kama ay madali ko 'tong i-*adjust* sa taas na gusto ko. Taas kung saan madali siyang makauupo. Kailangan ay abot ng kaniyang mga paa ang sahig. Bibilang ako ng tatlo at susubukan naming umupo.

Ang gagawin ko ay ilalapit ko ang katawan ko sa katawan niya. Ang kanang kamay niya ay ilalagay ko sa aking kaliwang braso. Nakaalalay naman ako sa kanang binti niya.

"Eins . . . zwei . . . drei!"

Mabilis kong itutulak papasok patungo sa aking puwesto ang kaniyang mga binti, hanggang tagumpay na makaupo siya sa gilid ng kama. Kung nasaan kasi ang binti ay dun nakasunod ang katawan. Aabante siya nang kaonti hanggang matapakan at maabot niya ang sahig. Sunod ay ilalapit ko sa harapan niya ang *toilet wheelchair*. Hahawakan niya ang kanang kamay ng upuan. Dito niya kukunin ang kaniyang puwersa para alalayan ang sarili na makatayo. Sa pagkakataong ito, bibilang uli kami ng tatlo. Aalalayan ko siyang makatayo palipat ng upuan.

Kailangan mabilis dahil kung mabagal ay maaari siyang matumba. Sanayan lang din kaya ko 'to nagagawa. At sa oras na siya'y makaupo ay diretso kaming tutungo sa banyo. Doon, huhubaran ko siya. Huhubarin ko ang kaniyang mga damit. Bubuksan ang *shower*. Pakikiramdaman ang tubig. Dapat hindi masyadong mainit at hindi rin masyadong malamig. Katamtaman lang. Kapag tama na ang tubig ay sisimulan ko na siyang paliguan. Ramdam ko kay Tokayo ang kaginhawaan sa tuwing pinaliliguan. Sinisigurado ko rin na ang bawat kasuluk-sulukan ng kaniyang katawan ay nalilinisan. Mula sa kaniyang batok, ilalim ng tiyan, pusod, kilikili, likuran, pati na rin ang puwitan.

Kung minsan, pagkatapos maligo ay pakikiusapan niya ako. Pansin niyang makapal na ang kaniyang bigote't balbas. Kunin ko raw ang kaniyang pinakamamahal na *razor*. Importante sa kaniya ang *razor* dahil bili ito ng

kaniyang anak na lalaki. Nakatago ang *razor* sa loob ng kaniyang kabinet katabi ng kaniyang kama. Lalagyan ko ng *cream* ang kaniyang mukha bago ko siya ahitan.

Sa katapusan, pagkatapos ko siyang paliguan at ahitan, alam ko na ang sunod na mangyayari. Uutusan niya akong isara ang pinto, lalapit siya sa *drawer*, at kukuhanin ang kaniyang itim na *wallet*. Iaabot sa akin ang pera. Yayakap ako sa kaniya at magpapasalamat pagkatapos.

Ang balita sa akin pagkatapos naming lisanin ang Klettgau ay isinugod sa ospital si Herr Vonderach at pinayuhang magbawas ng timbang. Hindi na rin ito makapagsalita dahil sa tubo sa kaniyang lalamunan. Kung dati ay nagagalit pa ito tuwing hindi nasusunod ang gusto, ngayon ay hindi na niya 'to magawa. Nakahiga na lang palagi sa kaniyang kama.

Palakuwento rin si Tokayo kahit madalas hindi kami nagkakaintindihan dahil sa punto niyang *Österreich*. Palagi niyang bida sa 'kin ang kaniyang mga sasakyan. Astig daw ang mga sasakyan niya. Ipinakita niya pa sa 'kin ang isang lumang litrato.

Katabi ng isang magarang sasakyan ay isang matipunong lalaki.

Kung minsan, naiisip ko na ang kalakasan ng tao ay pumupusyaw.

Dalawang babaeng magkatabi sa kama ang palagi kong inaakay patungong *sofa* sa harap ng *TV*. Sabi nila, bulag na raw ang dalawang babae ngunit madalas tuwing ihihiga ko sila sa kama para matulog ay hinahawakan nila ang aking pisngi at hinahalikan. Ewan ko kung naaalala nila ang kanilang mga asawa o natutuwa lang sila sa akin. Sabi ni Arlene, nakakakita pa ang dalawa. Kumbaga, nakakaaninag pa.

Noong una, naiilang ako na hinahalikan nila ako sa pisngi pero sa katagalan ay nakasanayan ko na rin. Ang

tawag nga sa akin ng dalawa ay *Guter Mann*. Mabait na lalaki. Wala naman akong ginawa kundi alagaan sila. Sundin ang mga gusto nila. Kung gusto nilang umihi o tumae, tatawagin nila ako at aalalayan sila patungong *CR*. Kung gusto nila ng tubig o iupo sila sa lamesa para kumain ay nandoon ako para tulungan sila. Ginagawa ko ang aking responsibilidad bilang *caregiver*. Kung may nararamdaman sila o nakikitang lagpas sa 'king trabaho gaya ng kalinga ng isang anak o pamilya, masaya ako roon.

Sina Frau Schröder at Frau Schäfer. Si Frau Schröder, mataba kaysa kay Frau Schäfer. Mas malambing si Frau Schäfer kaysa kay Frau Schröder. Tuwing Linggo ay maaga silang gumigising para magmisa sa harap ng *TV*. Inuuna kong ilabas si Frau Schäfer sunod si Frau Schröder. Magkatabi silang dalawa sa sofa. Kukunin ko ang *remote control*, lalakasan ang *volume* ng *TV* para madinig ang sermon ng pari. Hindi lang kasi mata ang mahina sa kanila kundi pati na rin ang kanilang mga tainga.

May ilang beses, nang italaga ako sa ibang mga matatanda ay tinawag ako ng isang kusinera. Sira daw ang *remote control* at kanina pa tinatawag ng dalawa ang aking pangalan. Nasaaan na raw si Josef, bakit hindi pa bukas ang *TV*? Mabilis akong tumungo kung nasaan sila. Pinindot ang *power button* ng *remote*. Hindi bumukas ang *TV*. Pinindot ko ulit at pinukpok. Wala pa rin. Sabi ni Frau Schröder, *"Josef, bist du da?"* Sumagot akong nandito ako. Sabi naman ni Frau Schäfer sa inis nitong tono, *"Wo bist du gewesen?"* Saan daw ba ako galing. Lumapit ako sa kaniya at hinawakan ang kaniyang kamay, *"Meine Arbeit ist heute nicht hier."*

Naintindihan naman ng matanda na ngayong araw ay hindi sa kanila ang trabaho ko. Kinuha ko ang bagong *battery* sa loob ng kabinet at ikinabit sa *remote control*. Sinubukan ko ulit pindutin ang *power button* ng *remote*. Napahampas sa hita si Frau Schäfer nang marinig ang pamilyar na boses ng pari.

Sabay nagsalita ang dalawa, *"Dankeschön, Josef!"*

Mga ilang araw ay lumalala ang ubo ni Frau Schröder. Napagdesisyunan na paghiwalayin ang dalawa. Natatakot silang baka may *COVID-19* si Frau Schröder at mahawa si Frau Schäfer. Kaya pinaghiwalay sila ng kuwarto. Malungkot ang dalawa, marahil ay hinahanap ng isa't isa ang kanilang mga presensiya.

May mga umaga, tuwing nililinisan ang isa ay hindi maiwasang magtanong kung nasaan ang isa. Sinasabi ko na lang na hindi sila puwedeng magsamang dalawa sa isang kuwarto dahil sa *virus*. Kahit nakailang paliwanag na ay hindi pa rin nila ito maintindihan. Siguro para sa kanila, walang nangyayaring pandemya. Naiintindihan ko naman. Simula nang pumasok sila sa *Altenheim* ay hindi na nila muling nakita o naranasan ang buhay sa labas. Mahirap ipaliwanag ang nangyayari kung hindi 'to nasasaksihan mismo ng kanilang mga mata.

Dumaan ang mga araw at lalong lumala ang lagay ni Frau Schröder. Mabagal at malalim na ang kaniyang paghinga. Kahit may *oxygen* na tumutulong sa kaniya ay hirap pa rin siya.

Dinala na siya sa ospital para doon tingnan. Simula noon, hindi ko na siya muling nasilayan. Nabalitaan ko na lang, isa si Frau Schröder sa mga bilang ng mga biktima ng dumaragdag na kaso ng *COVID-19*. Hindi namin ito sinabi kay Frau Schäfer.

Tuwing Linggo, inililipat ko si Frau Schäfer sa *sofa* sa harap ng *TV*. Bubuksan ko ang *TV* at ilalapit ang *channel* sa misang pang-Katoliko.

Simula nang dalhin si Frau Schröder sa hospital, hindi ko na muling narinig magtanong uli si Frau Schäfer kung kumusta na ang isa.

Sa huling araw namin ni Arlene sa *Altenheim* ay isa-isa kaming nagpaalam sa mga matatanda. May lungkot sa kanilang mga mukha. Matagal at mahigpit ang yakap ng pagpapaalam. Sabi sa amin ng isang matanda ay bumalik kami sa Klettgau kung hindi namin magustuhan

ang Düsseldorf. Ganito rin ang sabi ni Frau Maier na kung sakaling bumalik kami ay maligaya nila kaming tatanggapin.

Nagpaalam din kami sa mga kasamang Pilipino at ibang mga katrabaho. Palagi raw kaming mag-iingat kung saanman kami mapadpad.

“Alam mo, maganda naman dito sa Klettgau kung magretiro na tayo. Tahimik, malayo sa ingay. Masarap magpahinga. Kaso bata pa tayo. Gusto natin makita ang mundo. Kaya nga ako umalis ng bansa para makita ang mundo.”

Sagot ko kay Arlene, “Alam ko . . .”

Sakay ng mabilis na tren ay tahimik naming pinagmamasdan ang tanawin sa bintana ng aming kinauupuan.

“Ngayong alam mo na ang halaga ng kalayaan ay huwag na huwag mo na ’tong ipagpapalit kailanman”

Isa sa mga likhang sining na makikita sa naiwang pader ng Berlin Wall.

Kuha noong nagtungo ako sa Berlin, 18 March 2021.

Ang ilang bahagi sa librong ito ay unang nailathala sa mga sumusunod:

"Wika Ang Humuhuning Ibon" at *"Pagmamapa Sa Malayong Lakbayin"* Ani 41: Lakbay, Cultural Center of the Philippines (2019-2020)

"Sa Kalusugan ang Kaangasan", *"May Nalisan*" at *"Lakbay ng Dila"* Squeeze.ph (2020-2021), Wilmor Pacay III, Punong Patnugot.

"Maikling Tala ng Isang Caregiver sa Germany" KwentongCovid/KwentongTrabaho ng Institute for Occupational Health and Safety Development (IOHSAD), May 31, 2021, Teo S. Marasigan, Patnugot.

"Sa Panahon ng Corona" Koleksyon ng mga FB Posts" online zine, 2020.

SIPI SA IBA PANG LIBRO NI ALJO



CG

Ako at ang Panahon ATBPng Hindi Ma-chika sa Personal

Hindi ko kakayanin maging caregiver sa Pilipinas, sabi ko kay Carlo na kasama kong nag-aaral ng caregiving. Ang lungkot-lungkot kasi. Nasa loob ka ng homecare o sa bahay ng pasyente. Doon matutulog, isang araw lang ang pahinga, parang kakainin ang kaluluwa ko ng kalungkutan. Mas makakaya ko pa sa ibang bansa dahil kahit papa'no malaki ang suweldo. Dito sa 'tin, 'di ko alam pa'no nakatitiis ang iba. Baka kumukuha ng experience? Sabi ni Sir John (guro namin sa caregiving), may malaki naman magsuweldo. 'Yung isang estudyante niya, umaabot ng 35K isang buwan, hindi pa alagain ang pasyente kasi bedridden (nakahiga lang sa kama ang pasyente). Ayoko sanang magyabang, kaya ko rin suwelduhin 'yan sa pagiging call center agent—walong oras ang trabaho, dalawang araw ang pahinga at siyam na oras ka lang sa opisina. Pero ayoko naman maging call center agent habang-buhay.

Nang umalis si Arlene papuntang Germany, pinag-aral niya 'ko ng caregiving. Kailangan na kailangan kasi ng caregiver sa ospital na pinagtatrabahuhan niya. Ano naman kasing magiging trabaho ko 'pag punta ko do'n? Pinapili niya ko, sabi niya, basurero ka rito o caregiver? Writer talaga ako, eh. Hindi rin naman niya ako siniseryoso kahit sabihin kong writer ako. Hindi naman kasi kami pinakain ng mga libro ko.

Halos dalawang oras akong late sa unang araw ko sa OJT. Alas kuwatro ng madaling araw na kasi ako nakauwi galing sa isang guesting sa isang radio show. Panay tunog ng cellphone ko, Facebook message galing kay Keke: *Al, sa'n ka na? Ako lang mag-isa rito.*

Pagdating ko, naka-*school uniform* pa siya. *Bakit 'di ka pa nagpapalit ng scrub suit?* Ayaw pa niyang magpalit dahil hinihintay niya 'ko. Natatakot atang kumilos dahil walang kasama. Wala pa rin si Carlo. Akala ko ako lang ang late, pucha, baka nag-back out, nagbago ang isip.

Habang nagsusuot ako ng scrub suit, nagkuwento siya. Grabe raw kanina, gusto na niyang masuka. Ang laki raw ng sugat ng isang pasyenteng matanda. Kita raw ang buto, lawlaw ang balat at iba na ang amoy. Pinapasok ako sa kuwarto. Ipinakilala sa 'kin ang dalawang matandang bedridden, kritikal ang kondisyon. Mahigpit silang binabantayan, bawal iwanan. May mga sugat ang kanilang likod dahil sa matagal na pagkakahiga. Sila sina Lolo Mike at Lolo David. Si Lolo Mike ang tinutukoy ni Keke. 'Yun daw ang pinakagrabeng pasyente. Gulay, hindi na kayang gumalaw. Si Lolo David naman kahit papa'no naigagalaw pa ang mga kamay.

Unang task ko, magpakain. Ako ang magpapakain kay Lolo David. Pinapadaan sa tube ang lahat ng pagkain—gatas, tubig, gamot. Ito na lang ang nagpapalakas sa kaniya. Dahan-dahan kong ibinubuhos ang gatas na may halong gamot sa tubo ni Lolo David, hindi ko maiwasang maawa. Pakiramdam ko naghihintay na lang siyang malagutan ng hininga. Lalo na si Lolo Mike na hugis bungo na ang mukha, may namumuong luha sa mga mata,

malalim ang paghinga. Mapapaisip ka. Kung ang tao ay may karapatang mabuhay, maaari rin kayang magkaroon ng karapatang mamatay?

Sa pangalawang araw ko, maaga akong pumasok. Nakita ko si Carlo sa labas ng *gate*. *Ba't 'di ka pa pumapasok?* Wala pa raw si Keke at hinihintay niya 'ko. Langya, hintayan palagi? Tinawag kami ng babaeng matangkad. Kami raw ang magpaligo. Natoka sa 'kin si Lolo David, kay Carlo naman si Lolo Mike.

Iba ang amoy pagpasok namin sa kuwarto, hindi ko 'to naamoy nung una. Hindi ko maipaliwanag, parang mapanghi na masangsang na malansa. *Sige na, shampoohan mo na,* utos sa 'kin. Shinampuhan ko ang ulo ng matanda, umaaray. Sabi ni Ate Tangkad, nasasaktan sa sugat niya sa likod tuwing nakilos. Tuloy ko lang daw. Sabi ko kay Lolo David, *Tiis lang, Tay, para matapos tayo agad.*

Sinipilyuhan ko kahit bungal, pinunasan ang mukha pati na rin ang katawan. Pinulbuhan para mawala ang amoy na parang 'di natalab. Ramdam ko ang buto habang hinahaplos-haplos ang katawan. *Oh, tanggalin mo na 'yung diaper.* Tinanggal ko, *wuuusssshhhh . . .* parang humangin, sinampal ako ng amoy. Malakas. Muntik na 'kong maduwal. Ayaw kong ipahalata, baka sabihin ang arte ko kalalaki kong tao.

Habang pinupunasan, *Ano kaya pa?* Hindi ako sumagot.

Sa isip ko, *fuck tang'na fuck talaga!* Hindi na 'ko kakain ng ice cream, hindi na 'ko kakain ng chicken curry, hindi na 'ko kakain ng avocado na may gatas. Kahit naka-gloves, pakiramdam ko tumatagos ang likido sa 'king balat. Tuloy lang ako sa pagpunas ng ebak hanggang sa butas ng puwit. Nang matapos, tinanggal namin ang benda sa likuran. Napapikit ako. Hindi ako huminga. Ang laki ng sugat ni Lolo David malapit sa kaniyang puwitan. May kung anong kumakain sa kaniyang laman. May malalim na butas na ayaw kong titigan nang matagal. Binuhusan ng Agua

Oxigenada, bumula, napakislot ang matanda. Inabot sa ’kin ni Ate Tangkad ang gamot, ipahid ko raw. *Sa gilid lang po ba?* Inis akong sinagot, *Sa sugat mismo, sa gitna, pati sa may butas.* Napatingin ako kay Carlo, gusto ko nang umayaw. Pero hindi, kaya ko ’to . . . kaya ko ’to! Kahit gano’n, pasalamat na rin ako, dahil mas malala pala ang sugat sa likod ni Lolo Mike. Kita ang buto. Napaurong ako. Sabi ni Ate Tangkad, *Mahirap mag-caregiver, no?* Hindi pa ’yan ang malala, mamaya may surprise. Tinanggal niya ang benda sa paa ni Lolo Mike. Tumagas ang dugo na hindi na nga kulay pula kundi itim. Umiiling-iling si Carlo, lumalayo. Pinalapit kami ni Ate Tangkad. Wala kong magawa, lumapit ako. Tangina! Agnas ang kanang paa ni tatay. Kita ang puti ng bukong-bukong. Laylay ang balat. At maitim na ang hinliliit na parang konting pagkakamali mo lang ay matatanggal. *Wala nang nararamdaman ’yan,* pasok ni ate. Manhid na ’yan.

Fil-am daw ’tong si Lolo Mike. Wala nang pamilya sa bansa. Kaya kung alagaan siya ni Ate Tangkad, parang sarili niyang lolo. Hino-holding hands, maya’t maya kinakausap kahit ’di nasagot, niyayakap, hinahaplos-haplos na parang bata ang ulo. Wala na kasing bumibisita. Nagpapadala na lang ng pera ang kamag-anak.

Nagmahal daw ’tong matanda. May nakilalang babae, ’di na bumalik sa Amerika. Nung nanghina, pinabayaan hanggang lumala nang lumala tapos dinala sa homecare.

Lumabas ako saglit ng kwarto. Hindi ko kinaya. Nakasalubong ko si Keke. *Nakita mo, Al?* Ngumiwi ako. Nung araw na ’yun, nawalan ako ng ganang kumain. Sabi pa sa akin ni Ate Tangkad, *Ikaw naman ang maglilinis sa kaniya bukas.* Napa-sign of the cross ako kahit matagal na ’kong Born Again.

Kinabukasan, wala sa kama si Lolo Mike. Si Lolo David ang nakahiga sa kama niya. Tinanong ko si Ate Tangkad, *Sa’n po si tatay?*

Sumenyas . . . Patay na.

Namatay si Lolo Mike pagkauwi na pagkauwi namin. Alam kong hindi na rin magtatagal ang matanda. Napag-usapan namin nina Keke at Carlo na ’di na aabot ang matanda sa sunod na linggo. Sa lalim ng hinga niya na parang oxygen na lang ang bumubuhay sa kaniya, hindi na talaga siya aabot.

Sabi ni Carlo, ayos na ’yun. Gusto ko ngang bulungan kahapon na magpahinga na, ’wag nang lumaban. Naaawa ako. Hindi naman naawa ’yung pamilya. Kung ako ang nasa sa kalagayan niya, ire-request ko na patayin na lang ako. Gano’n kalalim na sugat na halos buto na, pinahihirapan lang siya araw-araw, tama na ’yung bawian siya ng buhay. *Suwerte mo, nakaligtas ka, ikaw dapat maglilinis nun,* sabay turo sa ’kin ni Carlo.

Masamang sabihin pero natuwa talaga ako nang malaman kong patay na siya. Una, hindi ko na lilinisin ang mga sugat niya, baka maging bangungot ko pa. Pangalawa, makapagpapahinga na siya.

Siguro para kay Lolo Mike, sa panahong nakahiga siya sa kama, kamatayan ang pinakadakilang regalong ibinigay ng Diyos sa kaniya.



MAMI

Queue: 100 Dagling BPO

Naging hobby ko na yata ang tumambay sa pantry. Nanonood ng TV, nakiki-charge ng cellphone at sinisilip kung may masarap na pagkain. Marami rin akong nakikilala gaya ni Mami.

“Kain tayo . . .” paanyaya ng matandang babae habang nilalapag sa lamesa ang berdeng tupperware. Makapal ang suot niyang antipara at hindi maitatago ng kulay kalawang niyang buhok ang kaniyang uban.

“Sige lang po.” Ngumiti ako at tuloy sa pag-scroll up sa aking cellphone, binabasa ang ilang post sa Facebook.

“Bagong wave ka?” tanong ng babae.

“Opo,” sagot ko.

“Unang BPO mo?” tanong ulit niya.

“Opo, unang BPO ko.”

“Virgin ka pa, don’t worry, madali lang sa ’yo ang trabahong ’to dahil bata ka pa,” sambit niya habang

binubuksan ang berdeng tupperware na may lamang kanin at tatlong pirasong tocino.

Kinuwento ni Mami Tessy ang buhay niya bilang manager ng bangko at kung bakit siya napadpad sa BPO.

"'Yun nga, after 4 years pagkatapos kong magretiro ay na-diagnose ang asawa ko ng lung cancer at nabaon kami sa utang."

Bumalik siya sa pagtatrabaho at itong BPO nga ang tumanggap sa kaniya.

"Ito lang naman ang tumatanggap ng senior citizen," biro niya.

Ipinakita niya ang litrato ng kaniyang anak na babae sa kaniyang cellphone, "Ito ang anak ko, siguro matanda lang sa 'yo ng tatlong taon, call center din 'yan." Inilipat niya ang litrato at ipinakita ang kaniyang asawa, "Ito siya, 'yung love of my life ko. Medyo payat na siya rito pero dati heartthrob 'yan. Walang panama 'yung mga bagong artista ngayon."

"Sana po gumaling na 'yung asawa n'yo," sabi ko na may pag-aalala.

"Sana magdilang anghel ka, kaso dalawang taon na siyang wala. Well, ganyan talaga ang life parang trabaho natin, kahit mahirap kakayanin."

Tumayo siya mula sa pagkakaupo at nagpaalam. Kailangan na niyang bumalik at mag-log in. Tinapik niya ako sa balikat, "O siya, balik na ako, baka biruin mo pa akong walang forever."

Ngumiti ako at nagpasalamat.

DADI

Habang nasa MRT, nakatayo at naghihintay magkapuwesto ay naisipan kong magtanong kay Dadi kung ano ang dati niyang trabaho. “Titser,” sagot nito na halatang pagod na rin dahil sa ilang araw na queuing. Nagtanong muli ako kung bakit niya pinasok ang pagiging call center agent. Wala raw kasing choice, ito lang ang malaking magpasuweldo at maganda ang health benefits. Hindi naman niya talaga balak pumasok sa BPO, sumpa pa nga raw niya dati na hinding-hindi papasok dito kahit ano’ng mangyari. Nilunok niya lang din ang pride, nakita na lang niya ang sarili na sumasagot ng telepono. “Ang galing, ’no? Nag-masteral pa ako para sumagot sa mga concern kung paano mag-open ng brand new na cellphone,” biro niya habang pinupunasan ng panyo ang pawisan niyang mukha. “Grabe ang tren na ’to, sardinas na nga tayo, ang hina pa ng buga ng aircon,” pagpapatuloy niya.

Ngumisi ako, “Wala naman pong bago.”

“Ikaw?” tanong niya habang binubuksan ang butones ng kaniyang polo. “Seaman po, kaso . . . hindi nakapasa sa US Visa. Biyahe na ako ng Carribean kaso naunsyami dahil kulang sa experience, 1 year lang experience ko sa Jollibee tapos undergraduate pa. Tagapunas lang sa kusina ang inaplayan ko,” sagot ko.

Tumunog ang speaker at nagsalita ang isang lalaki. Kulob ang boses, malalim na tila galing impiyerno, “PAKIUSAP PO SA LAHAT NG PASAHERO, ANG LAHAT PO AY KAILANGANG BUMABA.”

Isang announcement. Aberya. Huminto ang tren sa pagitan ng Guadalupe at Boni. Bumaba kami ni Dadi at naglakad gaya ng ibang pasahero.

“Mukhang marami po tayong pagkukuwentuhan,” wika ko.

Queuing - tawag kapag sunod-sunod ang pasok ng call.
Parang si Curacha, walang pahinga.

Mami/Dadi - madalas itawag sa mga ahenteng oldies.

PASASALAMAT:

Arlene
Isla
Samantha
Makisig
Ricky C. Ornopia
Vincent Christopher Santiago
Lem Magaling
Wilfredo Pascual
Wilmor Pacay III
Allan Paul F. Catena
RB Abiva
Abigail Balan
Tosca Vicencio
Trisha Jam DC. Cedeño
Gerard Young/Anathema Corpus

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si **AL JOSEPH ACADEMIA LUMEN** ay awtor ng **“Queue: 100 Dagling BPO”** at **“Ako at ang Panahon ATBPng Hindi Ma-chika sa Personal.”** Naging mag-aaral siya ng Polytechnic University of the Philippines, Sta. Mesa, Manila (Sertipiko sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Filipino) noong 2018 at naging fellow ng *3rd Nueva Ecija Personal Essay Writing Workshop*. Kasalukuyan siyang nasa Germany bilang manggagawa kasama ang kaniyang asawa na si Arlene at dalawang chikiting na sina Isla at Makisig. Para sa pakikipag-ugnayan sa may-akda, maaaring mag-e-mail sa: aljosephlumen@gmail.com